Si Cesista, sa kabilang panig, isang batang abugado mula sa Cebu na piniling maglingkod sa masang magsasaka at sa kanilang rebolusyonaryong kilusan sa Bohol, ay pinadapa

ng mga sundalo sa lupa at pinagapang sa putikan bago siya tuluyang binaril at pinatay.

Ang sadyang pagpaslang kina Compoc, Casista, Historia, Omosura at Sancho matapos ang pagkakadakip sa kanila at pagpapailalim sa kustodiya ng militar at pulis ay napakalulubhang paglabag sa internasyunal na makataong batas. Ang 47th IB at ang pulis ng Bohol, ang pamunuan ng AFP at PNP, si Marcos mismo, ay may pananagutan sa mga krimen sa digmang ito at dapat isakdal at parusahan sa kanilang karumaldumal na gawain.

Kasalukuyan pang kinakalap ang dagdag na detalye kung paanong katulad na tinortyur at pinaslang ang iba pa nilang kasama. Tiyak na ang pagsasagawa ng isang post-mortem na awtopsiya sa lahat ng mga labi ng mga biktima ng masaker sa Bohol, ay makapagbibigay ng karagdagang detalye sa inisyal na nakalap na impormasyong isiniwalat ng komunidad at makatutulong sa pagbunyag ng buong nakapangingilabot na krimeng isinagawa ng militar at pulis.

Ang inisyal na mga detalyeng ibinigay ng mga saksi sa lokalidad ay tahasang kabaligtaran ng “nakalap na impormasyon” ng tinatawag na yunit ng “scene of the crime” ng Philippine National Police, na nakikipagsabwatan sa mga kriminal na pulis at militar para harap-harapang pagtakpan ang kanilang krimen.

Nananawagan ang Partido sa mamamayang Pilipino, mga asosasyong magsasaka, unyon ng mga manggagawa, grupo ng kabataan, mga

abugado, sa midya, taong-simbahan, kababaihan at iba pa na magkaisa at manindigan kasama ang mga pamilya, kaibigan at minamahal sa buhay ng mga biktima ng masaker sa Bohol sa kanilang panawagan para sa hustisya.

Ang masaker sa Bohol ay pinakahuli lamang sa sunud-sunod na pasistang krimeng pakana ng AFP at PNP sa desperadong kampanya nito na wakasan ang armadong paglaban ng mamamayang Pilipino. Ang 47th IB, sa partikular, ang responsable rin sa pagpaslang kina Manuel “Loloy” Tinio noong Abril 4, 2023 sa Ubay, Bohol, at Arthur Jasper Lucenario noong Mayo 14, 2023 sa San Miguel, Bohol.

Sa pagsasagawa ng pasistang mga krimeng ito, nagtatagumpay lamang ang rehimeng Mrcos at ang AFP na ibayong udyukin ang mamamayang Pilipino na mag-armas at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at isulong ang kanilang adhikain para sa hustisyang panlipunan. Sa pagkasangkapan sa terorismo ng estado, ipinakikita lamang ng rehimeng US-Marcis kung bakit makatarungan at kinakailangan ang rebolusyonaryong armadong paglaban ng bayan, at kung bakit ito ang natatanging landas para sa mamamayan, laluna, para sa masang magsasaka sa kanilang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa.

Ang mamamayan at mayorya ng masang magsasaka sa Bohol, sa partikular, ay walang ibang masulingan kundi ang sama-samang makibaka at lumaban nang sandatahan. Sa Bohol, ang lupa ay nananatiling nasa kamay ng iilang



panginoong maylupa, malalaking burgesyang kumprador at dayuhang malalaking korporasyon. Mayorya ng mga magsasaka ay mga kasamá (tenante) at inaapi sa napakatitinding porma ng pagsasamantala at dumaranas ng paghihirap at kagutuman. Inaagawan sila ng lupa ng malalaking plantasyong oil palm at mga proyektong ekoturismo.

Pinakamataas na parangal ang iniaalay ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng rebolusyonaryong kilusan kina Domingo Compoc, Hannah Cesista, Parlito Historia, Marlon Omosura at Alberto Sancho. Mga bayani sila ng sambayanang Pilipino na tumalikod sa lahat ng kaginhawaan para maglingkod sa masang naghihirap at api. Ang kanilang mga ambag sa adhikain ng mamamayang Pilipino ay hinding-hindi malilimutan.

Sa inspirasyon ng kabayanihan ni Francisco Dagohoy, na namuno sa paglaban ng Bohol sa loob ng higit walong dekada mula 1744 hanggang 1829 laban sa kolonyalistang pwersang Espanyol, ang masang magsasaka ng Bohol, kasama ang lahat ng api at pinagsasamantalang masa ng sambayanang Pilipino, sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ay determinadong magbangon at lumaban tangan ang armas, gaano man ito katagal, para isulong ang pakikibaka para sa pambansang demokrasya hanggang sa ganap na tagumpay.

## **Two minors and their father, taken by military in Bilar, Bohol**

Pebrero 25, 2024

## **Marco L. Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

We have received more information with regard the Bohol Massacre last February 23 perpetrated by the Armed Forces of the Philippines (AFP) and Philippine National Police (PNP).

We learned that on the morning of February 23, police officers raided the home of a certain “Berting” in Barangay Campagao, Bilar, Bohol. Witnesses saw Berting and his two minor children (one of whom is four years old) being manhandled (“pinagsasampal”) in an effort to make them reveal the location of Ka Silong (Domingo Compoc) and his companions.

Berting and his two minor children were later forced into a white van, which left moments later. That was the last that Berting and family were seen by their neighbors. Their location is yet unknown.

The abduction of Berting and his children are clear violations of international humanitarian law, which give primordial importance to the protection of civilians during armed conflicts.

We also learned today that the police officer who was killed in the supposed encounter between the New People’s Army (NPA) and the Philippine National Police (PNP) and Armed Forces of the Philippines (AFP) was, in fact, killed by military troops after a skirmish between the operating units of the PNP and AFP.

The PNP and AFP were racing against one another in trying to get to the location of the resting unit of the NPA. The PNP unit arrived first in the area and were able to catch Ka Silong and company unawares. Operating troops of the 47th IB arrived later, sparking a firefight between them and the police unit, leading to the death of one police officer. This is resulting in deep resentment among the police, as well as among relatives of the officer who was killed, who were told that he died fighting the NPA.

These information are being shared by local residents who cannot stomach the lies being propagated by the military and police to cover up their heinous crime in the torture and willful killing of Ka Silong and his companions Hannah Cesista, Parlito Historia, Marlon Omosura and Alberto Sancho.

We call on all democracy-loving Filipinos to help put the spotlight on the case of Berting and his children, and help amplify the demand for justice for the Bilar 5.

## **Digmang magsasaka laban sa mas brutal na gera kontra-magsasaka sa Masbate sa ilalim ng deklarasyong pagdurog sa NPA**

Pebrero 1, 2024

**Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Masbate**

Sa Masbate, pinatutunayan na ang deklarasyon ni Marcos Jr na pagdurog sa NPA bago matapos ang 2024 ay walang iba kundi pinatindi at mas brutal na gera kontra magsasaka. Pinangungunahan mismo ng gobernador na si Antonio T. Kho kasabwat ang militar ang brutal na kampanya ng pandarahas sa mga magsasaka upang lunurin sila sa takot at isuko ang kanilang lupa, kabuhayan at karapatan.

Dulot ng hindi na matiis na panggigipit sa kanila ng mga armadong tauhan ni Gov. Antonio T. Kho, isiniwalat ng ilang mga mamamayan sa Cataingan sa Pambansang Katipunan ng Magbubukid-Masbate ang pagpatay ng mga armadong tauhan ni Gov. Kho sa mag-amang magsasakang sina Sabino Lopez, 69 taong gulang at anak nitong si Jason Lopez sa Barangay San Rafael, bayan ng Cataingan noong 2019. Naikubli ang naturang pangyayari dahil sa takot ng komunidad na mabalingan ng naturang mga goons. Pinatay ang mag-ama matapos tumangging ibenta ang kanilang lupa sa gobernador.

Nakumpirma ring mga armadong tauhan din ni Gov. Kho ang pumatay sa may kapansanang si Ian Pahid sa Sityo Latong, Barangay Santa Teresita sa parehong bayan noong Agosto 2023. Pinatay si Ian matapos paghinalaang kasapi ng New People's Army.

Ngayon namang Enero 29, 2024, naghasik ng terorismo ang mga elemento ng CAFGU sa pangunguna ng militar na si Sgt. Ramos sa mga komunidad na sumasaklaw sa Hacienda Mortuegue sa bayan ng Pio V. Corpuz at

Esperanza. Sa Barangay Lubigan, bayan ng Pio V. Corpus, binugbog at ninakawan ng alagang manok si Johnny Compuesto. Sa Barangay Tubog sa parehong bayan, sinalakay din ang tahanan ni Ruel Menchavez. Sa Barangay Tawad, kapwa nakaranas ng pananakit sina Cadong Mendoza at Wilyn Menchavez habang ninakawan naman si Inday Canete at Ruben Menchavez.

Responsable sa pananalakay sa hasyenda ang mga elemento ng militar at CAFGU na nakabase sa Barangay Estampar na sina Jerome Bohol, Ondo Quilong-quilong at Boboy Armenion sa pangunguna ng isang Sgt. Ramos mula sa 2nd Infantry Battalion-Philippine Army.

Ang klaster ng bayang Cataingan, Pio V. Corpuz at Esperanza, ay kinatatangian ng malalawak na kapatagang pabor sa pagsasaka. Kabilang rito ang makasaysayang Hacienda Mortuegue na nabawi ng mga magsasaka mula sa asyendero. Lahat ng ito'y desperadong mapasakamay ni Gov. Antonio T. Kho para sa kanyang interes sa rantso at ekoturismo.

Sa kabilang distrito, naghasik din ng terorismo ang mga elemento ng 96th Infantry Battalion-Phil. Army sa Sityo Malapinggan hangganan ng Barangay San Jose, Uson at Barangay Sawmill, bayan ng Mobo noong Enero 30, 7:00 ng umaga. Walang habas na nagpapatok ang mga militar matapos mapangahas na magkopra sa mga kaniyugang inagaw ng militar. Malalawak na kaniyugan sa naturang mga barangay ang pinagbawalang ipakopra sa mga residente upang mga militar ang makinabang.

Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, lalong naging marahas at agresibo ang gera kontra magsasaka. Sa ilang taon pa lamang, daan-daang pamilya na ng magsasaka ang napalayas sa kanilang lupang binubungkal sa pamamagitan ni Gov. Kho. May bahid ng dugo ang libu-libong ektarya ng lupaing inagaw ng gobernador mula sa mga magsasaka. Marahas na kinakamkam ang lupa kahit nakapailalim pa sa Comprehensive Agrarian Reform Program, patunay kung gaano kahuwad ang reaksyunaryong programa sa lupa ng gubyerno.

Reyalidad ng bulok na lipunan ang palagiang pagharap ng uring magsasaka, na siyang bumubuhay sa lipunan, sa banta ng kamatayan mula sa gutom o bala. Ito ay dahil hindi titigil ang imperyalistang dayuhan kasabwat ang mga lokal na pwersang mapang-api at mapagsamantala na durugin ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka upang tuluyang kontrolin ang lupa at ubusin ang yamang likas ng bansa.

Nananawagan ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM)-Masbate sa mga magsasakang Masbatenyo na magiting na harapin ang teroristang gera ng rehimeng US-Marcos sa pamamagitan ng paglahok sa digmang bayan. Kailangan nilang danasin ang walang katulad na kalupitan at pagsasamantala upang mapanday ang makauring lakas bilang pangunahing pwera sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon.

Sabik kami sa aming Hukbo. Lalong kailangan ng mga magsasakang Masbatenyo ang kanilang

Hukbo sa harap ng lumalalang pang-aapi't pagsasamantalang kanilang dinaranas.

## **Dismayadong-dismayado ang mga tsuper sa e-jeep**

Pebrero 3, 2024

### **Cleo del Mundo, Spokesperson NPA-Quezon (Apolonio Mendoza Command)**

Balitang-balita kamakailan ang panununog ng apat na lalaking nakatakip ang mukha sa isang pampasaherong e-jeep (o minibus) noong Enero 31 ng gabi sa Dahican sa Catanauan. Hanggang ngayon ay hindi pa alam kung sino ang nasa likod ng naturang panunonog.

Bagaman wala pang pinanghahawakang ebidensya, nagpahayag ang mga nag-iimbestigang pulis na may kinalaman ang panununog sa “alitan” sa pagitan ng mga “iligal at ligal” na mga drayber at opereytor ng mga jeep. Ginagamit ito ngayon para gipitin ang mga drayber na tumututol sa jeepney phaseout.

Anupaman ang tunay na nasa likod ng panununog, itinatampok nito ang usapin ng jeepney phaseout at huwad na “modernisasyon” at ang malawakang pagkadismaya at pagtutol dito ng mga karaniwang drayber at opereytor ng jeep na mawawalan ng kabuhayan. Sa buong bansa, daan-daan libo ang nagpapahayag ng pagtutol sa ipinapatupad na diumanong modernisasyon ng sektor ng transportasyon dahil nagresulta na ito sa

maramihang pagkawala ng trabaho ng karaniwang tsuper at operator.

Sa lalawigan, batay sa inilalabas na tala sa mga balita, malaki na ang porsyento ng mga JODA o jeepney operators and drivers' association na nagpakonsolida ng kanilang prangkisa. Pero noong Disyembre, pagkatapos ng serye ng tigil-pasada at mga kilos-protesta, nalantad ang pamimilit at panlilinlang ng malalaking korporasyon sa transportasyon.

Kabilang dito ang Gumaca Transport Service Cooperative (GTSC) na napag-alamang tinutustusan ng pamilya ni Gov. Helen Tan.

Nalantad rin ang sabwatan ng mga kapitalista sa sektor ng transportasyon at LTFRB. Maraming drayber at operator sa Quezon ang nagsabing handa silang iatras ang kanilang pagpapakonsolida ng prangkisa.

Ang kakatwa ay ang pagmamaliit ng PNP-Quezon sa pagsasabing bunga ito ng simpleng alitan sa pagitan ng “grupo ng legal at ilegal na passenger vehicle drivers at operators.”

Nakaligtaan, o sadyang itinatago ni Colonel Ledon Monte, hepe ng PNP-Quezon, ang katotohanang hindi resolbado ang mamamayan lalo na ang tsuper at operator sa modernisasyon ng public utility vehicle. Katulad ng LTFRB, ang PNP ay ipinagkakait ang tunay na nilalaman at maaring maging epekto ng franchising guidelines at PUV modernization program sa kabuuan.



Sinusuportahan ng New People's Army ang masang drayber at opereytor sa kanilang paglaban sa jeepney phaseout at pagtatanggol sa kanilang mga karapatan at kabuhayan.

Laging bukas ang mga sonang gerilya ng New People's Army para sa mamamayang nagpasyang humanap ng ibang pamamaraan, katulad ng pag-aarmas para kamtin ang tunay na pagbabagong panglipunan.#

## **Negrosanons top victims of human rights violations**

Pebrero 3, 2024

### **Bayani Obrero, Spokesperson NDF-Negros Island**

The National Democratic Front (NDF)-Negros called on the Commission on Human Rights (CHR) in Negros Occidental and Negros Oriental to conduct more independent investigations in peasant communities and far-flung areas on the island where mainly farmers, farm workers and indigenous peoples are victims of human rights violations (HRVs) perpetrated by the Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) and their paramilitary forces, and the National Task Force (NTF)-Elcac.

“Negrosanons remain as top victims of HRVs as the island is a priority of state-sponsored violence,” NDF spokesperson Ka Bayani Obrero said.

According to Obrero, they have documented at least 345 cases of HRVs with more than 14,000 victims in 2023. “There are already 30 incidents of human rights abuses all over Negros involving over a thousand victims just this January 2024, increasing the US-Marcos II regime’s HRV toll to almost 600 cases with nearly 40,000 victims just on the island.”

Obrero listed the cases for January: extrajudicial killings-2 (four victims), frustrated killing-1 (one victim), illegal arrest-2 (three victims), physical assault-1 (two victims), indiscriminate firing of firearms-2 (90 victims), illegal search and seizure-1 (five victims), threat, harassment and intimidation-14 (582 victims); forcible evacuation and displacement-1 (50 victims), coercion-1 (50 victims), and encampment in populated areas-5 (400 victims).

“There are certainly undocumented cases, as well. What’s clear is the continually escalating and intensifying attacks by the AFP, PNP, and NTF-Elcac in the countryside and even in the cities,” he added.

Obrero also pointed out that the recent CHR complaint count is left wanting in grassroots data, especially that “the culture of impunity enveloping reactionary state troops has turned them rabid and on a rampage threatening, harassing, and silencing civilians in the countryside.”

“Additionally, the CHR should take supposed ‘encounters’ with a grain of salt, taking into account the military’s consistent history of faking

encounters to justify their crimes against hors de combat revolutionaries and peasants,” said Obrero.

The rebel spokesperson noted that there have been 39 fake encounters in Negros Island under the current US-Marcos regime wherein 23 occurred last 2023 and two this January 2024. The most recent victims were two farmers in La Castellana, Negros Occidental.

The NDF-Negros urged the CHR to dig deep into the data offered by the AFP, PNP and NTF-Elcac, and assist the exploited and oppressed in their struggle for justice.

## **Reject both Marcos and Duterte**

Pebrero 3, 2024

### **Bayani Obrero, Spokesperson NDF-Negros Island**

Barely two years later, the unholy alliance between tyrannical plunderer families of the Marcoses and Dutertes have shattered. Both sycophants to imperialism, their true colors as representatives of the ruling class are exposed as they feud over power to pursue their own selfish interests. If anything, their in-fighting is a testament of the necessity to topple the status quo and establish a genuine people’s democratic government.

The fake people’s initiative for charter change spearheaded by Marcos and Romualdez aims to solidify their control of the reactionary state,

while also depriving the Dutertes of an opportunity to seize the upcoming 2025 senatorial and 2028 presidential elections. As both cliques incessantly bicker against each other, genuine issues of the people are forsaken.

By now it is crystal clear to the exploited and oppressed Negrosanon masses that the same fascists who emboldened tyranny and violence on the island are still very much birds of the same feather. Both Marcos and Duterte are their class enemies. Neither is a lesser evil, especially after the neoliberal economic attacks and countless human rights violations that continue both in the cities and the countryside.

The turmoil between bureaucrat capitalists, however, are reflective of the rapidly disintegrating semi-colonial and semi-feudal system. The despair of both sides manifests their willingness to contribute further to the socioeconomic crisis and appease their also-bickering-masters at the brink of war, the US and China, at the expense of the Filipino people.

Now, more than ever, the broad toiling masses, led by the Communist Party of the Philippines embodying proletarian class leadership, are determined to follow and uphold the revolutionary class line—to isolate and destroy the worst of the enemy, represented by Marcos and Duterte. With this, NDF-Negros enjoins all patriotic and progressive sectors, organizations, and individuals, to rally efforts in building a broad alliance against imperialism, feudalism, and bureaucrat capitalism. It is high time that the

people of Negros Island, together with the entire Filipino people, muster courage to end the culture of impunity and terror and to advance the national democratic revolution, in pursuit of a just and lasting peace.

## **4PH nga programa, indi magasabat sa matuod nga problema sang mga Himamaylanon**

Pebrero 4, 2024

### **Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon Command)**

Indi magahatag sang benepisyu sa mga Himamaylanon ang plano nga proyekto nga pabalay sang Department of Human Settlement and Urban Development (DHSUD) idalom sang Pambansang Pabahay Para sa Pilipino Housing (4PH) ni Marcos Jr sa Himamaylan City, Negros Occidental.

Sa sini nga programa, plano nga magtukod sang 3,000 ka yunit sang balay kag may badyet nga P5.5 bilyon. Indi magnubo sa P1.8 milyon ang galastohon sa kada building.

Isa ini ka proyekto nga tuman ka mahal kag klaro nga puno sang korapsyon. Segurado man nga mabudlayan ukon indi ini masarangan sang pumuluyo nga magplano sa pagkuha sang yunit sang balay.

Ngaa makasiling kita nga ini nga programa sang pabalay indi magahatag sang benipisyo sa mayorya nga Himamaylanon?

Bangud ang nagapanguna nga palangabuhian sang mayorya sang pumuluyo sang Himamaylan City ang nahigot sa monocrop nga industriya sang kalamay kag halos bilog pumuluyo ang ara nagaobra sa kampo kag kon indi man, nagapangabuhi sang ila tagasa ka magagmay nga uma. Ang iban man sini ang ara sa pagpanagat kag remedyo heneral nga palangabuhian.

Layo kag indi gid ini magasabat sa ila madugay na nga demanda sang matuod nga reporma sang duta, dugang nga sweldo kag benipisyo sang mga mamumugon sa kampo, pagpataas sang presyo sang ila mga produkto kag suporta para sa sustainable nga pagpanguma kag iban pa nga bulig sa ila atrasado nga pagpanguma kag palangabuhian.

Sa baylo, mas balantayan ang proyekto nga pabalay bangud sa ginakondisyon ukon ginahanda sini ang pumuluyo sa posible nga malaparan nga demolisyon kag pagtabog sang pumuluyo sa ila palangabuhian para sa interes sang mga dumuluong kapitalista kag mga kahimbon sini nga mga dalagku nga agalon mayduta. Ilabi na nga nagahana ang implementasyon sang mga programa sang reaksyonaryong gobyerno nga kontra-pumuluyo kaangay sang eko-turismo, pagmina, reclamation project kag pagtukod sang pantalan sa mga kabaybayonan ilabi na sakop sang Himamaylan City partikular sa Barangay Aguisan nga magadislokar sa pila ka libo ka

pumuluyo. Indi gid malayo sa posibilidad nga kasugpon sini nga pabalay ang pagpasalhin ukon pag-relocate sang mga biktima sang dislokasyon kaangay sa natabo sa iban pa nga mga lugar.

Mas dapat tum-ukan sang reaksyonaryo nga gobyerno ang pagsabat sa mga demanda sang pumuluyo kon gusto ini nga magbulig kag mapamaayo ang kahimtangan sang pumuluyo partikular sa sahing anakbalhas nga mangunguma kag mamumugon.

Dapat mangin mabinantayon ang pumuluyo kag mas pabakuron ang ila paghiliusa batok sa mga matiplangon nga programa sang gobyerno nga magaguba sa ila palangabuhian kag makadugang sa paglala sa ila kaimolon.

## **Panlolokong Chacha, Tutulan at Labanan!**

Pebrero 4, 2024

### **Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka)**

Talamak ang panlolokong ginagawa ng rehimeng US-Marcos para iusad ang Charter Change na pinakapapabor sa kanila. Iniyabang pa ni Joey Salceda na sapat na umano ng nakamit na bilang ng pirma sa “People’s initiative/PI”. Nalantad din na pakana ni Romualdez at Marcos Jr ang PI sa kabila ng kanilang pagtangga na sila ang nasa likod nito. Ang pekeng PI ay nakakuha ng pirma mula sa mga komunidad gamit ang iba-ibang paraan ng panloloko-pirma kapalit ng ayuda,

medical assistance, TUPAD atbp. Mabilis na kumilos ang mga kasabwat at tauhan ng rehimen at mga kongresista, kapalit ng milyun-milyong pondo sa badyet na mapupunta sa mga proyekto at ibubulsa ng mga gahaman.

Ipinangangalandakan nila ang pagbabago sa mga pang-ekonomiyang probisyon sa konstitusyon sa gitna ng napakaraming usapin ng masa na hirap na hirap na makaraos sa araw-araw. Upang lokohin pa ang taumbayan, ipinapakete ang 1987 na konstitusyon bilang ugat ng lahat ng kahirapan sa bansa. Subalit batid ng taumbayan na hindi ito ang dahilan at sa halip ay nakapanguna ang pagnanais nila sa term extension at pagpapahina sa batas para sa proteksyon ng karapatang pantao at panunumbalik ng batas militar.

Ang pagbabago sa konstitusyon ay matagal na ding itinutulak ng gubyerno ng US at mga imperyalistang institusyong pampinansya para patatagin pa ang mga polisiyang neoliberal na nagsasapribado ng mga serbisyo publiko, nagbubukas sa pagpasok ng mas maraming dayuhang produkto na maliit ang taripang sinisingil, nagpapaubaya sa mga pribadong negosyo na magtakda ng presyuhan at walang kontrol ang estado at ang pagbibigay ng pag-aaring 100% ng mga negoyo, lupain at iba pang pag-aari at negosyo. Ang mga polisiyang ito sa ekonomiya ang mas lalong maglulubog sa kahirapan sa masa. Ginagawa ito para lubusin ang natitira pang mga restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari sa bansa, lalo pang makapandambong sa ating kalikasan, matiyak ang kanilang mga base militar, pagpapasok/imbak ng



mga armas nukleyar at makapagpatupad ng mga patakarang pabor sa gera ng US.

Nagkukumahog ang mga politiko at mga nasa gobyerno para tiyakin ang kanilang pakinabang sa Chacha. Animo'y magkaiba ang pusisyon ng Senado at Mababang Kapulungan, samantalang ang usapin lang naman ay ang pagliit ng kapangyarihan ng Senado sa pagbabago ng konstitusyon at ang pamamayani ng Mababang Kapulungan. Sa esensya, parehong pabor sa Chacha para sa kanilang pansariling inters, subalit nag-aagawan ng mga kickback na makukuha mula sa mga lokal at dayuhang negosyante at pabor ng imperyalismong US para sa kani-kaniyang magiging papel sa pagbabago ng konstitusyon.

Pumupostura naman ang paksyon ng Duterte bilang anti-chacha dahil batid na dehado sila sa pakinabang dito sa ilalim ng kasalukuyang rehimen. Ginagamit ng paksyong Duterte ang pagkukunwang sinsero nitong posisyon laban sa Chacha upang umani ng sentimyento at gawing kapital sa pagsusulong ng destabilisasyon laban sa naghaharing rehimen. Ang showdown ng malalaking rally na ginanap ng magkabilang kampo ay parehong panlilinlang sa taumbayan. Ang rally ng kampong Duterte sa Davao ay kinakitaan ng mga personalidad na nawala sa pabor ng naghaharing paksyon, na kasama ang mga Duterte na gigil na gigil na makapwestong muli sa kapangyarihan. Naglabas sila ng maliit na bahagi ng kanilang dinambong upang hakutin ang mga masa sa kanilang pagtitipon at patuloy na

paghahanda sa kudeta laban kay Marcos Jr, upang makabalik sa kapangyarihan.

Samantala, ang Bagong Pilipinas rally sa Quirino Grandstand na naglaman ng mga talumpati ng presidente at mga kasapakat nito, ay nalantad na hungkag o walang kabuluhan ang nasa loob ng retorika ng umano'y isinusulong na "pagbabago". Ang mga binitawang salita ni Bongbong Marcos ay mga pangakong hindi konkreto sa mismong masang dumalo at nakinig sa kanyang talumpati. Tiyak na napakalaking rekurso ang ginastos ng rehimen para sa paglulunsad ng rally na ito, mula sa mga bayad ng gamit sa programa at sa ginamit nilang pondo sa panunuhol ng masa. Halimbawa na lang sa Tondo sa Maynila kung saan napaulat na namigay ng tag-P2,000 sa mga dumalo, habang sa Bulacan naman, nag-arkila ng mga jeep na nagtransport sa mga pinalistang sumama na binayaran ng halagang P300. Ang malaking tipon na ginawa ay kasabay ng plano nilang pagsusulong ng Chacha at pagpapakita ng umano'y suporta ng masa.

Pursigido ang rehimen na isulong ang Chacha. Gamit ang kanilang rekurso para sa panlilinlang at pasismo ay titiyakin ang pagkakapasa nito sa lalong madaling panahon. Sa ganitong kalagayan, higit dapat ang pagsisikap ng mga rebolusyonaryong kababaihan at iba pang sektor at uri sa paglulunsad ng masinsing propaganda sa malawak na masa. Mahalagang ipaliwanag ang kasamaan ng Chacha sa gitna ng mahahalagang mga laban at isyung pambayan. Pagkakataon ito upang sila ay matipon, ma-organisa at mapakilos

para sa kanilang mga kahingian - ilunsad ang kanilang mga pakikibaka para sa sahod, laban sa mataas na presyo ng bilihin, pakikibaka para sa lupa, para sa karapatan ng iba't ibang sektor kabilang na ang kababaihan at paglaban sa dayuhang panghihimasok sa bayan. Habang pinalalakas ang mga labang ito, mahalaga ang pag-abot at pag-oorganisa sa iba't-ibang grupo o indibidwal na tutol sa chacha - sa maliit o malalaki mang probisyon nito, upang higit na magdagdag ng lawak at pwersa sa laban.

Nananawagan ang MAKIBAKA na aktibong makisangkot ang mga kababaihan at kanilang mga pamilya sa anumang porma ng pagkilos para labanan ang chacha! Maghanda at magpalakas para sa ating mga kahingian at laban, mag-aral ng kasaysayan at maging mapanuri sa lipunan at itayo ang mga organisasyon at samahan. Sa gayon, kahit ipilit ng rehimeng US-Marcos na isayaw tayo sa kaniyang chacha, matitiyak na ang indayog natin ay nasa saliw ng pakikibaka!

## **Pasidungog sa 94th IB, patimaan sang mahigko nga rekord sang brutalidad kag pagkaberdugo**

Pebrero 4, 2024

**Dionesio Magbuelas, Spokesperson  
NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon  
Command)**

Pamatuod sa pagkaberdugo, pagkatuta kag pagkapisista ang bag-o lang nga pagpasidungog sa 303rd IBde kag 94th IB nga ginhatag mismo

sang pasistang presidente nga si Bongbong Marcos Jr sadtong Enero 15, 2024 sa Camp Aguinaldo sa Quezon City. Ginpasidunggan sila sa ila wala pagpangduha-duha nga ipatuman ang mga mando sang US-Marcos nga rehimen sa ila kampanya kontra-insurhensya para pungan ang paghimakas masa diri sa South Central Negros ilabi na ang armadong paghimakas.

Ginkilala mismo ni Marcos Jr ang 94th IB kag 303rd Ibrde bilang pila sa mga pinakabrutal kag pinaka-ido-ido sang mga dalagku komprador kag sa mga agalon mayduta matapos gindeklara sang nasambit nga militar nga “nawasak” na kuno ang New People’s Army (NPA) sa sentral nga bahin sang Negros paagi sa sunod-sunod nga pagpresentar sang mga peke nga surrenderee, pagpagwa sang mga peke nga enkwentro kag ang sunod-sunod nga pagpangdakop sang mga mangunguma nga ginpasibangdan nga mga katapo ukon supporter sang NPA.

Ginkilala sang rehimen US-Marcos II ang 94th IB sa ila mahigko kag puno sang dugo nga mga kamot tungod sa ila mga hinimoan batok sang pumuluyo nga nagapanguna nga mga biktima ang mga mangunguma kag mamumugon sa uma lakip na ang mga progresibo kag demokratiko nga mga pwersa sa ila mapintas nga mga operasyon militar.

Sadtong 2023, sa sulod lamang sa isa ka tuig nga pagsabwag sang kahalitan sang 94th IB, naglab-ot sa apat ka kaso sang pagpamatay sa mga mangunguma nga may pito ka biktima upod na sini ang pagmasaker sang pamilya Fausto, isa ka kaso sang pagpatay sa duha ka hors de combat,

isa ka kaso sang pagpanglugos sa duha ka menor de edad nga mga babaye, kag walo ka kaso sang iligal nga pagpangdakop kag iligal nga pagdetine nga may 17 ka mga biktima (pito sini mga menor de edad). Tubtob subong, ara pa gihapon sa prisohan ang lima sa mga biktima sa iligal nga pag-aresto kag ginpato-patoan sang mga kaso. May ara man madamo sang kaso sang pagpangkastigo, patarasak nga pagpaniro, pagpamahug kag pagpangransak, kag iban pa nga mga bayolasyon sang tawhanon nga kinamatarung nga ginhimo sang tropa sang 94th IB sa sakop sang Himamaylan City kag Kabankalan City.

Isa ka damgo lang nga mawasak sang militar ang armado nga paghimakas sa bisan diin nga bahin sang Negros paagi sa ila mga pasista nga kampanya militar. Sa masobra lima ka dekada, nagapabilin nga mabakod ang rebolusyonaryo nga kahublagan sa pagpamuno sang Partido Komunista sa Pilipinas sa tunga sang pagbulos-bulos sang mga nagpungko nga presidente kag sa ila mga ido-ido nga militar.

Samtang padayon nga nagalala ang krisis sang politika kag ekonomiya sa bilog pungsod, ang pagluntad sang inhustisya sosyal, ang pasismo sang estado, ang kapigaduhon kag kapait sang kahimtangan sang pumuluyo sa kaumhan kag kasyudaran, kawad-on sang duta, kanubo sang sweldo, kag ang pagpang-agaw sang duta, magapadayon nga ara ang basehan para sa mas mabaskog nga pagsulong sang rebolusyon. Nangin matambok man ang duta para sa mas madamu nga makigbahin sa armado nga paghimakas.

Determinado ang Mt. Cansermon Command-NPA South Central Negros Front (MCC-NPA) nga mas pataason pa ang lebel sang inaway banwa sa masunod nga mga tuig tubtob sa lubos ng kadalag-an sang demokratiko nga rebolusyon sang banwa.###

## **Labanan ang makadayuhan at anti-mamamayang Cha-Cha at huwad na People’s Initiative! Isulong ang tunay at makabuluhang interes ng mamamayang Pilipino!**

Pebrero 5, 2024

### **Gliceria Marella Rosal, Spokesperson NDF-Batangas**

Umabot na sa Batangas ang “people’s initiative” na binabalahura at ginagamit ngayon ng mga alipores ni Marcos Jr upang baguhin ang konstitusyon ng papet na Republika ng Pilipinas. Sa halip na matapat na paliwanagan hinggil sa tunay na layunin ng papeles na pinapipirmahan, tinatakot o di kaya’y nililinlang ang mamamayan sa pagsasabing para ito sa ‘ayuda,’ gaya ng ginagawang panloloko sa iba’t-ibang bahagi ng bansa.

Sinasamantala ng kasalukuyang rehimen ang kumakalam na sikmura ng mamamayang Pilipino para sa makasarili nitong interes na ibuyangyang ang bansa sa mga dambuhalang korporasyong dayuhan, na pangunahin ay mula sa mga imperyalistang bayan gaya ng US at China na

pumipiga sa lakas paggawa ng mga manggagawang Pilipino kapalit ng kakarampot na sahod, gayundin ang mga kumpanyang nagsasamantala at sumisira sa likas na yaman ng ating bansa, at nagpapalayas sa mga magsasaka. Mistula tayong isinusubo ng rehimen sa mga buwayang gutom na gutom sa supertubo at kapangyarihan. Maliban pa sa mga anti-mamamayang epekto nito sa ekonomya't kabuhayan, ginagamit rin itong paraan ng naghaharing pangkatin ni Marcos Jr na palawigin ang kapangyarihan nito upang mahigitan ang kanyang mga karibal sa pulitika, lalo na ngayong higit na lumalaki ang biyak sa noo'y "UniTeam" ng tambalang Marcos-Duterte at mga alipores nito. Habang nagbabangayan at nag-aagawan sa kapangyarihan ang mga kurap at ganid na opisyal ng pamahalaan, nananatili namang naghihirap ang karaniwang mamamayan.

Tunay na kailangan ng pagbabago ng masang Pilipino ngunit hindi ang Charter Change ang magdudulot ng pagbabagong ito. Kabaligtaran, lalo nitong ilulugmok sa kumunoy ng kahirapan ang sambayanang Pilipino kaya naman hindi dapat suportahan ng mamamayan ang anumang tipo ng Chacha—sa anyo man ng people's initiative o iba pa. Dapat nilang isulong ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng bayan para sa tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon, at iba pang batayang demokratikong karapatan. Pagpalit-palitin man ng reaksyunaryong gubyerno ang paraan ng pagkontrol nito sa mamamayan, hangga't nananatiling manipulado ng imperyalistang US at

lokal na naghaharing uring panginoong maylupa—malaking burgesya komprador ang ating bayan, walang ganansyang makakamit ang masang anakpawis.

Sa pagtatagumpay lamang ng demokratikong rebolusyong bayan maibabagsak ng mamamayang Pilipino ang paghahari ng iilan at dayuhan. Hindi ang reaksyunaryong estado at ang mga hari-hariang amo nito kundi tanging ang sambayanang inaapi at pinagsasamantalahan ang mapagpasya sa pagkamit ng pag-unlad at kalayaan na matagal na nitong inaasam. Digmang bayan ang tunay na sagot sa kahirapan, hindi Cha-Cha!

## **Panlilinlang at panlalason ng 59th IBPA sa mga unibersidad at kolehiyo sa Batangas, tungkuling labanan ng laksa-laksang kabataan at estudyante**

Pebrero 5, 2024

### **Edrian Hernandez, Spokesperson Kabataang Makabayan-Batangas**

Sa desperado nitong panaginip na wakasan ang rebolusyonaryong kilusan at pigilan ang pagkamulat ng mga kabataan, di-mabilang na ulit na tinangkang linlangin ng 59th IBPA, AFP-PNP at NTF-ELCAC ang libu-libong estudyante sa porma ng mga ‘symposium’ sa iba’t-ibang kolehiyo at pamantasan sa lalawigan ng Batangas. Iilan lamang dito ang Batangas State University, TUP Batangas, PUP Sto. Tomas, Cuenca Institute, Cuenca Senior High School, at marami pang iba.



Kasabay ng walang konsensyang pagpapabango nito ng sarili, hindi kailanman inako, o nabanggit man lamang ng sinungaling na 59th Infantry Battalion of the Philippine Army ang kanilang buong responsibilidad sa pagkamatay ng 9-anyos na batang babae na si Kyllene Casao sa Taysan, Batangas, at ni Maximino Digno, isang matandang magsasaka na may kapansanan sa pag-iisip sa bayan ng Calaca. Sa halip, nagpakalat sila ng kasinungalingan na ang NPA ang nakapatay kay Casao, habang armadong NPA naman umano si Digno na 'napatay sa isang engkwentro.' Bagamat paulit-ulit na itong pinasinungalingan at binatikos ng mga kaanak, kaibigan at kabarangay ng dalawa, pinaninindigan pa rin ng berdugong kasundaluhan ang mga kasinungalingang ito, sa pamumuno ng pasista at panggap-makamasang kumander nito na si Lt. Col. Ernesto Teneza Jr.

Maging ang murang isipan ng mga mag-aaral ng hayskul ay hindi ligtas sa mga kasinungalingan ng teroristang 59th IBPA. Patuloy nitong nire-redtag at ikinakabit sa terorismo ang mga ligal na samahang masa na nagsusulong ng karapatan sa edukasyon, malayang pag-oorganisa at pamamahayag, at iba pang batayang demokratikong karapatan ng mga kabataan. Salaula nitong binabansagang terorista, tinatakot, o di kaya'y kinakasuhan ang mga kabataang human rights defender gaya ni Hailey Pecayo, tagapagsalita ng Tanggol Batangan na nito lamang Disyembre ay pinawalang-sala sa lahat ng kasong isinampa ng 59th IBPA laban sa kanya. Ayon sa pahayag ni Pecayo, ibinasura rin ng

piskalya ang Motion for Reconsideration na isinumite ng nasabing yunit ng kaaway.

Lantarang profiling at panghahas din ang nararanasan ng kabataang nakikipamuhay at nag-oorganisa sa mga komunidad ng magsasaka, gaya ni Jay Kim Federizo ng Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform o SUGAR Batangas. Tinutunton ng mga sundalo ang kinaroroonan niya at iba pang organisador ng maralita katulad ni Monique Margallo ng Brgy. San Isidro Sur ng Sto. Tomas at malisyoso silang ikinakabit sa tunay na Hukbo ng mga mamamayan—ang NPA.

Maging ang mga labi ng mga namartir na mandirigma at sibilyang kabataan sa Balayan, Batangas noong Disyembre 17, 2023 ay hindi rin iginalang ng kasundaluhan. Natagpuan ang ilang bangkay ng mga babae na nakababa ang saplot. Nanghimasok din ang ilang intelligence asset sa mga burol at libing, matapos pahirapan nang husto ang mga pamilyang kunin ang katawan ng kanilang bayaning mahal sa buhay.

Sa kabila ng mga ito, nananatiling buo ang diwa at paninindigan ng mga rebolusyonaryong kabataan sa probinsya sa kawastuhan ng pagrerebolusyon bilang natatanging solusyon sa higit na lumalalang krisis ng lipunan dulot ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo. Sa kanayunan, nananatili ang mainit na pagtangkilik at pagtataguyod ng mga kabataang magsasaka sa Bagong Hukbong Bayan sa iba't-ibang anyo. Patuloy ang pagsanib o pakikipamuhay ng mga kabataang magsasaka na nais maranasan ang buhay sa Hukbo—na kadalasa'y nagdedeklara din

bilang pultaym na Pulang mandirigma. Masugid ding lumalahok ang rebolusyonaryong kabataan sa gawaing pampulitika, produksyon, militar, at iba pa.

Maging sa kalunsuran, nagpapatuloy ang taos-pusong pagsuporta ng mga kabataan sa digmang bayan; mula sa suportang materyal at pinansyal, integrasyon, pag-tour of duty at pagsampa sa Hukbo, hanggang sa paglulunsad ng mga operasyong pinta at dikit at mga rebolusyonaryong pag-aaral upang itaas ang kanilang pampulitikang kamulatan at maipalaganap sa malawak na mamamayan ang dakilang landas ng demokratikong rebolusyong bayan.

Hindi palilinlang ang mga kabataan sa mga kasinungalingang kinakalat ng 59th IBPA. Ang pambansang ligalig na dala ng nilulutong inter-imperyalistang gera ng US laban sa China, panghihimasok ng China sa bansa at ang lumalalang krisis sa ekonomya at pulitika sa Pilipinas ay mga kalagayang lalong pumupukaw sa mga makabayan at progresibong kabataan.

Hinahamon ng KM-Batangas ang bawat kabataan at estudyante sa probinsya: patalasin ang kritikal na kaisipan, puspulang pag-aralan ang 55-taon nang digmang bayan sa Pilipinas, at walang humpay na turulin ang mga ugat ng armadong tunggalian sa bansa. Kailangan din nating masigasig na ipahayag ang ating mga demokratikong panawagan, gayundin ang disgusto at pagkamuhi sa bulok na kalakaran ng AFP-PNP at isiwalat ito sa malawak na

mamamayan sa lahat ng paraan. Sa gayon, mabibigo ang bawat pagtatangka ng reaksyunaryong estado at militar na bansutin ang kaisipan nating mga kabataan, ikulong tayo sa apat na sulok ng paaralan at ihiwalay sa pakikibaka ng mamamayan sa lipunang ating kinabibilangan.

Biguin ang pasistang pag-atake at panlilinlang ng AFP-PNP!

Pag-aralan ang digmang bayan, ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan! Kabataan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

## **Digmang bayan upang kamtin ang hustisya para kina Lolo Pedro at Lola Florencia at lahat ng biktima ng makauring pang-aapi ng estado**

Pebrero 6, 2024

### **Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Determinado ang rebolusyonaryong kilusang Masbatenyo na panagutin at pagbayarin ng mahal ang militar sa kasuklam-suklam nilang pagpatay sa matandang mag-asawang sina Pedro Regala, 78 anyos, at Florencia Regala, 67 anyos sa Barangay Toboran, bayan ng Cawayan, Masbate kahapon, Pebrero 5, 2024.

Nagngangalit ang mamamayang Masbatenyo sa kasuklam-suklam na pagpatay kay Tatay Pedro at Nanay Florencia. Dinampot ang mahina at walang

kalaban-labang mag-asawa sa kanilang tahanan, dinala sa liblib na bahagi ng sapa, walang-awang pinagbabil, sinuotan ng ammo pouch at pinalabas na napatay sa engkwentro. Kahit mga midyang napilitang ilabas ang kasinungalingan ng militar ay nasusuklam sa pangyayari.

Ang pagparada sa kanila bilang mga terorista na napatay sa labanan ay insulto at paglapastangan sa dunong at lahing Masbatenyo.

Sangkot sa naturang pamamaslang ang mga elemento ng 2nd Infantry Battalion-Phil. Army at mga grupong paramilitar sa pamumuno ni Adriel Besana. Dapat ding mabatid ng publiko na isang ALSA MASA community ang Barangay Tuboran, at sa gayo'y pugad ng mga paramilitar.

Batay sa pag-amin ng ilang elemento ng militar na hindi hustong nabibiyayaan ng dambong mula sa droga at NTF-ELCAC, ilan sa mga pumatay ay lulong sa drogang sinuplay ng druglord at rantserong si Edwin Du.

Tiyak ding may pananagutan si Masbate Gov. Antonio T. Kho bilang lokal na utak ng kampanyang pagpatay sa mga magsasaka sa prubinsya.

Kinukundena rin ng mamamayang Masbatenyo si Marcos Jr. at Rodrigo Duterte bilang mga punong pasistang kriminal na humubog sa walang singhalimaw na terorismo ng Armed Forces of the Philippines. Ang banggaan ni Marcos Jr. at Duterte ay sa katunaya'y pagsasabwatan para panatilihin sa sukdulan ang pasistang paghahari.

Sa Masbate, ang kanilang hidwaan ay nangangahulugan ng pinatinding kampanya ng makauring kahayupan laban sa masang magsasaka sa tabing ng kampanyang pagdurog sa NPA.

Sa ilalim ng kanilang paghahari, dinanas ng samabayanang Pilipino, laluna na ng mga Masbatenyong walang kapantay na pang-aapi at pagsasamantala sa ilalim ng umiiral na batas militar sa probinsya. Sa kanilang rehime'y umaabot na sa 109 ang biktima ng pampulitikang pagpaslang. Liiban pa ito sa libu-libong biktima ng pwersahang pagpapasurender at iba pang abusong militar sa halos 80 porsyentong saklaw ng militarisasyon sa buong probinsya.

Subalit nagkakamali si Marcos Jr. man o Duterte na madudurog nila ang pagkakaisa ng mamamayan at rebolusyonaryong armadong kilusan. Taliwas sa deklarasyon ng rehimeng US - Marcos Jr. na wala o mahina na ang NPA, lalo pa ngang lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan dahil nagiging mas makatwiran para sa masa, laluna sa mga Masbatenyong, na magkaisa at lumaban upang kamtin ang hustisya at biguin ang paghahari ng rehimeng Marcos Jr. - Duterte.

Kaugnay nito, hindi dapat pumayag ang mga Masbatenyong na manahimik, magpadala sa takot, ibaon sa limot at mapagkaitan ng hustisya ang mga biktima ng terorismong militar sa probinsya. Hindi sila dapat pumayag pang maging ang ating mga ama, ina, anak, kapatid at kaibigang pinakamamahal sa buhay ay ituring na mas

masahol pa sa hayop. Kailangang itransporma ang ating pagluluksa sa makatarungang pakikibaka.

Matatagpuan ang tunay na katarungan sa landas ng digmang bayan. Digmang bayan ang tatapos at bibigo sa gerang mapanupil ng bulok na estado. Mangyayari lamang ito sa pagsuporta at pagkilos ng lahat ng inaapi at pinagsasamantalahan para sa makatarungang armadong pakikibaka.

Kailangang bumangon ng iba pang demokratikong sektor bilang katuwang sa paglalantad ng mga abuso at pagyurak sa karapatan. Kailangang palakasin ng mga magsasaka ang kanilang pagkakaisa sa pagbubuo ng kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon. Kailangang manindigan ang mga kagawad ng midya para sa katotohanan at huwag maging kasangkapan sa pagpapakalat ng kasinungalingan.

Kasama ng mamamayang Masbatenyo ang Bagong Hukbong Bayan-Masbate sa laban para sa hustisya. Handa ang bawat mandirigma ng NPA - Masbate na harapin ang sakripisyo, kahirapan at ialay maging ang sariling buhay makamit lamang ang katarungan para sa mga biktima.

Bukas ang mga kanayunan ng Masbate sa mga kabataang nagnanais na sumampa sa Bagong Hukbong Bayan upang makasama sa laban para sa katarungan. Sama-sama tayong magrebolusyon. Para kina Tatay Pedro at Nanay Florencia. Para sa mga pinaslang at inabuso. Para sa ating mga anak, magiging anak at apo at mga susunod na henerasyon. ###

## **Tubngaren ken supiaten ti gandat a Balikatan sadiay Mavulis Islands**

Pebrero 6, 2024

**Guillermo Alcala, Spokesperson  
Cagayan Valley Regional Operational  
Command (Fortunato Camus Command)**

Agdadata a panangibaddek iti nailian a soberanya ken lalo a panangparangguyod iti Pilipinas iti gerra ti nagbaetan ti imperyalismo a US ken China iti nabiiit a panagsarungkar da Northern Luzon Command (Nolcom) Commander Lt. Gen. Fernyl Buca idiaiy pinakamurdong nga isla ti Batanes idi Enero 30 tapno inspeksyunen dagiti naval detachment sadiay para iti “kadakkelan a Balikatan” a laokan ti AFP ken rinib-ribu a soldado nga Amerikano.

Saan latta a mapagpaggang ken mangikaskaso ti rehimen US-Marcos iti panangballaag ti China a “saan nga agay-ayam ti apoy” ken isardeng ti show of force iti ar-aramiden na a joint-exercises aramat dagiti fighter jet ken tropa ti US. Ti mapasamak a Balikatan exercises idiaiy Basco ken Mavulis Islands a 140 kilometro laeng manipud iti abagatan a Taiwan ket nalawag a probokasyon iti China ken panangdurog ti US iti Taiwan a sumina iti China, maikaniwas iti “one China policy.”

Iti masansan a panangirussuat iti Joint US-PH Balikatan Exercise iti amianan a Luzon nangruna iti Cagayan ket awan sabali a panggep nu di ket kariten ken iprobokar ti China. Adda sadiay West Philippine Sea (WPS) ti pagriririan a teritoryo a



rumbeng a depensaran ken salakniban ti estado ngem ditoy met amianan ti pangigabsuonan da ti pwersa. Iti kinapudno na, kasilpo daytoy iti umir-irteng a kontrol ti US iti Pilipinas ken panangaramat iti pagilian kas pagrubuatan kadagiti irusrussuat na nga operasyon militar iti naduma-duma a paset iti Indo-Pacific, kasta met a panangirupir iti hegemonya na iti Asia-Pacific tapno palawlawan ti China segun iti “panagbaw-ing iti Asia.”

Agparparikut dagiti residente ken mangngalap idia Palawan gapu iti kumarkaro a kinaagresibo ti China a pakpakaroen ti panangprobokar ti US ken AFP. Saan nga adayo a mapasamak ti kapada nga insidente kadagiti agnanaed ken mangngalap iti Batanes ken Cagayan. Dakkel a pangta ken buribor iti pagbiagan dagiti Cagayano ti mapasamak a Balikatan. Sagsagraben da la ngaruden ita ti nakiddit a makalapan gapu iti El Niño ken off-shore mining, nakarkaro manen a maawanan da ti pagsapulan nu usaren manen dagiti baybay para kadagiti amphibious exercises ken show of force kadagiti kanyon, tangke ken war ship, kas iti inaramid iti naglabas idia Claveria, Aparri, Calayan Island ken Sta. Ana, Cagayan.

Ngem malagip nga idi Balikatan 2022 ket saan a pinalubusan ni Gov. Manuel Mamba nga ag-live firing dagiti tropa ti US ken AFP ta mabalina a kunaen ti China a “panangkarit” kanyana ti live firing. Kasta met a salsaluanan ni Mamba dagiti negosyante ken investor a Chinese idia Cagayan Economic Zone Authority (CEZA) ken iti intero

nga amianan a daya iti Cagayan. Kasta met nga inyuman idi dagiti residente ken mannalon ti panagamak da kadagiti exhibition ti F21 fighter jet nangruna ta nagsasaruno ti padas da iti awan ananawa a panagbomba manipud iti tangatang. Malagip nga idi Abril 2023 a manarimaan ti Balikatan idiaiy “EDCA sites” ti Lal-lo ken Sta. Ana ket nangibulos da ti kanyon a nagdissu iti kabambantayan ti Sta Teresita.

Ita ken iti kaanuman, rumbeng a naan-anay ken militante a supiaten ken tubngaren dagiti umili ti Cagayan Valley ti Balikatan exercise, ken labanan ti pannakibiang ken interbensyon militar ti US iti pagilian. Rumbeng a naalibtak a sarangeten dagitoy a gandat sakbay pay a mairareb iti gayong-gayong ken maiparangguyod iti alipugpog kadagiti gerra nga idurduron ti US. Kasta met nga ibutaktak ti kagagalad ti AFP kas adigi ken gamat iti dominasyon ti US iti Pilipinas. Aginggana’t pagbalbalinen a sadiri ti US ti pagilian, mapapaidaman ti Pilipinas a tumakder iti bukod ken agipatungpal iti nawaya a patakaran nu kasano a makilangen kadagiti dadduma a pagilian.

## **Doble-karang mukha ng berdugong AFP at 59th IBPA, kinasusuklanan ng mamamayan ng Batangas**

Pebrero 7, 2024

**Gregorio Caraig, Spokesperson  
NPA-Batangas (Eduardo Dagli Command)**

Tila ibang mukha ng 59th IBPA ang mababakas sa kanilang huling mga pahayag matapos ang

naganap na labanan sa Barangay Guinhawa, Taysan nitong nakaraang Pebrero 2. Nagtangkang maging malumanay at animo’y pagpapaawa sa publiko, lalo na sa mamamayan ng Barangay Guinhawa ang pahayag ng 59th IBPA. Pero tulad ng isang hunyango, magbago-bago man ang anyo ay hunyango pa rin.

Habang ingat na ingat sa bibitawang salita sa publiko kaugnay sa naganap na labanan, walang awa namang dinampot, bininbin, sinaktan at pinagbantaan ng mga kasundaluhan ng 59th IBPA ang isang 50-anyos na residenteng may kapansanan sa Barangay Guinhawa. Hindi na nakakapagtaka kung sa mga susunod na araw ay muli nila itong takutin at ligaligin, tulad ng ginawa nila sa ama ni Kyllene Casao upang mapagtakpan muli ang kanilang karahasan.

Kahit ano pang paghahabi ng salita ang gawin ng 59th IBPA at ng AFP, hindi na nito kailanman mabubura sa mamamayan ng Barangay Guinhawa ang bangungot na kanilang nilikha nang walang awa nilang paslangin ang batang si Kyllene, dukutin at ikulong sa kampo ang ama nito, sapilitang ipatawag at pasukuin ang mga inosenteng sibilyan at residente ng Barangay Guinhawa upang pigilan ang paglabas ng katotohanan sa kanilang krimen.

Mas masahol pa, para kumpletuhin ang kanilang palabas, muling nagpakana ng pekeng ‘rally’ ang 59th IBPA laban sa CPP-NPA-NDF sa Barangay Guinhawa nitong Pebrero 4. Tiyak na lalo lamang nasuklam sa kanila ang mamamayang muli na naman nilang tinakot at pinilit na humawak ng

mga walang kakuwenta-kuwentang plakards at hinila para sa kanilang desperadong parada.

Hanggang sa kasalukuyan, nakalutang pa rin sa reyalidad ang pasistang AFP at ang amo nitong ilehitimong rehimeng US-Marcos II. Sa paulit-ulit na pagsasabing terorista ang NPA at ang mamamayang lumalaban, habang tuloy-tuloy na ibinabaon sa kahirapan at inhustisya ang bayan, lalo lamang tumitingkad sa mata ng masang anakpawis kung sino ang tunay na terorista—ang gubyernong manhid, inutil at malupit at ang naghaharing uri na patuloy na nagsasamantala at nang-aapi sa mahihirap.

Alam ng mamamayan ng Taysan at lalawigan ng Batangas na hindi NPA, kundi ang pasistang AFP ang tunay na naghahatid ng ligalig, karahasan at takot sa hanay ng mamamayan. Sa haba ng kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan, habambuhay nang nakatatak sa isip ng mamamayan ng Batangas kung paano'ng dahil sa NPA, nagkaroon ng sariling lupang mabubungkal ang libu-libong magsasaka, naipagtaggol at naipagtagumpay ang libu-libong tirahan at kabuhayan, nanyutralisa at napabait ang malulupit na panginoong maylupa, nabago ang partihan sa kopras at iba pang produkto na pinakikinabangan ng kasalukuyang henerasyon, nalipol ang mga sindikato sa nakawan ng hayop, nasugpo ang mga masasamang bisyo, napatino ang mga maton at masasamang elemento sa baryo at patuloy na yumayabong at natatamasa ng mamamayan ang mga tagumpay na luwal ng tuloy-tuloy na pagsusulong ng mga baseng masa ng rebolusyong

agraryo at armadong pakikibaka. Hindi nakakapagtaka na mula sa mga tagumpay na ito rin nagmula ang ipinampaaral ng nagkakarami ding pamilyang magsasaka sa mga anak nilang nagpulis at nagsundalo, at maging ang mga lupang patuloy na binubungkal at tinatamasa maging ng mga lokal na CAFGU noon at sa kasalukuyan sa iba't ibang bahagi ng lalawigan.

Sa bayan ng Taysan, iginuhit ng lakas at impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan at nagkakaisang mamamayan ang pagwakas sa madilim na yugto ng dinastiyang nagpahirap sa mamamayan.

Ang mga tagumpay at pagkakaisa na nakamit at naipundar ng NPA at mamamayan ng Batangas sa buong proseso ng pakikibaka ang nais ngayong wasakin ng gubyernong US-Marcos II at ng pasistang AFP at 59th IBPA upang magawa nilang tuluyan nang ilako sa dayuhan ang likas-yaman at kalupaan ng ating bayan. Ito ang tunay na dahilan ng desperadong pagsusulong ng rehimeng US-Marcos II ng makadayuhang CHA-CHA o pagbabago ng konstitusyon. Sa Taysan, lingid sa kaalaman ng mas maraming mamamayan, nakaambang itayo ang isang mapanganib na malaking planta ng bakuna (GLOVAX Life Science Corporation) na pag-aari ng mga dayuhan sa Barangay Mahanadiong. Bagaman maaari itong magbigay ng pansamantalang trabaho sa mamamayan, kaakibat ng nasabing proyekto ang malaking panganib sa kalusugan at kalikasan na maaaring idulot ng kontaminasyon at basurang bio-kemikal na iluluwal ng nasabing planta. Bukod

dito, marami pang mas malalaking proyekto ang nakaambang sumalanta sa buhay, karapatan at kabuhayan ng mamamayan sa lalawigan.

Makakaasa ang mamamayan ng Batangas na mananatiling nagpupunyagi at ubos-kayang lumalaban ang New People's Army sa pagharap at pagbigong sa pasistang kaaway at naghaharing uri.

Nananawagan naman ang Eduardo Dagli Command-NPA Batangas sa lahat ng mamamayan na patuloy na manindigan, magkaisa at matapang na ipagtanggol ang inyong mga karapatan at biguin ang pasistang panunupil at panlilinlang ng berdugong 59th IBPA at buong institusyon ng AFP-PNP.

Nananawagan din ang NPA sa lahat ng mga opisyal ng lokal na pamahalaang bayan hanggang pamunuang barangay na gampanan nang wasto ang inyong mga tungkulin, manindigan para sa karapatan, kapakanan at kagalingan ng inyong mga kababayan. Huwag kayong magpagamit o bulag na magpahinungod sa paghaharing militar sa inyong mga barangay at bayang nasasakupan dahil lamang sa inyong takot o personal na pakinabang na natatamasa. Huwag ninyong panoorin lamang na dinadahas ng pasistang militar ang inyong mga mamamayan, at lalong huwag kayong maging instrumento ng pagmamanman, sapilitang pagpapasuko o pagpapahamak sa kanila.

Muling nagbibigay-babala ang NPA sa sinumang indibwal na mapapatunayang kasangkapan ng pasistang militar sa pagmamanman, sapilitang

pagpapasuko o pagpapahamak sa mga inosenteng sibilyan, kasapiang ng rebolusyonaryong organisasyong masa at maging sa yunit ng NPA. Laging nakahanda ang NPA anumang oras na igawad ang rebolusyonaryong hustisya sa sinumang magdudulot ng kapahakaman sa kanyang kapwa at magiging instrumento ng pasistang kaaway; kung paanong nakahanda ito anumang oras na bigwasan ang pasistang kasundaluhan na sa tuwina ay nanliligalig sa buhay at kapayapaan ng mamamayan sa lalawigan.

## **Ipagbunyi ang tagumpay ng NPA laban sa pasistang 80th IBPA! Ilantad ang kasinungalingan ng AFP!**

Pebrero 7, 2024

### **Macario 'Ka Karyo' Liwanag, Spokesperson NPA-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command)**

Noong Enero 31, ganap na 5:10 ng umaga, binigwasan ng NAAC-NPA-Rizal ang tropa ng 80th IBPA sa Mt. Balagbag, Barangay Lukutang Malaki, Rodriguez, Rizal. Tatlo ang kumpirmadong patay (kumpara sa isa na nauna naming naiulat) sa hanay ng pasistang tropa habang ligtas na nakaatras at walang ni anumang pinsala ang yunit ng NPA.

Mula Nobyembre 2023 pa nag-ooperasyon ang 80th IBPA kaalinsabay ng kanilang sustenidong pagtitiyak ng seguridad ng proyektong Wawa-Tayabasan Dam. Ang militarisasyong ito ay nagdulot ng takot sa mamamayang Rizaleño dahil

sa mga kaso ng harassment, pagmamamanman, blokeyo sa pagkain, kontrol sa populasyon at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao.

Isang linggo matapos ang labanan sa Mt. Balagbag, pilit na pinagtatakpan ng 80th IBPA ang kahiya-hiya nilang pagkatalo sa labanan at pagkakalantad ng kanilang mga karumal-dumal na paglabag sa karapatang-tao. Sa kabaligtaran, ang kanilang paghuhugas-kamay at mga kasinungalingan ay lalo lamang naglalantad ng kanilang pagiging berdugo at pasista.

Sa tingin ng 80th IBPA na ang tawaging disimpormasyon ang paglalantad ng mamamayan sa kanilang mga paglabag sa karapatang-tao ay sapat para burahin ang kanilang mga atosidad. Malaon nang dinadaing at inirereklamo ng mamamayan ang 80th IBPA dahil sa epekto ng militarisasyon sa kanilang kabuhayan at araw-araw na pamumuhay.

Itinatanggi nito ang pambabastos sa mamamayan habang walang-galang at garapalan nitong hindi inaamin at inililitaw ang identidad ng tatlo nilang tauhan at kasamahang napinsala sa kanila sa nasabing labanan. Wala ring ni anumang pagsasaalang-alang ang mga opisyal ng 80th IBPA sa kaligtasan ng tropa nito. Nagpasabog ito ng M203 grenade launcher halos isang dipa lamang mula sa kanilang pwesto na maaaring puminsala sa kanila mismo. Sa kanilang pagkataranta, walang-patumangga at walang-habas na pamamaril na lamang ang nagawa nito para bawiin ang matagal nilang pagkakagulat mula sa bigwas ng NPA.



Nais palabasin ng 80th IBPA na ang pananambang ng NPA ay iniresulta ng pag-uulat ng mga lokal sa komunidad na “pagod na pagod na sa kasinungalingan at karahasan” na diumano’y dinudulot ng NPA. Hiyang-hiya lang ang 80th IBPA na sa tagal ng kanilang operasyon ay hindi nila nagawang pinsalaan ang NPA sa Rizal dahil mismo sa mahigpit na pangangalaga at nagpapatuloy na suporta ng masa sa kanilang tunay na hukbo. Tinitiyak ng masa na maagap na makapagbigay-alam sa NPA ng mga ikinikilos ng berdugong 80th IBPA at iba pang pasistang tropa ng estado.

Nananawagan kami sa mga Rizaleño na ipanaig ang katotohanan. Ilantad ang mga kasinungalingan ng 80th IBPA at buong AFP— hinggil sa mga paglabag nila sa mga karapatan ng mamamayan at hinggil sa nasabing labanan.

Hindi humihina at sa halip ay lalong tumitibay ang pananalig ng masa sa NPA. Ang papatindi at dumaraming atosidad ng 80th IBPA ay ibayong nagmumulat sa kanila sa pasistang katangian ng estado, habang ang pagsapol at pagtugon ng NPA sa kanilang lehitimong mga interes ang siyang nagpapakita kung sino ang tunay nilang hukbo.

## **Ipagtanggol ang kalayaan at karapatan! Buwagin ang NTF-ELCAC!**

Pebrero 7, 2024

Ikinagagalak ng NDFP-ST ang rekomendasyon ni UN Special Rapporteur (SR) on Free Expression and Opinion Irene Khan na pagbuwag sa NTF-

ELCAC at pagbubuo ng patakaran kontra red-tagging matapos ang kanyang 10-araw na bisita sa bansa.

Higit nitong palalakasin ang lehitimong panawagan mula sa mga progresibo at mga organisasyong nagtatanggol sa karapatan at kalayaan ng mamamayang Pilipino. Sampal naman ito sa mukha ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II na nagpapanggap na gumagalang sa karapatang tao ngunit patuloy pa rin ang pang-aatake sa mga progresibo't nakikibakang mamamayan gamit ang Anti-Terrorism Act (ATA), NTF-ELCAC at ang mismong AFP-PNP. Patunay din itong nararapat singilin at pagbayarin ang nakalipas na tiranikong rehimeng Duterte sa mga krimen nito laban sa bayan.

Batay sa pagsisiyasat ni Khan, malinaw na may papel ang red-tagging o terror/ terrorist-tagging sa estratehiyang “kontra-terorismo” ng mga pwersang panseguridad ng bansa. Nakasalamuha at nakausap ni Khan ang iba't ibang organisasyon at mga biktima ng red-tagging at panghahas ng NTF-ELCAC, gayundin ang mga piling opisina at opisyal ng reaksyunaryong guberno. Kabilang sa personal na kinausap ni Khan ang tatlong mamamahayag sa Tacloban, Leyte na dinakip at iligal na inaresto sa panahon ni Rodrigo Duterte subalit patuloy na nakakulong at pinagkakaitan ng hustisya ng kasalukuyang rehimen. Tulad ng marami sa daan-daang bilanggong pulitikal, nananatili silang nakapiit dahil sa mga gawagawang kasong isinampa sa bisa ng ATA at

malisyosyong pag-uugnay sa kanila sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Tinukoy din ni Ms. Khan na wala sa kapasidad ang mekanismo ng reaksyunaryong gubyerno na proteksyunan ang mga mamamahayag katulad na lamang ng Presidential Task Force for Media Security (PTFMC) dahil wala silang alam sa patakaran kung paano hahawakan ang seguridad ng midya na pangunahin nilang tungkulin. Ikinadismaya din niya ang napag-alamang “blocking” ng website sa mga alternative news organizations matapos ang mga itong i-redtag at sinabi na isa itong direktang censorship na kailangang matamang suriin.

Hindi man direktang ipinahahayag, sinasang-ayunan ng posisyon ni Khan laban sa NTF-ELCAC ang masahol na pasistang panunupil sa anyo ng pamamaslang, pagdukot, pagtortyur, panganganyon at pambobomba sa kanayunan, iligal na pang-aaresto at detensyon at talamak na red-tagging sa ilalim ng administrasyon ni Ferdinand Marcos Jr. Bago si Khan, nauna nang nagbigay ng opinyon si UN SR on the Promotion and Protection of Human Rights in the Context of Climate Change Ian Fry noong 2023 hinggil sa ugnayan ng pasistang panunupil at pakikibaka ng mamamayan para sa kanilang demokratikong karapatan. Tinarget ng mga pwersa ng estado ang mga aktibista, lider-magsasaka, unyonista, lider-manggagawa, pambansang minorya at kahit mga sikat na personahe basta’t sumusuporta at lumalaban para sa katarungan at karapatang tao, tunay na reporma sa lupa, makatarungang sahod

at makataong kalagayan sa paggawa, at inklusibong pag-unlad na nakabatay sa pagtatanggol sa pambansang soberanya at pagsusulong ng tunay na industriyalisasyon. Pati mga drayber na mawawalan ng hanapbuhay dahil sa mandatory franchise consolidation ng Public Utility Vehicle Modernization Program ay nire-redtag at pinalalabas na kalaban ng estado.

Walang ibang layunin ang mga pang-aatake kundi patahimikin at takutin ang nakikibakang mamamayan hanggang magupo ang kanilang determinasyon at mapanlabang diwa. Tulad ng tinuran ng mga eksperto ng UN, hindi maikakaila ang pananagutan ng NTF-ELCAC sa malaganap na paniniil ng estado sa mamamayan. Pasimuno ito ng paninirang-puri at pagbabansag na `terorista' sa mga progresibong organisasyon at indibidwal. Ipinapakita sa aktwal na karanasan na ito ay paunang kundisyon para direktang atakehin ng mga pwersa ng estado sa pamamagitan ng AFP-PNP ang kanilang mga sibilyang target.

Dito sa TK, malagim na halimbawa ng krimen ng NTF-ELCAC at ibinunga ng red-tagging ang kaso ng Bloody Sunday Massacre noong Marso 7, 2021 kung saan siyam na aktibista ang pinatay sa singkronisadong operasyon ng mga pulis at militar. Matapos maging batas ang ATA, lalong naging palasak ang pagbabanta't intimidasyon sa anyo ng pagsasampa ng kaso. Biktima nito ang 14 na aktibista at lider masa ng rehiyon na sumama sa pambansang protesta noong ikalawang SONA ni Marcos Jr. Nakagagalit din ang pagsasampa ng mga elemento ng 59th IBPA ng kaso laban sa mga

kabataang aktibista at tagapagtanggol ng karapatang tao na lumahok sa pag-iimbestiga sa pagpatay ng militar sa batang si Kyllene Casao at magsasakang may kapansanan sa isip na si Maximino Digno noong Hulyo 2022. Inaakusahan ang mga biktima na terorista' o di kaya' ynagbibigay ng materyal na suporta sa NPA. Ilan sa mga kasong isinampa ay ibinasura na ng mga reaksyunaryong korte dahil sa garapalang kawalan ng batayan.

Gaano man kapasista ang estado ay hindi nito kayang gapiin ang nag-aalab na hangarin ng mamamayan para sa hustisya, kalayaan, demokrasya at karapatan. Ito ang dahilan kaya't nagpapatuloy at sumusulong ang pambansa demokratikong pakikibaka sa harap ng puting lagim at kontra-rebolusyonaryong gera. Kahanga-hanga at dapat pagpugayan ang pagpupursige ng mga demokratikong pwersa lalo ng mga tagapagtanggol ng karapatang tao na hindi inalintana ang takot sa pagsuong sa panganib para isulong ang tunay na hustisya at karapatan ng mamamayan. Dapat na ibayo pang palakasin ang kanilang hanay at ibunsod ang malawak na kilusang masa para idepensa ang mamamayan mula sa mga imbing pakana ng bulok na estadong tuta ng US.

Positibong bagay, ngunit higit pa sa pagsita ng mga dayong eksperto ang kinakailangan upang manaig ang hustisya at wakasan ang pasismo sa bansa. Hindi kailanman bibitawan ng reaksyunaryong gubyerno ang sarili nitong mga instrumento para supilin ang mga lumalaban sa

bulok nitong mga programa at patakaran. Kailangan ang patuloy na marubdob na pakikibaka ng mamamayan sa landas ng pambansa demokratikong rebolusyon upang tunay na manaig ang paggalang sa karapatang tao at katarungan sa lipunang Pilipino. Magiging ganap na malaya ang bayan na magpahayag ng kanilang saloobin sa panahong hawak na ng mamamayan ang pampulitikang kapangyarihan sa pamamagitan ng Demokratikong Estadong Bayan. ###

## **Kabataan, tutulan ang charter change! digmang bayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya!**

Pebrero 8, 2024

### **Kabataang Makabayan-Metro Manila (Luzille Gypsy Zabala Brigade)**

Tinutulak ng Imperyalismong US, kasama ang mga kinatawan na papet sa pamahalaan na muling buhayin at isulong ang Charter Change. Magbibigay ito ng tulay sa mga dayuhang kapitalista na makapag may-ari at mangasiwa ng ating mga kagamitang pampubliko, ekonomya, at sa ating kultura at higit sa lahat ang term extension at political dynasty ng isa o iilang pamilya o pangkatin.

Panloloko ang paglalako ng pirma para sa “People’s Initiative” pagbibigay ng isang-daang piso o mga ayuda kapalit ang lagda para sa petisyon upang amyendahan ang Saligang Batas. Malinaw na hindi ito ang esensya ng “People’s Initiative.” Sa kabilang banda rin, gamit ang

telebisyon, mapapanood ang patalastas tungkol sa panlilinlang na uunlad ang ating bansa kung aalisin ang mga restriksyon sa mga dayuhang kapitalista na makapag may-ari ng kagamitang pampubliko, lupa, at iba pang bahagi sa ekonomya. Magiging tulay ito upang dambungin ang ating mga likas na yaman at murang lakas paggawa.

Papanatilihin din ng Charter Change ang kasalukuyang sistema ng edukasyon na nanatiling Kolonyal, Komersyalisado, at Represibo dahil ang mangangasiwa ng edukasyon ay ang mga dayuhang kapitalista. Lalo rin itong magtutulak sa mga kabataan na mangibang bansa upang tugunan ang mga pangangailangan. Mananatili sa mga kabataan ang kaisipang kolonyal at patuloy na tumangkilik sa mga produkto na gawa ng mga dayuhan—pagpatay sa diwang makabayan ng mga kabataan.

Pinapaboran ng Chacha ang mga dayuhang malalaking kapitalista at mga kasosyo nilang panginoong maylupa at malaking burgesyia kumprador. Kumakatawan ito sa lalong pagpapahirap at pagpatay sa mamamayan. Minamadali ng rehimeng Marcos Jr at pinsan nitong si Martin Romualdez ang ChaCha upang bigyang daan ang sampung-taon na pananatili ng mga opisyal ng gobyerno sa poder. Pagpapanatili na maging atrasado at di industriyalisado ang ating bansa na paghahakutan lamang ng dambuhalang ganansya ng imperyalista.

Mula kay Ramos hanggang kay Marcos Jr walang ibang prayoridad ang lahat ng rehimen kundi

baguhin ang Saligang Batas para sa interes ng kanilang imperyalistang amo at ang kanilang pansariling interes na tumagal at makapanatili sa kapangyarihan. Matagal nang hinahangad ng mga imperyalista at dayuhang kapitalista na lubusang buksan ang Pilipinas at bigyang-daan ang isandaang porsyentong dayuhang pagmamay-ari at kontrol sa lupa, walang pagpigil sa pagpasok ng dayuhang mamumuhunan, at pangangamkam ng likas na yaman.

Nagluluwal ng maraming kontradiksyon ang rehimeng Marcos Jr, nalilikha ang paborableng kondisyon upang sunggaban at buklurin ang malawak na hanay ng kabataan kasama ang ibang sektor ng ating lipunan para ipaglaban ang ating pambansa-demokratikong interes. Lalong nagiging desperado ang naghaharing-uring mag-apuhap ng mga paraan upang isalba ang sarili. Dapat patuloy na magkaisa ang lahat ng aping uri sa isang malawak na laban para sa kanyang laban sa kanyang ilehitimong rehimen.

Tutulan at labanan ang Charter Change na naglalayong patagalin ang kapangyarihan ng mga Marcos at ang pagbebenta ng ating likas na yaman sa mga dayuhang kapitalista. Pagnanakaw ng iilan sa pondo ng bayan. Pagpapabor sa mga kroni at kaibigan sa negosyo at mga sindikatong kriminal. Sobra-sobrang gastos sa kagamitang militar. Pagwawaldas ng pondo sa mga proyektong hindi papakinabangan.

Sa gitna ng lumalalang krisis, pumapatinding inter-imperyalistang digmaan sa anyo ng mas malawak na mga gerang proxy, banta sa ating



demokratikong karapatan, panahon na upang buhayin ang diwa ng sigwa ng unang kwarto. Higit kailanman, ang pinakamahalagang tungkulin ng mga kabataan at estudyante sa harap ng nabubulok na ilehitimong rehimeng US-Marcos Jr ay ang pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Panghawakan na walang ibang magpapahina sa rehimen kundi ang armadong pakikibaka. Palakasin ang armadong pakikibaka. Suportahan ang Bagong Hukbong Bayan sa pamamagitan ng pagpapasampa ng mga anak ng bayan. Itaas ang pampulitikang kamulatan ng mga kabataan at ibang sektor upang pamunuan ang kanilang hanay sa pagsusulong ng digmang bayan.

Kabataan, tanganan ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka! Tumangan ng armas para ipaglaban ang pambansang kalayaan at demokrasya! Sumapi sa Bagong Hukbo Bayan! Sagot sa Kahirapan, Digmang Bayan!

**Manggagawang pangkultura, mag-aral, magsikhay lumikha ng rebolusyonaryong sining at panitikan!**

Pebrero 8, 2024

**Nika Antares, Spokesperson  
Artisa at Manunulat ng Sambayanan-  
Southern Tagalog**

Masiglang sinasalubong at ipinagdiriwang ng ARMAS-TK ang Pebrero bilang buwan ng Sining at upang bigyan ng pinakamataas na parangal at

pagpupugay si Kasamang Jose Maria Sison sa kanyang inspirasyon at iniwang pamana bilang makata, rebolusyonaryo at pangulong tagapagtatag ng PKP. Walang kasing halagang kabang yaman para sa lahat ng mga artista, manunulat at manggagawang pangkultura ang kanyang mga akdang pampanitikan at tagubilin hinggil sa paglikha ng sining na pumupukaw at nagmumulat sa masang Pilipino para sa pambansa-demokratikong pakikibaka. Malalim nating pag-aralan at palaganapin ang mga makasining, siyentipiko't rebolusyonaryong sulatin ni Ka Joma sa kasalukuyan at hanggang sa mga susunod na henerasyon ng sambayanang Pilipino.

Mula't sapul ay kinilala ni Ka Joma ang susing papel ng sining at kultura sa pagtatagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon. Binigyan niya ng karampatang pansin ang gawaing pangkultura at ipinatimo sa mga organisasyon ng mga artista, manunulat at manggagawang pangkultura ang kanilang mahalagang papel sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan. Matalas niya ring tinukoy ang atrasadong pyudal, kolonyal at burgis-elitistang ideya na kailangang iwaksi upang makalikha ng progresibo't rebolusyonaryong sining. Ito ang nilalaman ng kanyang mga akdang: Ang mga Tungkulin ng Ikalawang Kilusang Propaganda (1966); Ang Pangangailangan para sa isang Rebolusyong Pangkultura (1966); Ang Sining Biswal bilang Sandata ng Rebolusyon (1971); Mga Tungkulin ng mga Kadre sa Larangan ng Kultura (1971); at Hinggil sa Gawaing Pangkultura sa hanay ng mga Manggagawa (1984).

Para kay ka Joma ang sining at panitikan ay mabisang sandata ng mga uring inaapi at pinagsasamantalahan para sa kanilang rebolusyonaryong pakikibaka. Bilang makata ipinakita niyang hindi kayang igupo ng pasismo ang mapanlikhang diwa ng isang rebolusyonaryo. Ang koleksyon ng kanyang mga tula na *Prison and Beyond* ay testamento sa kapangyarihan ng sining para labanan ang panunupil at pambubusabos ng diktadurang US-Marcos I.

Masugid na kritiko ng sining at panitikan si Ka Joma, laluna ng praktika nito sa rebolusyong Pilipino. Itinaas niya ang pamantayan ng mga akdang pansining at pampanitikan tungong rebolusyonaryo sa pamamagitan ng langkap ng pagiging makasining at makauri ng mga ito. Batid ito sa kanyang artikulong *Hinggil sa Panitikan at Rebolusyonaryong Pulitika* (2011) at *Rebolusyonaryong Sining at Panitikan sa Pilipinas mula dekada 1960 hanggang Kasalukuyan* (2015). Bukod pa rito ang kanyang mga sulat at mensahe sa mga organisasyon at alyansang pangkultura, mga akademikong aktibidad hinggil sa sining at pati sa mga indibidwal na alagad ng sining. Dapat pag-aralan ang mga tinurang sulatin ni Ka Joma at gawing tungtungan ang mga ito ng mas malalim pang pag-aaral ng mga manggagawang pangkultura sa rebolusyonaryong teorya.

Napakainam ng panahon upang ilunsad ang isang puspusang kilusang pag-aaral sa mga sulatin ni Ka Joma. Kailangang arman ang mga manggagawang pangkultura ng makauring pagsusuri at proletaryong pananaw sa sining at

kultura laban sa mga burgis, dekadente, metapisikal at reaksyunaryong kaisipang ipinakakalat ng imperyalismo at sumasagipsip sa bawat aspeto ng buhay ng isang indibidwal at buong lipunan. Dapat mulat na itakwil ng mga rebolusyonaryong manggagawang pangkultura ang malalim na impluwensya ng burgis na neoliberal at indibidwalistang konsepto ng sining, kultura at panitikan. Dapat tularan si Ka Joma at maging mandirigma para isulong ang siyentipiko, pambansa at makamasang kultura. Rekisito ito upang makalikha ng mga obra't sining na magpapalaya at magrerebolusyonisa sa kamalayan ng mamamayan laluna ng mga inaapi at pinagsasamantalahan.

Ang kilusang pag-aaral sa mga akda ni Ka Joma ay dapat magsilibing ilaw at gabay sa ating pagharap sa kasalukuyang mga hamon sa gawain at tungkulin—kailangang ilapat ang ating natutunan sa aktwal na praktika ng paglikha ng sining para pagsusulong ng rebolusyon. Hamon sa mga artista't manunulat na tumugon sa tungkuling imulat, organisahin at pakilusin ang laksa-laksang mamamayan sa gitna ng umiinit at lumulubhang krisis sa pulitika at pang-ekonomya ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal at ng buong sistemang kapitalista na yumayanig sa bansa at buong daigdig at nagdudulot ng grabeng pasakit sa uring anakpawis at malawak na mamamayan. Mangahas tayong lumikha ng rebolusyonaryong sining at panitikan na sumasalamin hindi lamang sa dustang kalagayan ng mga uring inaapi at pinagsasamantalahan, kundi pati sa mithiin ng

bayang para sa tunay na kalayaan, katarungan, demokrasya at sosyalismo.###

## **Panawagan sa mga patriyotikong sundalo at pulis: pumanig sa mamamayan!**

Pebrero 8, 2024

### **Armando Cienfuego, Spokesperson NPA Southern Tagalog Regional Operational Command (Melito Glor Command)**

Ngayong 2024, tuluyang nalantad sa taumbayan ang biyakan ng nangungunang paksyon ng naghaharing uri na mga Marcos at Duterte. Garapalan na ang kanilang mga siraan, labasan ng baho at pagpapakita ng lakas (show of force) mula sa dating pailalim na iringan. Mayroon ding mga lihim at lantarang galawan sa militar at pulitika para maungusan ang isa't isa. Malinaw nitong ipinapakita ang sobrang nabubulok at naagnas na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino.

Alinman sa mga Marcos o Duterte ang manaig, higit na magdurusa ang sambayanang Pilipino. Kinakatawan nila ang pinakasagadsaring angkan sa hanay ng mga naghaharing uri. Nailuklok sila sa poder gamit ang garapalan at sistematikong pandaraya sa eleksiyong 2022. Sa pagguho ng kanilang alyansa, ang kanilang bangayan ay agawan para makopo ang tuktok ng kapangyarihan ng estado at lahat ng rekurso ng bayan, hindi para sa interes at kagalingan ng bayan.

Sa gitna ng umiigting na hidwaan sa pagitan ng paksyong Marcos at Duterte, hinahamon ng Melito Glor Command (MGC)-NPA Southern Tagalog ang lahat ng naliliwanagan at patriyotikong sundalo at pulis na itakwil ang dalawang paksyon at pumanig sa inaapi at pinagsasamantalang mamamayan.

Malinaw na hindi karapat-dapat igawad sa mga Marcos at Duterte ang katapatan ng mga tunay na makabayang sundalo at pulis. Kapwa sila sugapa sa kapangyarihan at pera habang sinusupil ang mga demokratiko at makatarungang kahilingan ng bayan. Batid ng mga karaniwang kawal ng AFP-PNP ang labis na korapsyon ng mga Marcos at Duterte laluna ng mga utusang heneral nito. Ang mga karaniwang kawal ng AFP-PNP ay ginagawang pambala sa kanyon sa mga operasyon habang nagtatampisaw ang matataas na opisyal sa kibak mula sa mga programang “modernisasyon”, pekeng pasuko at huwad na proyektong pangkaunlaran ng NTF-ELCAC. Kinakasangkapan din sila bilang mga tagapagpatupad ng dirty jobs ng mga sindikato lalo yaong mga kadikit ng mga Marcos at Duterte (partikular ang Davao Death Squad).

Kasalukuyang ipinatutupad ni Marcos Jr. ang mga pro-imperyalista at anti-mamamayang patakaran na patuloy na nagsasadlak sa bansa sa kahirapan. Nananatiling barat ang kita, kawalan ng trabaho, kakulangan sa lupa, kapabayaang sa serbisyong panlipunan habang tumataas ang implasyon at laganap ang kagutuman. Nais pang ilusot ni Marcos Jr. ang pakanang cha-cha sa pamamagitan ng “People’s Initiative” sa pangunguna ng mga

kampon nito sa Kongreso. Malinaw na ito ay maniobra para baguhin ang Konstitusyong 1987 upang makopo at palawigin ang kapangyarihan sa estado at burahin ang anti-Marcos na legasiya habang ipagkakaloob ang mga yaman at ari-arian ng bansa sa mga imperyalista.

Katawa-tawa ang pagpopostura ng paksyong Duterte bilang “oposisyon” lalo sa isinusulong ni Marcos Jr. na cha-cha. Peke, huwad at pakitang-tao si Duterte na siya ring nag-asam na baguhin ang konstitusyon sa panahon ng kanyang paghahari. Bilang tagahimod ng pwet ng imperyalismo, pinahintulutan niya ang mga neoliberal na patakaran sa pamamagitan ng Rice Liberalization Law, TRAIN Law, CREATE Law at pag-amyenda sa Public Service Act at Foreign Investments Act. Sa kanyang termino, nakipaglaro siya kapwa sa US at China para humuthot at mandambong ng pera at humingi ng suporta para sa ambisyong palawigin ang kanyang mamamatay-tao, tiraniko at pasistang rehimen. Ang kunwang pagtuligsa ni Duterte sa cha-cha ni Marcos Jr. ay pagtatangkang pigilan ang pagkopo ng solong kapangyarihan ng mga Marcos sa estado-poder.

Hindi malayong humantong sa armadong kumprontasyon ang bangayan sa pagitan ng mga Marcos at Duterte. Pareho silang may mga hawak at galamay na opisyal militar at pulis na handang makipagsagupaan anumang oras iutos. May mga lumilitaw na palatandaan ng nilulutong kudeta ng mga Duterte para agawin ang kapangyarihan sa mga Marcos habang pinaghahandaan din ito ng huli sa pagsasagawa ng balyahan ng sandatahang

pwersa at pagbubuo ng “counter-intelligence group” ng AFP. Malamang na ang ipinasok na bagong batalyon sa Timog Katagalugan ay may papel sa maaaring maganap na kudeta. Gayunman, matalinong hakbang ng mga ordinaryong kawal na huwag magpagamit sa kanilang mga bulok na opisyal at paksyun ng Marcos at Duterte para sa sariling makauring interes na mga ito sa pagkapit sa estado-poder, at kagaya din ng paggamit sa kanila sa kontra-rebolusyonaryong digma para supilin ang kanilang kapwa mahihirap at inaaping kababayan.

Samantala, ang pag-igting ng tunggalian nila sa loob ng bansa ay bahagi rin ng pag-igting ng tunggalian sa pagitan ng imperyalistang US (sa panig ni Marcos) at China (sa panig ni Duterte) para makontrol at magamit ang Pilipinas sa kanilang geo-pulitikal na interes. Malalim na nakaugat ang US sa loob ng AFP at sa buong estado, habang unti-unting lumalawak ang impluwensya ng China sa hanay ng mga militar at opisyal ng gubyrno, laluna sa malalaking burgesya komprador.

Ang nagpapatuloy na bangayan ng mga Marcos at Duterte ay bahagi at palatandaan ng lumalalang krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Malakas ang panawagan para sa panlipunang pagbabago at lumalaki ang pangangailangang isulong ang rebolusyon upang makaalpas sa mapang-api at mapagsamantalang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.



Dapat makiisa ang mga patriyotikong sundalo at pulis sa pakikibaka ng bayan para sa hustisya, kalayaan at demokrasya. Labis na kinamumuhian ng bayan ang pamilya Marcos sa sistematikong pagrerebisa sa kasaysayan upang maghugas kamay sa mga krimen nito noong Martial Law at walang-hiyang pagnanakaw ng bilyun-bilyong dolyar ng diktadura. Sa panunumbalik ng mga Marcos sa kapangyarihan, nais din nitong huthutin ang pera ng bayan sa tabing ng mga batas at programang Maharlika Investment Fund, Build Better More at iba pa. Samantala, sinisingil din si Duterte ng taumbayan sa kabi-kabilang kaso ng pamamaslang sa ilalim ng gera kontra-iligal na droga at kontra-rebolusyonaryong gera. Walang kapatawaran ang korapsyon at kriminal na kapabayaan ng nagdaang rehimen sa panahon ng pandemya. Dapat papanagutin ang mga pasistang Marcos at Duterte sa mga krimen at kasalanan nila sa taumbayan.

Ang tunay at makabuluhang pagtatanggol sa bayan ay paglaban sa imperyalismong US at China at kanilang mga papet na rehimen at lokal na burukrata sa katauhan ng mga Marcos at Duterte. Kung tunay na nais ipagtanggol ang bayan, dapat na itakwil ng mga sundalo at pulis ang mersenaryong tradisyon na nakaugat sa malalim na indoktrinasyong pasista at pagpapaalipin sa mga dayuhan. Pinakamahusay na lumahok sa rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan at sumapi sa NPA na tunay na hukbo ng mamamayan at ipaglaban ang interes ng sambayanang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya.###

# **Pagpupugay sa ika-85 na Kaarawan ni Ka Jose Maria Sison, Dakilang Lider at Tanglaw ng Rebolusyong Pilipino!**

Pebrero 9, 2024

**Arman Guerrero, Spokesperson  
NDF-Rizal**

Pulang pagpupugay at pagsaludo kay Kasamang Jose Maria Sison sa kanyang ika-85 na kaaraawan, siya ang Tagapangulong Tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM, ang ating dakilang lider, tanglaw at gabay sa Rebolusyong Pilipino.

Nanatiling buhay at nag-aalab ang rebolusyonaryong kapasyahan at optimiso ng mga manggagawa, magsasaka, maralita, kabataan, kababaihan, mga panggitnang pwersa at mga katutubo sa lalawigan ng Rizal at sa buong kapuluan. Taglay ang mataas na diwang isulong ang kilusang pagwawasto upang kamtin ang dramatikong pagsulong hanggang sa tagumpay.

Lalu lamang pinatunayan ang kawastuhan ng mga turo at aral ni Ka Joma na walang iba kundi ang pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo na inilapat sa partikular na katangian at obhetibong kalagayan ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Sa paglubha ng pandaigidigang krisis ng monopolyo kapitalismo na nanunuot sa ating lipunan, lalung nagiging mapanibasib at marahas ang pagsasamantala ng mga naghaharing uri, lalung higit na napatutunayan ang kawastuhan ng Demokratikong Rebolusyong Bayan na may

Sosyalitang Persperktiba bilang natatanging paraan sa pagwawakas ng pagsasamamantala sa pinakabatayang mga ugat nito na Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata Kapitalismo.

Ang buhay na iniaalay ni Ka Joma para sa rebolusyon at sambayanang Pilipino ay magsisilbing sulo ng pagpapatuloy ng mga bagong henerasyon ng mga komunista, rebolusyonaryo at mga aktibistang masa. Taliwas sa nais mangyari ng reaksyunaryong estado ng rehimeng US-Marcos II, AFP at NTF-ELCAC na sa pagkamatay ni Ka Joma noong Disyembre 16, 2022 ay magtatapos na rin ang armadong pakikibaka sa bansa na isinusulong ng CPP-NPA-NDF. Hindi na sila natututo sa kasaysayan, na anumang gawin nila at sukdulang umabot sa karahasan at pagpataw ng batas militar noon panahon ni Marcos Sr, hanggang't hindi nasusolusyonan ang ugat ng kahirapan, kahit nagkakailan na ang kanilang pinapaslang at mga namamatay ay may uusbong at uusbong pa rin na mga bagong sibol na mga rebolusyonaryong magpapatuloy ng dakilang pamana ni Ka Joma at lahat ng mga dakilang martir na patuloy na nagdidilig ng matabang lupa para sa rebolusyon. Malalim na nakaugat sa masa ang Partido Komunista ng Pilipinas-MLM na itinatag nina Ka Joma, isang partidong matapat na naglilingkod sa masang inaaapi at matapat na nagpupuna sa kanyang mga kamalian at kahinaan, solido at nagkakaisa sa organisayon sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo at siyentipikong nag-aaral ng obhetibong kalagayan batay sa materyalismong diyalektiko at istoriko upang wastong maipatupad

ang kanyang pampulitikang tungkulin na ipagtagumpay ang Demokratikong Rebolusyong Bayan hanggang sa Sosyalismo.

Sa paggunita at pagdiriwang ng kaarawan ni Kasamang Joma, muli nating kilalanin ang kanyang dakilang ambag sa rebolusyong Pilipino at sa internasyunal na kilusang komunista. Ibayong magpalakas, magpatatag at magpalawak! Biguin ang maitim na balak ng rehimeng US-Marcos II na tapusin ang 55 taong magiting na pakikibaka ng mamamayang inaapi sa pamumuno ng PKP!

Mabuhay ang dakilang alaala at pamana ni Ka Jose Maria Sison! Ipagtagumpay ang Kilusang Pagwawasto! Palawakin, Konsolidahin at Palakasin ang CPP-NPA-NDFP!

## **Itinatakwil ng Masbatenyo ang hidwaan ng mga pasistang kriminal na Marcos at Duterte!**

Pebrero 10, 2024

### **Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Sa harap ng patung-patong na pagdurusa ng mamamayan laluna ang walang awat na pagtaas ng presyo ng bilihin at lumalalang kundisyon ng pamumuhay, pinatutunayan ng awayang Marcos at Duterte na wala silang intensyong tugunan ang interes ng mamamayan.

Ang desperadong paligsahan ng mga Marcos at Duterte para sa kapangyarihan at dambong ay

patunay na itinatakwil na sila ng mamamayan bilang pinakamasasahol na kinatawan ng naghaharing uri. Ipinaranas nila sa mamamayan ang walang kasinglupit na pang-aapi at pagsasamantala.

Pamana ng kanilang paghahari ang mga patakarang neoliberal na nagdulot ng pagtaas ng presyo, pagbaba ng halaga ng sahod at kawalan ng lupa at trabaho. Numero uno rin silang mga tuta ng imperyalismong US sa pataksil na pagbenta sa soberanya ng bansa at pagpapahintulot ng ganap na imperyalistang kontrol sa Pilipinas. Sila rin ay mga berdugong hari na nagpataw ng walang kaparis na pasistang teror at panunupil sa mamamayan.

Partikular para sa mamamayang Masbatenyó, parehong dapat panagutin si Marcos Jr at Duterte bilang utak sa walang katulad na atakeng neoliberal at militar sa prubinsya, na kinatatangian ng mga sumusunod:

- 109 na biktima ng pampulitikang pagpaslang sa prubinsya at libu-libong biktima ng paglabag sa karapatang tao sa ilalim ng umiiral na batas militar sa prubinsya
- Libu-libong ektarya ng lupaing naagaw sa magsasaka, kabilang ang mga rantsong 7R at Pecson sa Cawayan, mga barangay na saklaw ng ekoturismong Empark-Masbate International Tourism Enterprise, iba pang mga lupaing brutal na inagaw ni Gov. Antonio T. Kho para sa rantso at quarry at mahigit 9,000 ektaryang target para sa kontra-magsasakang programa na Support to

## Parcelization of Lands for Individual Titling (SPLIT)

Dapat itakwil ng mamamayang Masbatenyo ang iba't ibang pakana ng parehong pangkatin para sa kapangyarihan. Itinutulak ngayon ng pangkating Marcos Jr ang pagbabago ng Konstitusyon (Charter Change o Cha-Cha) sa pamamagitan ng bogus na people's initiative.

Peke at pakitang-tao rin ang posturang oposisyon ni Duterte na nauna nang nagtulak ng Cha-Cha at nagsabatas ng mga patakarang lalong nagtali sa bansa sa dayuhang panghihimasok. Tiyak na makukulong si Duterte sa kanyang mga krimen sa sangkatauhan sa libu-libong napatay sa kanyang pasistang gera kontra droga.

Bigo na malinlang ang taumbayan sa pampulitikang panawagan na "Pagkakaisa", agad na pumihit si Marcos Jr sa pagtutulak ng "Bagong Pilipinas" bilang hudyat ng ambisyong maging diktador at pagtakpan ang luma, bulok at hindi na magagamot pang malakolonyal at malapyudal na sistema.

Kung hindi lalaban ang taumbayan, walang ibang patutunguhan ang kanilang hidwaan kundi ang pananatili ng pasistang lagim at paghaharing militar sa anyo ng pagpalawig sa poder ng mga Marcos o ng panunumbalik ng mga Duterte sa kapangyarihan.

# **Bukas na liham para sa mga kagawad ng midya**

Pebrero 11, 2024

## **Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Mapagpalayang pagbati sa mga kaibigan sa hanay ng midya!

Napakakritikal ng institusyon ng midya sa pagbabago ng lipunan bilang inaasahang instrumento ng katotohanan at pagpapahayag ng mamamayan, laluna sa kasalukuyang yugto ng lipunan kung saan laganap ang disimpormasyon, misimpormasyon at iba pang porma ng kasinungalingan.

Sa kasaysayan, ang karapatan sa malayang pamamahayag ay nagmula sa pakikibaka ng masa. Mula panahon ng lipunang alipin hanggang sa kasalukuyang yugto ng imperyalismo, palagiang kabahagi ng pakikipagtunggali ng uring api at pinagsasamantalahan sa naghaharing-uri ang paglaban sa panunupil at pagpapatahimik.

Nagsisilbi tayo sa masa at utang natin sa kanila ang anumang puwang ng demokrasyang ating tinatamasa. Ito ang dahilan kung bakit naninindigan tayo sa kritikal, mapanuri at malayang pamamahayag.

Kaya, bilang kapwa tagapagtaguyod ng malayang pamamahayag at tagapaglingkod sa masa, tapat na ipinapaabot ng rebolusyonaryong kilusan ang pagkabahalang nagagamit ang ilan sa inyo bilang

kasangkapan ng reaksyunaryong estado sa pagpapalaganap ng kasinungalingan at masahol, pagkakait ng katotohanan. Halimbawa nito’y ang mga tendensyang makaisang-panig na paglalabas ng mga pahayag ng militar, laluna kapag pinagtatakpan ang mga pinapatay nilang sibilyan bilang NPA na napatay sa engkwentro (maihahalintulad sa nanlaban-patay sa gera kontra droga).

Sa Masbate, karamihan sa mga pinatay ng militar, iba pang nakaranas ng abuso, at kanilang mga kaanak ay napagkaitan ng katotohanan.

Sa kaso ng mag-asawang Jover at Aimee Villegas na pinatay ng militar sa bayan ng Placer noong Setyembre 21, 2023, nagdulot ng trauma sa pamilya ng mga biktima ang tumatak na naratibong pinalabas ng militar sa midya. Ito ay sa kabila ng pagsusumigaw ng mga kaanak at kababaryo na sibilyan ang mga biktima.

Sa kaso naman ng pinagbabaril na magkaibigan sa Barangay Balantay, Dimasalang na ikinasawi ng menor-de-edad na si Rey Belan, ang pamamayagpag ng naratibong NPA ang mga biktima ay sinamantala ng kaaway upang baligtarin ang mga nakaligtas bilang siyang mga kriminal.

Sa panibagong kaso ng pagpatay sa matandang mag-asawang sina Pedro at Florencia Regala noong Pebrero 5, sa Barangay Tuboran, bayan ng Cawayan, walang ipinalabas ang militar na larawan ng mga bangkay, taliwas sa karaniwang kalakaran ng kaaway na iparada sa publiko ang



kanilang mga biktima. Sapat sana itong batayan para magduda at maging kritikal. Sa kabila nito, ipinalaganap ng iba't ibang istasyon tulad ng Bombo Radyo Legazpi ang balita nang walang kumpirmasyon o imbestigasyon sa veracity ng mga impormasyong ipinresenta ng militar.

Mapanganib ang ganitong tunguhin, mga kaibigan. Hindi niyo man sinasadya, sa makaisang panig na paglalabas ng balita mula sa estado, maaari niyo nang nababalewala ang hirap at kalupitang dinaranas ng masa at masahol, ay napagkakaitan sila ng hustisya. Lalong mapanganib kung mawala na sa inyong hanay ang mga batayang prinsipyo ng dyornalismo tulad ng pagsusuri at pagsisiyasat kapalit ng sensationalismo at dikta ng corporate media.

Ang aming matapat na puna'y hindi naglalayong pigilan kayo sa inyong diskresyon at karapatan sa pamamahayag. Sa halip, nais namin kayong tulungan sa pagpapaalalang maipaglalaban lamang natin ang karapatan sa malayang pamamahayag kung panghahawakan natin ang mga tungkuling kaakibat sa pagsusulong nito. Ibig sabihi'y tapat, may paninindigan at maka-masang pamamahayag na nakabatay sa kongrektong pag-alam at pagsusuri sa kalagayan.

Naiintindihan naming karamihan sa inyo'y nasa mahirap na pusisyon. Hindi maitatangging ang kasalukuyang tradisyunal na midya ay pinaghaharian ng corporate media. Sa sistemang kapitalista kung saan nagiging instrumento ang impormasyon sa pang-aapi at pagsasamantala,

maaaring pagkakitaan ang katotohanan o pagkakait nito.

Pinakamasahol ay ang panunupil at pandarahas mismo sa inyong hanay. Marami sa inyo ay biktima ng panghahas, panggigipit, pambabanta at Red-tagging, laluna nang mabuo ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. May mga pinatay. Nagdudulot ito ng takot at naapektuhan ang ating responsibilidad na ihatid ang tama at kumpletong impormasyon para ipalaganap ang aral na opinyong publiko o self-censorship. Makabuluhan sa pakikibaka ng midya ang pagdating ni UN Special Rapporteur Irene Khan at ang rekomendasyong buwagin ang NTF - ELCAC.

Hindi kayo masisisi kung mas napauunlakan niyo ang kaaway dahil totoong mas mabilis para sa kanila na makapaglabas ng pahayag laluna't nasa kanila lahat ng rekurso para kontrolin ang daloy ng impormasyon. Sa katunayan, kailangang harapin ng kilusan at masa ang araw-araw na mga hamon sa seguridad at iba't ibang paraan ng kaaway upang limitahan ang masa sa paglalantad ng kanilang tunay na kalagayan tulad ng news blackout, censorship, troll campaign at pananakot.

Nais naming ipatanaw sa inyo na ang mga dinaranas ninyong kahirapan ay patunay na hindi kailanman malulubos ang kalayaan sa pamamahayag sa ilalim ng kasalukuyang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal. Malayo pa ang ating dapat pagsikapan upang lubusang matamasa ang karapatan at kalayaan sa pamamahayag. Mangyayari lamang ito kung

magtatagumpay ang ilunukunsad nating armadong rebolusyon.

Habang hindi pa ito naaabot, tungkulin natin bilang mga alagad ng katotohanan na hindi tumigil sa pakikibaka para sa kanilang karapatan at kalayaan at labanan ang palagiang pakana ng estado na ipagkait ito. Sa harap ng mga hamon, hinihikayat namin kayong laging manindigan para sa malaya at para sa masang pamamahayag. Hinihiling namin na sana'y hindi mawala sa inyo ang mga prinsipyo at paninindigan bilang kagawad ng midya, mula kongretong pagsusuri at pagsisiyasat sa kalagayan, pagpapalalim ng pag-unawa at higit sa lahat, ang maka-masang tindig at pananaw.

Hinihikayat namin kayong sumama at mag-organisa ng iba't ibang mga inisyatiba tulad ng fact finding missions, mga treyning sa community journalism, educational discussions at mga kilos protesta at iba pang mobilisasyon upang mapalalim ang pag-unawa sa masa.

Mahalaga rin ang pagkakaisa sa inyong hanay upang sama-samang maipagtaggol ang kanilang karapatan at kalayaan sa pamamahayag. Kapugay-pugay ang pagsisikap laluna ng mga kabataang journalists sa Bikol sa paglulunsad ng mga safety at paralegal trainings, psychological assistance at iba pang solidarity activities laban sa malawakang panggigipit sa kanilang hanay.

Sa darating na paggunita ng ika-38 anibersaryo ng pag-aalsang EDSA, nawa'y alalahanin natin ang pagkamartir ng ating mga kasamahan sa ngalan

ng katotohanan para sa masa. Gawin natin silang inspirasyon sa paninindigan at prinsipyo. Bilang mga kagawad ng midya at tagapaglingkod ng masa, hinihikayat namin kayong tahakin ang landas ng rebolusyon para sa malayang pamamahayag, katotohanan at kapakanan ng bayan.

## **Mabuhay si Jose Maria Sison! Dakilang lider at inspirasyon ng Kabataang Pilipino!**

Pebrero 11, 2024

### **Kabataang Makabayan-Rizal**

Matagumpay na nakapaglunsad ng oplan pinta at oplan diki ang Kabataang Makabayan-Rizal upang gunitain at pagpugayan ang ika-85 kaarawan ni Ka Jose Maria Sison, isang dakilang lider at tanglaw ng rebolusyong Pilipino. Inihanda ng mga kabataan ang isang portrait (wheatpaste art) ni Ka JMS at idinikit sa mataong lugar sa Barangay San Juan, Taytay upang maabot ng likha ang malawak na hanay ng masa na dumadaan papuntang Bagong Palengke ng Taytay.

Ipinamalas ng Kabataang Makabayan-Rizal ang taglay nitong pagkamalikhain upang ibalandra ang alay nitong likhang-sining para sa nagdaang kaarawan ni kasamang Jose Maria Sison. Hinding-hindi mapipigilan ng reaksyonaryong pwersa ang kasiglahan ng kabataang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan.

Handang-handa ang KM-Rizal na i-alay ang talento at lakas para ipagpatuloy ang nasimulang laban ng Kabataang Makabayan na itinatag ni Jose Maria Sison noong Nobyembre 30, 1964. Mahigpit na pinagkukunan ng inspirasyon ng kabataang Rizaleño ang kadakilaan ni Ka Joma bilang isang rebolusyonaryo, guro, manunulat, at makabayan.

Tiyak na mas magiging mapangahas ang Kabataang Makabayan-Rizal na gamitin ang sining upang ilantad ang kabulukan ng estado at sa patuloy na lumalalang atake, at pasismo ng rehimeng US-Marcos II-Duterte.

## **Hustisya para sa mag-asawang Regala! Panagutin ang AFP at US-Marcos II sa kanilang killing spree!**

Pebrero 13, 2024

### **Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog**

Mariing kinukundena ng NDFP-ST ang karumaldumal na pamamaslang ng 2nd Infantry Battalion Philippine Army (IBPA) kina Pedro Regala, 78, at Florencia Regala, 67, sa Barangay Toboran, Cawayan, Masbate noong Pebrero 5. Sila ay dinukot mula sa kanilang tahanan, dinala sa lilblib na lugar, at pagkatapos paulit-ulit na pagbabarilin ay tinamnan ng armas para palabasing NPA.

Mga halimaw at uhaw sa dugo ang 2nd IBPA sa pagpaslang sa mga Regala. Sina Lolo Pedro at Lola Florencia ay wala nang kakayahang ipagtanggol ang kanilang sarili. Bukod sa pasakit

na dulot sa mga kapamilya ng mag-asawang Regala, salot sa lipunan ang mga militar na naiulat na lulong sa droga nang ginawa ang krimen.

Tahasang nilabag ng 2nd IBPA ang International Humanitarian Law (IHL) at ang prinsipyo nitong pag-iiba sa pagitan ng mga sibilyan at kombatant. Dapat kilalanin ang mag-asawang Regala bilang sibilyan sa ilalim ng IHL at hindi gawing target-militar. Walang kredibilidad ang rehimen na pumosturang makatao sa harap ng patong-patong na kaso ng pagpatay sa mga sibilyan at panawagang hustisya ng kanilang pamilya.

Hindi na bago sa rekord ng AFP at rehimeng US-Marcos II ang magsagawa ng killing spree' sa hanay ng karaniwang mamamayan. Noong Hulyo 26, 2022, pinaslang ng 59th IBPA ang magsasakang may kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno, 52, sa Barangay Cahil, Calaca City, Batangas. Matapos gawin ang krimen, pinalabas din siyang NPA. Ganito rin ang modus sa mga sibilyang sina Pretty Sheine Anacta, 19, at Rose Jane Agda, 30, nang paslangin ng parehong yunit militar sa Barangay Malalay, Balayan, Batangas noong Disyembre 17, 2023. Pagkatapos paslangin ay tinamnan ng baril ang kanilang labi. Si Rose Jane ay pinangalanang Ka Binhi' sa pahayag ng 2nd Infantry Division kahit na kinilala siya ng mga kaanak. Hindi pa nangimi, pinagsamantalahan pa ang nasawing si Rose Jane. Hindi rin makakalimutan ng mamamayan ang pagmasaker ng 94th IBPA sa pamilya Fausto ng Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental noong Hunyo 14, 2023. Pinatay rito ang mag-asawang Roly at Emilda, at dalawang

anak na sina Ravin at Ben na mga menor-de-edad. Sila'y pamilyang magsasaka na nakikibaka para sa karapatan sa lupa.

Maruming taktika ng kontra-rebolusyonaryong gera ng reaksyunaryong estado ang pagpatay sa mga sibilyan at pagbabansag sa kanila bilang mga NPA upang pagtakpan ang kanilang krimen. Hinalaw nila ang iskemang ito sa Counter-insurgency Guide ng imperyalismong US. Walang pinipiling biktima ang mga berdugo, bata man o matanda, may kapansanan, at walang kapasidad lumaban sa pagkahayok na madurog ang rebolusyonaryong kilusan. Desperasyon ito ng estado upang palabasin na nagtatagumpay ang kanilang kampanyang paglipol sa armadong rebolusyonaryong paglaban na pinangungunahan ng CPP-NPA. Niloloko lamang nila ang kanilang sarili at ginagatungan ang poot ng mamamayan sa bulok na estado dahil sa kanilang mga atosidad.

Karapat-dapat kamuhian ng sambayanang Pilipino ang pasista-teroristang rehimeng US-Marcos II. Libu-libong mamamayan ang mag-aalsa at sasanib sa rebolusyon upang singilin ang mapang-aping estado. Sa pagtatagumpay lamang ng digmang bayan ganap nating makakamit ang tunay na katarungan para sa mga biktima ng karahasan at krimen ng estado laban sa mamamayan.

## **Importasyon at kainutilan ng guberno, dobleng pasakit sa mamamayan at magsasaka ng palay**

Pebrero 14, 2024

## **Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog**

Gabundok na ang pasanin ng magsasakang Pilipino at mamamayan dahil sa Rice Liberalization Law (RLL) mula nang isabatas ito noong Pebrero 14, 2019 at dahil sa kainutilan ng gubyrerno sa harap ng sakunang El Niño. Dahil sa El Niño tinatayang bababa ang produksyon ng palay habang sisirit ang presyo ng bigas hanggang Setyembre. Malaon nang sumadsad ang presyo ng palay sa farmgate pero lalupa itong bulnerableng bumagsak dahil sa pagbaha ng imported na bigas na magpapawalang-saysay sa lokal na produksyon ng palay.

Dahil sa RLL, tinalikuran ng gubyrerno ang responsibilidad nitong bilhin ang palay ng mga magsasaka at ipinaubaya sa mga pribadong negosyante ang pagbili ng lokal na palay. Nilalaro ng mga komersyante ang presyo ng palay at bigas sa pamilihan. Sa Laguna, nasa ₱15-17 ang bili sa palay ng mga magsasaka habang ₱14-15 sa Mindoro. Sa sobrang pagkalugi sa bentahan, may mga kaso sa Mindoro kung saan umaabot lamang sa ₱968 ang netong kita ng magsasaka sa apat na buwan, katumbas ng ₱12 kada araw.

Pinatunayan ng nagdaang limang taon na walang silbi ang RLL sa pagkontrol sa presyo ng bigas sa pamilihan. Noong Disyembre 2023, naitala ang pinakamataas na implasyon sa bigas (19.6%) mula Marso 2009 (22.9%). Umaabot na ngayon sa ₱50-60 ang presyo ng regular milled rice samantalang nasa ₱40-45 lang ito bago isabatas ang RLL. Ang talamak na rice hoarding ng mga kartel ay ginamit



para pasipain ang presyo ng bigas. Sinamantala nila ang implasyon at “kakulangan ng suplay” para ilusot ang mataas na presyo ng bigas.

Ibayo pang iniinda ng mga magsasaka ng palay ang mga sakuna na pumipinsala sa mga pananim, pinakahuli ang nagaganap ngayong El Niño. Nitong Enero, nasa ₱109.44 milyon na ang pinsalang idinulot ng El Niño sa mga magsasaka ng palay. Nasa 65 probinsya ang apektado nito. Inutil ang reaksyunaryong estado, sa pangunguna ng Department of Agriculture, na lutasin ang problema ng mga magsasaka sa sakuna. Pantapal na solusyon ang kakarampot na ayuda na tiyak na hindi sasapat sa gutom ng mga magsasaka. Boladas ang mga pinagmamalaking modernisasyon sa agrikultura ni Marcos Jr. na wala namang kongkretong pakinabang para sa masang magsasaka. Malaki ring kalokohan na ilagay ang Department of National Defense bilang ulo ng Task Force El Niño—ano namang magagawa ng mga kapural ng pasismo sa suliranin ng masang magsasaka? Huli na ngang binuo, tiyak na itutulak nito ang ibayong karahasan at militarisasyon sa kanayunan.

Samantala, pinokusan lamang ng rehimeng Marcos II ang tinatayang kakulangan sa suplay ng bigas sa pamamagitan ng pagpapalobo ng importasyon. Panandaliang solusyon lamang ito sa krisis sa bigas pero kapalit nito ang pag-upos sa kapasidad ng Pilipinas na pakainin ang sarili. Sa limang taon ng RLL, nakita ng mamamayang Pilipino ang malaking ibinagsak ng kabuhayan ng mga magsasaka ng palay. Sa unang tatlong taon

nito, higit ₱92 bilyon na ang ibinagsak ng produksyon ng palay sa bansa.

Kahangalan ang pagsalig sa importasyon na di umano'y kalutasan sa gutom, estableng suplay at abot-kayang presyo ng bigas. Nakaayon ang programang importasyon ng estado sa neoliberal na patakaran ng imperyalismo na liberalisasyon ng agrikultura upang gawing bagsakan ng mga sobrang produkto ng imperyalistang bansa ang mahihirap na malakolonya at malapyudal na bansa kagaya ng Pilipinas. Lalo nitong ginagawang palaasa ang Pilipinas at tinatangalan ng kapasidad na maging independyente o umaasa-sa-sariling ekonomya, partikular ang pagkakaroon nito soberanya at seguridad sa pagkain. Nitong 2023, inungusan na ng Pilipinas ang China sa pagiging numero unong importer ng bigas sa buong mundo. Inaasahang tatagal pa ito hanggang 2028 ayon sa mga eksperto.

Ang RLL ay manipestasyon ng pagpapailalim sa neoliberal na patakarang sumasagasa sa likas na mabuway na pundasyong pang-ekonomya ng malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino. Nilulukuban ng imperyalismo ang bansa kaya't nananatiling atrasado, agraryo at pre-industriyal ang ekonomya. Ipinataw ang RLL bilang pagtalima ng reaksyunaryong gubyerno sa Agreement on Agriculture sa balangkas ng General Agreement on Tariffs and Trade-World Trade Organization.

Sa disenyo ng imperyalistang globalisasyon, sadyang inaabandona ng papet na estado ang lokal na produksyon, laluna ang agrikultura. Kasabwat nila ang mga lokal na naghaharing

uring malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa sa pagpapabansot ng ekonomya dahil pinakikinabangan nila ang kurakot at ganansya mula sa imperyalismo kaysa pag-unlad ng lokal na agrikultura at industriya. Kasabwat din sila sa pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa. Wala ring pakialam ang mga ito sa paghagupit ng mga sakuna sa bayan.

Kabaliktaran ng bulok na kaayusan sa ilalim ng reaksyunaryong estado ang programa na isinusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon para sa mga magsasaka at agrikultura. Isinusulong ng CPP-NPA-NDFP ang pambansa demokratikong rebolusyon na magbabagsak sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Itatayo nito ang demokratikong gubyernong bayan na magpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Ititindig nito ang ekonomyang malaya at umaasa-sa-sarili. Ang mga sakuna katulad ng El Niño ay lalapatan ng kongkreto at siyentipikong mga hakbangin upang makaalpas sa krisis at kahirapan ang bayan.

Hinahangad ng NDFP-ST, rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ng Timog Katagalugan ang isang lipunang malaya, mapayapa at masagana. Kailangang tahakin ang pambansa demokratikong rebolusyon, na sa esensya'y isang digmang magsasaka. Nararapat lumahok sa armadong rebolusyon ang masang magsasaka, bilang pangunahing pwersa at mayorya ng mamamayang Pilipino, upang wakasan ang pyudal at malapyudal na pang-aapi at pagsasamantala sa bayan.###

## **MALAYA KA Program ng 80th IB, lumang istilo ng panlilinlang at panggigipit sa mamamayan, paglabag sa internasyunal na makataong batas!**

Pebrero 15, 2024

### **Macario 'Ka Karyo' Liwanag, Spokesperson NPA-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command)**

Buong pagyayabang na ibinibida ng 80th IBPA ang kasinungalingan sa kanilang MALAYA KA Program, na diumano'y makabagong pamamaraan upang wakasan ang terorismo. Kaisa at katuwang diumano ang mga pamilya ng mga miyembro ng NAAC-NPA-Rizal sa pagpapasuko sa kanilang mga anak at kamag-anak sa pagdurog sa CPP-NPA-NDFP. Tusong iskema nila ang propagandang ito sa social media upang pagmukhaing kaisa nila ang mga pamilya ng mga pinaghihinalaang kasapi ng NPA at diumano'y labag sa kagustuhan ng mga ito ang pananatili ng kanilang mga kaanak sa rebolusyonaryong kilusan.

Inilunsad ng 80th IBPA ang mga papulong sa Brgy. Puray, sa Rodriguez, Brgy. San Jose at Brgy. Calawis sa Antipolo City, at Brgy. Punta sa Jala-Jala sa ilalim ng programang MALAYA KA. Mga serye ng talakayan, pakikipagpulong at imbestigasyon sa mga pamilya ng mga pinaghihinalaang kasapi ng New People's Army upang kumbinsihin at sa bandang huli ay obligahin na makipagtulungan ang mga ito sa pagpapasuko sa kanilang mga anak o kapamilya na diumano'y aktibo sa rebolusyonaryong kilusan.

Taliwas sa nais nilang palabasin na pakikipagkaisa at pakikipagtulungan ng mga pamilya, hindi boluntaryo at sa halip ay napipilitan lamang ang mga ito na dumalo sa mga papulong. Habang sinasamantala nito ang pagdalo ng mga kapamilya ng pinaghihinalaang NPA upang gamitin sa kanilang itim na propaganda. Ginagamit ang mga litrato ng mga diumanong kapamilya, upang likhain ang isang imahe ng pakikipagtulungan sa kanila.

Sa katunayan, pahayag ng ilang nakadalo, inip na inip na silang matapos ang bawat pulong na kanilang ipinatatawag. Nasusuklam din silang pakinggan ang alam nilang hinahabi na kasinungalingan at panlilinlang ng pasistang AFP-PNP at NTF-ELCAC, na pawang nilalagyan ng katumbas na pera ang buhay at dangal ng kanilang mga kamag-anak. Banggit pa ng ibang kapamilya, hirap na hirap na sila sa paulit-ulit na pagpapatawag sa kanila ng 80th IB na humantong na sa kanilang paglikas at paglipat ng tirahan para umiwas sa pambubuliglig ng mga militar.

Bukod sa papulong ay isinasailalim din ang mga pamilya ng NPA sa mahigpit na pagmamanman at mga imbestigasyon. Ang iba pa nga ay sinusundan sa kanilang mga pinupuntahan—sa kaingin, bukid, gulayan, at kahit sa mga bahay ng iba pang kakilala at kamag-anak. Nakakapang-insulto na napili pa nila ang katawagang MALAYA KA para sa kanilang programa na sa aktwal ay nagkakait sa mamamayan sa kanilang malayang pagkilos.

Malinaw na panlilinlang ang programang ito na sa tabing ng MALAYA KA at diumano’y para sa

kapayapaan subalit ang totoo'y nagdudulot ito ng ligalig sa mamamayan at mga pinaghihinalaang kapamilya ng NPA. Malinaw na nagsisilbing psywar ang programang ito para sa kanilang imbing pakana na durugin ang CPP/ NPA.

Malinaw din na ito ay paglabag sa internasyunal na makataong batas alinsunod sa prinsipyo nito ng pagtatangi/pag-iiba sa pagitan ng mga sibilyan at kombatant (distinction) na nagsasabing hindi dapat atakehin ang mga sibilyan at lahat ng kanilang pag-aari. Mayor na nilalaman ito ng Comprehensive Agreement for the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinagkasunduan ng GRP at ng NDFP at nasa puso ng Geneva Conventions of 1949 at ang karugtong nitong Additional Protocols of 1977. Mabibigo ang MALAYA KA Program sa kanilang iskema, kung saan nagpapatuloy ang kahirapan, karahasan , panlilinlang at terror sa mamamayan. Kailanman, ay hindi makakamit ang kapayapaan ng hindi inuugat ang puno't dulo ng problema ng mamamayan na siyang laging tinatanggihang lutasin ng reaksyunaryong gobyerno. Ang kapayapaan ay dapat nakabatay sa katarungang panlipunan at hindi sa pambubusal sa bibig at paggapos sa kamay ng mamamayan. Hangga't walang katarungang panlipunan ay hindi magkakaroon ng tunay na kapayapaan. Ganundin hindi titigil ang New People's Army sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas na tupdin ang kanyang sentral na tungkulin na ibagsak ang mapang-aping naghaharing sistema.###

## **Armas, narekober sa operasyon silot sang NPA**

Pebrero 15, 2024

### **Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle Command)**

Isa ka riple sang .22 nga armas nga may 44 ka mga bala sini, isa ka .357 nga pistola kag mga bala sini, duha ka smartphone kag nagkalain-lain nga mga ID ang nakuha sang mga operatiba sang Roselyn Jean Pelle Command-Northern Negros Guerrilla Front sang New People's Army (RJPC-NPA) sa operasyon silot batok kay Allan Macasling sa Sitio Bangkirohan, Barangay Salamanca sa banwa sang Toboso, Negros Occidental sadtong Pebrero 13, 2024, mga alas otso sang aga.

Daku ang bulig sang pumuluyo sa pagpatuman sini nga operasyon sa eksteryor nga bahin sang larangan gerilya, nga lapit sa national hi-way, lapit baybay kag lapit sa sentro sang banwa.

Ang operasyon silot ang ginhimo sang NPA kontra kay Macasling sandig sa madugay na nga mga reklamo sang pumuluyo, ilabi na sa mga nangin biktima sang iya kapintas, nga nabaton sang NPA. Patong-patong ang reklamo kontra kay Macasling kaangot sa iya pagpang-agaw duta, pagpamahog gamit ang armas paagi sang pagpanaya kag/ukon pagpalupok sini, lakip ang iya pagk kontra-rebolusyon. Ang mga hinimoan ni Macasling sa iya mga kaingod nagtuga sang kakugmat sa pumuluyo

kag nagbunga sang kabalaka para sa ila pagpuyo kag pagpangabuhi.

Ginapaathag nga wala sang anuman nga kaangtanan ang rebolusyonaryong buhis sa pagsilot kay Macasling.

Panugyan sang RJPC-NPA sa tanan nga may kaso kontra sa pumuluyo nga untaton na ang inyo malain nga mga hinimoan kag bag-uhon ang kontra-rebolusyon nga gawi. Magsurender man kamo sa pinakalapit nga yunit sang CPP, NPA ukon sa mga rebolusyonaryo nga organisasyon sang masa, dala ang inyo mga armas sa pagpangabusar, agud mahatagan kamo sang kahigayunan nga magbag-o.

Indi magduha-duha ang NPA sa paghatag sang nagakadapat nga hustisya sa mga biktima sang mga kontra-rebolusyon kag malain nga mga elemento. Ang rebolusyonaryo nga kahublagan naga-alagad sa pumuluyo kag nagapangapin sa ila pagpuyo kag pagpangabuhi sa tunga sang grabe nga kapigaduhon.###

## **Isiwalat ang katotohanan ng terorismo ng 80th IBPA sa Rizal!**

Pebrero 15, 2024

**Macario 'Ka Karyo' Liwanag, Spokesperson  
NPA-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command)**

Mariing kinukundena ng NAAC-NPA-Rizal ang mga kasinungalingan ng 80th IBPA. Pilit pa rin nitong pinagtatakpan ang katotohanan sa naganap na labanan sa Sityo Balagbag, Barangay San



Isidro, Rodriguez noong Enero 31, 2024, pati ang mga krimen nila sa mamamayang Rizaleño.

Sa pinakahuling pahayag ng pasistang tropang pinamumunuan ni Lt. Col. Mark Anthony U. Ruby, pilit na itinanggi at tinawag pang kathang-isip ang pagkakasawi ng kanilang kasundaluhan sa naganap na labanan. Nakita mismo ng mga Pulang Mandirigma ang tinamaan at hindi na bumangong katawan ng kanilang kasama at mismong mga sibilyan ang nakakita na may mga inilabas na bangkay ng mga sundalo matapos ang labanan.

Walang ni katiting na respeto man lamang ang pamunuan ng 80th IBPA sa kanyang kasundaluhan at sa mga pamilya ng mga ito para ilitaw ang mga pangalan ng mga nasawi sa kanilang hanay. Mas pipiliin nito na pangalagaan at linisin ang nabubulok nitong reputasyon kaysa ipauna ang kapakanan ng kanyang mga sundalo.

Pambabaluktot din sa katotohanan ang binubuladas ng 80th IBPA hinggil sa pagsasara ng ilang mga resort matapos ang labanan dahil diumano sa takot at pangamaba sa mga NPA. Subalit sa katunayan ay sila mismo ang nagpasara ng ilang mga resort. Dagdag pa may rekord na ang mga berdugo noong nakaraang taon na pagbawalan ang lahat ng mga turista na umahon sa Balagbag at ipasara ang mga resort.

Makapal ang mukha ng 80th IBPA na itanggi ang mga karumal-dumal at walang-tigil nilang krimen sa mamamayang Rizaleño. Sa unang hati pa lamang ng 2023 ay sunod-sunod na tahasang

karahasan at akto ng terorismo ang ginawa nito sa Rizal.

Matapos ang labanan noong Abril 1, 2023 sa Sityo Kislatan, Barangay Mascap, Rodriguez, Rizal, kumalat ang balitang nagbanta ng pambobomba ang nasabing yunit sa ilang mga barangay ng Rizal. Ang totoo'y hindi ito nanatiling banta, sadyang pinasabugan nito ng mortar ang bahagi ng Payaran habang pinagbabaril naman ang isang lalaking residente ng sityo na nagsusuga lamang ng kaniyang kalabaw.

Dahil din sa pagmomortar na ito, inatake sa puso hanggang mamatay ang isang edad 70 na babae dahil sa takot nang sumabog ang mortar ng 80th IBPA. May matinding trauma ito mula sa martial law na nanumbalik sa kanyang alaala dahil sa nasaksihan niyang pambobomba. Ang ilan naman ay inaabot na ang mapraning sa lahat ng pagpapasabog na kanilang naririnig dahil sa presensya ng militar.

Pinagbantaan din ang isang kapamilya ng diumanong NPA na kapag hindi sinabi kung nasaan ang mga NPA ay dadalhan sila ng warrant of arrest. Marami sa Sityo Malasya at Uyungan ng Barangay Puray, Rodriguez ay hindi na umuuwi sa kanilang mga tahanan dahil sa takot sa mga militar at hindi sila tinatantanan sa pagtatanong at panghahas. Iilan na lamang ang mga tao roon at napilitan silang lumipat sa Sityo Amusin na malapit sa kampo para hindi na sila puntahan lagi ng mga militar kahit pa nasa Malasya ang kanilang mga taniman.

Matapos ang pambobomba, dumagsa ang militar sa mga barangay ng Mascap, Puray at San Rafael at pwersahang pinalikas ang 250 pamilya. Mahigpit ding kinontrol ang paggalaw ng mga residente, kung kaya't naobliga silang patagong pumunta sa kanilang bukid para mag-ani ng kanilang tanim. Mistula silang magnanakaw sa sarili nilang taniman dahil sa paghihigpit ng militar.

Bukod pa rito, ginawa ng garison ng 80th IBPA ang paparaming mga sityo sa Rizal tulad ng Sityo San Josef, San Ysiro at Sityo Kaysacat sa Barangay San Jose sa Antipolo City; Sityo Kabuhuan at Sityo Ilas ng Barangay Puray; Sityo Dambana ng Barangay Mascap at Sityo Balagbag ng Barangay San Isidro sa Rodriguez. Halos 2 taong nanatili ang kaaangat lang na tropa sa bahayan sa Sityo San Josef. Habang halos 1 taon na ang nasa Sityo San Ysiro at Sityo Ilas.

Nakakabulahaw din sa mga residente ang ingay na dulot ng awayan ng mga sundalong nagiinuman sa gabi sa Barangay Mascap at Barangay Puray.

Ito ang malaon nang nagdudulot ng pangamba at takot sa hanay ng mamamayan, na maganap muli ang pagbabarilan ng mga ito tulad ng nangyari noong 2012 dahil sa pagkalango ng mga ito sa alak. Kung tutuusin ay labag sa Geneva Conventions at Protocol II ang kanilang pagkakampo malapit sa sibilyang populasyon.

Malinaw kung sino ang tunay na naghahasik ng terorismo sa Rizal. Naghuhugas-kamay lang ang

80th IBPA dahil desperado itong pagtakpan ang mga kasalanan nito sa mamamayan. Sa katunayan, hindi rin naman malalaman ng NPA ang mga kasong ito kung hindi galing sa pagdudulog ng masa ng kaapihang nararanasan nila sa kamay ng 80th IBPA. Anupaman ang sabihin ng pasistang tropang ito ay alam ng mamamayan ang totoong mga kaganapan sa kanilang mga baryo.

Dapat tuloy-tuloy na ilantad ang paghuhugas-kamay ng 80th IBPA. Dapat silang panagutin sa mahabang listahan ng mga krimen nila sa mga Rizaleño. Nag-uumapaw ang dahilan para palayasin ng mamamayan ang pasistang 80th IBPA mula sa kanilang mga baryo.

## **Philippine Army in Negros Island to safeguard ruling class, imperialist interests**

Pebrero 16, 2024

**Maoche Legislador, Spokesperson  
NPA Negros Island Regional Operational  
Command (Apolinario Gatmaitan Command)**

It is no surprise that reactionary state troops will not be pulled-out from Negros Island after the Philippine Army's 3rd Infantry Division pretentiously claimed guerrilla fronts on Negros were already dismantled. It is also natural for Negros Occidental Governor Eugenio Lacson to parrot such talk as he represents the exploiters and oppressors of Negros Island whom the mercenary 3rd ID serves.

The Apolinario Gatmaitan Command-New People's Army Negros Island Regional Operations Command (AGC-NPA) strongly belies the 3rd ID's claim that it has "dismantled" even one guerrilla front on the island. Up to now, all five guerrilla fronts under the AGC-NPA continue to perform as the Communist Party of the Philippines' (CPP) primary weapon in waging protracted people's war through extensive and intensive guerrilla warfare on the basis of an ever widening and deepening mass base in their respective areas of responsibility.

The sustained presence of the Armed Forces of the Philippines (AFP) on the island bares its hogwash 'dismantled' declaration out in the open and exposes the anti-insurgency campaign as a fascist means to a neoliberal end. To present a facade of a dismantled front, the AFP, Philippine National Police (PNP) and National Task Force (NTF)-Elcac carry out a series of onslaught through military offensives and psywar and intelligence operations on peasant communities, conceal countless human rights violations through declaring fake encounters and fake surrenders, and promote corruption-ridden and band-aid government programs like the Barangay Development Program.

Relentless focused military operations in Negros continue to result in numerous human rights violations, most recently the ransack of a peasant home by the 15th IB and 47th IB in Cauayan, Negros Occidental. There are about 600 incidents of human rights violations perpetrated by

reactionary state forces on Negros Island under the US-Marcos II regime as monitored by the National Democratic Front (NDF)-Negros, involving over 39,000 victims.

After ‘dismantled’ declarations and the recommendation of placing Negros Island under a state of Stable Internal Peace and Security (SIPS), reactionary propaganda machineries bombard the media with promises of ‘development’ and ‘progress.’ The scheme is obvious—suppress dissent in resource-rich communities to pave the way for the interests of multinational corporations and big comprador-landlords. The AFP/PNP/NTF-Elcac are mere tools and attack dogs of the ruling class and their imperialist master to railroad neoliberal projects such as destructive mining and quarrying from northern to southern Negros, a commercial plantation in Candoni town, expansive land reclamation projects to transform Bacolod City and Dumaguete City into “super” and “smart” cities, environmentally unfriendly bulk water projects or mega dams in north and south central Negros, and other forms of economic attacks against the people.

In truth, reactionary state forces will remain on the island to safeguard the interests of big compradors and landlords and bureaucrat capitalists like Gov. Lacson in connivance with imperialists. The reactionary state requires its armed machinery to paint the picture of security for the ruling class, so it can continue to exploit and oppress the Negrosanon masses.

While fascism and neoliberalism persist, Negrosanons find justness in armed resistance. In this semi-colonial and semi-feudal society, the oppressed and exploited have reasons everyday to support and join the revolutionary movement. So long as the rule of the few lingers, the NPA and the people's democratic revolution cannot be dismantled.###

**“Rectify errors, consolidate and expand our ranks! Defeat the US-Marcos II regime! Onward with the people's war!”**

Pebrero 17, 2024

### **Christians for National Liberation (CNL)**

“Is this the kind of fasting I have chosen: to lose the chains of injustice and untie the cords of the yoke, to set the oppressed free and break every yoke? Is it not to share your food with the hungry and to provide the poor wanderer with shelter—when you see the naked, to clothe them, and not to turn away from your own flesh and blood?” (Isaiah 58: 6-7)

The protracted stagnation and crises of the moribund global capitalist system have resulted in the escalation of US-led inter-imperialist proxy wars especially in Ukraine and Palestine. The crisis of the semi-colonial and semi-feudal system of the Philippines continues to worsen. The Filipino suffer from greater poverty and destitution due to bureaucratic corruption and social injustice under the US-Marcos II regime.

But the people continue to resist, organize themselves, and wage revolution.

Against this backdrop, we celebrate today, February 17, 2024, the 52nd founding anniversary of the Christians for National Liberation (CNL) with the theme: “Rectify errors, consolidate and expand our ranks! Defeat the US-Marcos II regime! Onward with the people’s war!”

We salute and give the highest tribute to our CNL revolutionary martyrs and heroes who selflessly offered their lives in the struggle and the revolution. Their blood poured and offered to nourish and blossom the CNL and the national democratic revolution with a socialist perspective.

On this date, we also remember in our history 152 years ago the martyrdom of the three Filipino Priests—Fathers Mariano Gomez, Jose Burgos, and Jacinto Zamora, known as GOMBURZA, that sparked the 1896 Philippine Revolution which crushed over three centuries of dominance of Spanish colonialism in our country.

Like gold tested in fire, CNL has stood firmly on its Christian revolutionary standpoint and praxis, for more than five decades of full and vigorous participation in the struggle of the Filipino people for national liberation and democracy with socialist perspective.

Since its founding in 1972, CNL has successfully held nine National Congresses and set-out calls and plans strengthening its organization to help advance the revolution. CNL’s principles, praxis,



organization and strategic program had been asserted, affirmed, and practiced throughout the years. It has persevered in establishing and activating itself nationwide as a revolutionary underground political organization of Christians and church people as part of the overall revolutionary mass movement.

Hundreds of CNL members serve as revolutionary catalysts in the Christian churches and communities in the different regions and areas of the country. They contribute in building and advancing the revolutionary armed struggle in the countryside. Many CNL members had since volunteered to directly help in the preparation and sustaining of guerilla zones, base building and advancing the agrarian revolution.

As one of the founding and pioneer members of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) on April 24, 1973, CNL contributes in forming, strengthening and expanding the revolutionary united front by direct organizing of underground mass organizations. The building and advancement of the united front is founded on the strength of the basic alliance of workers and peasants, augmented by the broad formations of sectors from the middle class and the national bourgeoisie.

CNL has actively taken part in the anti-imperialist, anti-feudal, anti-fascist, mass movement to combat the ultra-reactionary schemes of the succeeding US-backed regimes of Marcos Sr., Cory Aquino, Ramos, Estrada, Macapagal-Arroyo, Aquino, Duterte and Marcos Jr. It has also contributed in

waging the struggle against the colonial, feudal, and fascist culture and promote a national and scientific culture.

CNL members, while always mindful of the limits of reactionary institutions they operate, strive to lead the struggle for democratic reforms within the churches in all levels, thwarting the reactionary trends and promoting the progressive trends and bringing the power and resources of the churches on the side of the national democratic revolution. This includes international work especially with the presence of CNL formations in Europe, North America and Asia-Pacific.

In all of the this, CNL recognizes shortcomings and challenges that it needs to rectify and overcome in order to advance the revolution. This includes rectification of subjectivism in the form of empiricism pushed by bourgeois and petty-bourgeois mindset and actions.

We thus persevere in sustaining membership consolidation and expansion nationwide for a widespread, dynamic and vibrant participation and support principally for the armed struggle. This is augmented and complemented by anti-imperialist, anti-fascist, anti-feudal mass movements, parliamentary struggle and peace negotiations.

We dare to struggle, dare to win.

Long live the Christians for National Liberation!  
Long live the National Democratic Front of the

Philippines! Long live the New People's Army!  
Long live the Communist Party of the Philippines!  
Long live the Filipino People!

## **Digmang Bayan ang sagot sa kahirapan, hindi Cha-Cha!**

Pebrero 18, 2024

**Carlito Cada, Spokesperson  
NPA-Camarines Norte (Armando Catapia  
Command)**

Labis-labis ang puot at galit ng masang CamNorteño sa mga butangerong paksyon ng Marcos Jr at Duterte sa pag-aagawan ng kapangyarihan sa pulitika. Sa mando ng Imperyalismong US pinipilit isulong ni BBM at mga kroni nito ang Charter Change o ang pag-amyenda sa Saligang Batas ng Pilipinas 1987 sa anyo ng Peoples Initiative para pagmukhaing “kagustuhan ng mamamayan”.

Para sa mga taga-Camarines Norte, hindi Peoples Initiative ang tawag dito kundi “Politician Initiative” dahil despiradong ginagamit ng pulitikong mga kroni ni Marcos Jr ang mga bulok na ahensya ng reaskyunaryong estado katulad ng DSWD sa pamamagitan ng DOLE-TUPAD para mangalap ng pirma mula sa mga tao. Maituturing na isa itong paglapastangan sa Konstitusyon ng Pilipinas, Artikulo XVII, seksyon 2 na nagsasabing sa pangangalap ng lagda kailangan may kalakip na petisyon at pagpapaliwanag hingil sa pagbabago o nais amyendahang Batas.

Pinakalayunin ng Cha-Cha ang 100% ganap na pagpapahintulot sa dayuhang pamumuhunang ganid sa kapital at tubo upang kontrolin ang mga mahahalagang bahagi ng lipunan at ekonomiya katulad ng kuryente, tubig, transportasyon, masmidya, edukasyon at iba pa. Ang amyendang ito ay labag sa nakasaad sa Saligang Konstitusyon ng Pilipinas na sinasabing dapat protektahan ang interes ng mamamayang Pilipino.

Nais ring amyendahan ng Cha-Cha sa anyo ng Peoples Initiative ang ibayong pagpapalawig sa termino ng Pangulo at pangalawang pangulo. Maliban dito, misyon din ng Cha-Cha na alisin ang mga balakid at sagka sa pagbabase sa Pilipinas ng dayuhang militar. Walang makikinabang sa Cha-Cha kundi ang imperyalismong US at papet nitong si Marcos Jr at mga kroni nito.

Ngayon pa nga lang ay pinagpipilahan at pinaglalawayan na ng mga dayuhang kapitalista ang mga likas na yaman ng Camarines Norte. Sa ngayon, mayroong dalawang malalaking proyektong pang enerhiya sa prubinsya ang nakatakdang mag-opereyt. Una dito ang napirmahan ng kontrata sa wind energy ng Copenhagen Infrastructure Partners na balak itayo sa bayan ng Jose Panganiban at bayan ng Capalonga. Mayroon din sa bahaging Camarines Sur. Ang ikalawa ay ang eksplorasyong geothermal sa bundok ng Labo—boundary ng Camarines Norte at Camarines Sur na pangangasiwaan ng Philippine Geothermal Production Company Inc. (PGPCI). Maliban sa proyektong pang-enerhiya, tinatayang nasa 11

kumpanya sa pagmimina ang kasalukuyang nagpapasasa sa yamang mineral ng prubinsya katulad na lamang ng Mt. Labo Exploration and Development Corporation (MLEDC) at co-contarctor nitong Galeo Equipment Corporation. Nakatakdang kamkamin ng MLEDC ang mahigit 3,482.2 ektarya ng lupa sa Barangay Dumagmang bayan ng Labo. May panibagong aplay na claim din ito sa kabundukan ng Mt. Labo na may lawak na 2,980.994 ektarya. Tiyak na sasagasaan nito ang nasa 7,055 ektarya na itinakdang watershed ng prubinsya.

Habang unti-unting binabaha ng mga dayuhang pamumuhunan ang prubinsya ay lalo namang bumabagsak ang ekonomiya nito. Ang dahilan ay ang hindi sustenido at kawalan ng istabling hanapbuhay ang mamamayan. Napakababang arawang sahod ng mga manggagawa at mala-manggagawa, habang walang patid ang araw-araw na pagtaas sa presyo ng mga batayang pangangailangan ng mga tao.

Sa mahabang panahon ay nananatiling pobre at walang makain ang pamilya ng mayoryang magsasaka bunsod ng pananatili ng sistemang malapyudal sa kanayunan, kung saan kontrol at hawak pa rin ng iilang panginoong maylupa ang karamihan sa mga lupain ng prubinsya. Manu-mano at maliitan pa rin ang kagamitan sa pagsasaka.

Malinaw para sa mga taga-Camarines Norte na hindi sa paraan ng Cha-Cha mareresolba ang kanilang dekadang paghihirap kundi sa pamamagitan ng ganap na pagpapabagsak sa

naghahari at anti-mamamayang estado sa pamamagitan ng Digmang Bayan. Nananawagan ang ACC-NPA-CN kasama ng buong masang CamNorte sa lahat ng masang Pilipino na puspusang labanan at ilantad ang panganib na hatid ng Cha-Cha sa taumbayan, higit sa lahat ang Imperyalismong US na syang nasa likod ng pakanang ito.

Tiyak na lulumpuhin ng Cha-Cha ang ekonomiya ng bansa at sa pinakamasahol ay ang tuwirang pagputol sa paa ng Pilipinas na tumayo para sa sariling pag-papaunlad sa sektor ng agrikultura at sariling industriya.

Ibabaon ng Cha-Cha ang bawat pamilyang Pilipino sa kumunoy ng labis-labis na kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi.

Sa huli, tanging sa paglulunsad lamang ng Digmang Bayan makakamit ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

At tanging sa pagtatagumpay lamang ng Digmang Bayan matatamasa ng bawat pamilyang Pilipino ang isang tunay na malaya at may pagkilala sa karapatan ng bawat mamamayan.

**Igiit ang pambansang kasarinlan,  
karapatan sa lupa at kabuhayan! Hindi  
ang Cha-Cha!**

Pebrero 18, 2024

**Carlito Cada, Spokesperson  
NPA-Camarines Norte (Armando Catapia  
Command)**

Dapat puspulang labanan ng mamamayan ng Camarines Sur ang Cha-Cha na tiyak na aagaw sa kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan.

Para sa masa ng Camarines Sur, ano nga ba ang Cha-Cha o ang Charter Change? Ito ay ang pag-amyenda o pagrebisa sa Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987. May tatlong paraan sa pagbabago ng konstitusyon ng Pilipinas; ang constitutional assembly (con-ass), constitutional convention (con-con) at ang peoples initiative. Sa kasalukuyan ay isinusulong ng administrasyong Marcos Jr ang Peoples Initiative para amyendahan ang ilang mahahalagang usapin sa ekonomiya at pulitika.

Bakit dapat tutulan ng taumbayan ang Cha-Cha? Layunin ng Cha-Cha na amyendahan ang batas kaugnay sa pagbaklas sa natitirang balakid para sa mga dayuhang pamumuhunan sa bansa. Gagawing istable ng Cha-Cha ang neoliberal na mga patakaran sa ekonomiya upang ganap na maghari at mailagay sa kamay ng mga dayuhan ang pagkontrol sa pagpapatakbo ng ekonomiya ng bansa at lahat ng mahahalagang aspeto ng lipunan katulad ng masmidya, tubig, kuryente, telekomunikasyon, edukasyon at ibapa. Pwede na rin silang mamili ng mga lupa dito sa ating bansa. Layunin din ng Cha-Cha na amyendahan ang tuwirang pagpapahintulot sa mga dayuhang base-militar sa Pilipinas bilang proteksyon sa pang

ekonomiyang interes at teretoryo ng Imperyalismong US.

Maliban dito, dahil dayuhang pamumuhunan ang mayor na adyenda ng Cha-Cha, kasabay din sa nais amyendahan ang “term extention” para sa pangulo, pangalawang pangulo at iba pang matataas na upisyal ng reaksyunaryong gubyrno. Hindi lingid para sa mamamayan ng Camarines Sur na ang mga nakaupo sa estado ay mga malalaking burgesya kumprador na sa karaniwan ay mga kasosyo ng mga dayuhang kapitalista sa paggahasa sa likas na yaman ng bansa.

Bobo ang tingin ni Marcos Jr at mga kroni nito katulad ng senador na si Robin Padilla at burukratang pamilyang Villafuerte sa Camarines Sur sa masang anakpawis. Ang pagbabago umano sa Saligang Batas ng Pilipinas ay makakatulong ng malaki sa pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas katulad ng ganap na pagpasok ng mga dayuhang pamumuhunan sa bansa.

Isa itong malaking kasinungalingan at panloloko sa mga taga-CamSur dahil laging kakambal ng dayuhang pamumuhunan ay ang malawakang pangangamkam ng lupa at kabuhayan sa malawak na magsasaka. Sinumang dayuhan ay walang interes na paunlarin ang Pilipinas. Pinatunayan na ito sa ilang dekadang pamamayagpag ng dayuhang mamumuhunan sa bansa. Sa halip, pagkasira ng kalikasan at pang-aagaw ng lupa at kabuhayan ang kanilang hatid dahil unang- una nandito sila para sa dalawang dahilan lamang, ang magnegosyo at kumita.



Patunay rin ng panloloko ng naghaharing estado ay ang pagpapapirma sa mga tao ng walang kalakip na petisyon o ang pagpapaliwanag ng pag-amyenda sa Konstitusyon ng Pilipinas at maging kung ano ang nais amyendahan sa batas ng isang indibidwal na pipirma. Malinaw na paglabag ito sa Seksyon 2, artikulo 17 ng Saligang Batas ng Pilipinas.

Walang makikinabang sa Cha-Cha kundi ang mga naghaharing-uri na nakaupo sa bulok na estado. Sa prubinsya ng Camarines Sur tiyak na pamilyang Villafuerte at mga kroni nito ang makikinabang sa Cha-Cha. Sa matagal ng panahon ng panunungkulan ng pamilyang Villafuerte sa prubinsya ginagamit nito ang National Greening Projects gamit ang DENR upang legal na makapangamkam ng lupa sa mga magsasaka. Nagtutuloy-tuloy pa rin ang mga pagpapatanim ng kawayan, desider at gemelina sa mga lupang timberland sa mga bayan ng Del Gallego, Ragay at Lupi.

Habang abalang-abala ang mga burukratikong pulitiko ng prubinsya sa pagsuporta sa Cha-Cha mistulang bingi ang mga ito sa abang kalagayan ng mga taga-Camarines Sur. Nananatiling marami ang mga magsasaka na walang lupa. Atrasado at maliitan din ang pagsasaka na gumagamit ng manu-mano.

Wala ring ginawang interbensyon ang mga lokal na pamahalaan sa mga magsasakang apektado ng insektong “pumuhu” sa mga tanim na abaka sa bayan ng Ragay at mga karatig nito. Ganun din sa mga hog raiser na apektado ng kumakalat na

African Swine Fever (ASF) na sa hanggang ngayon ay hindi pa rin seryoso ang gubyrerno na humanap ng vaccine.

Sa halip, nagpapakakontento na lamang ang reaksyunaryong gubyrerno sa mga patseng ayuda katulad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4p's), Listahanan, food stamp, Cash for Works katulad ng DOLE-TUPAD at iba pa.

Sinisisi rin ng magsasaka ang pamahalaang prubinsya sa patuloy na pagtaas sa presyo ng bigas dahil maraming mga palayan ang tinabunan para bigyang puwang ang mga proyektong imprastraktura katulad ng mga subdivision, kalsada, real state at iba pa na resulta ng Land-Use-Conversion.

Sa ganitong sistema ng naghaharing estado na ang tanging mahalaga lamang ay kapangyarihan at kapital malinaw na walang aasahan ang mga taga- Camarines Sur.

Dapat yanigin ng mamamayan ng Camarines Sur ang rehimeng US-Marcos Jr sa pagiging inutil nito na resolbahin ang tunay na ugat ng dekadang krisis sa prubinsya at sa buong bansa.

Nananawagan ang NGC-West Camarines na dapat tuloy-tuloy na kumilos at lumahok ang buong mamamayan ng prubinsya sa makauring pagbabago ng lipunan.

Ipatupad ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon! Mamamayan ng Camarines Sur, maghulagpos sa pagka-uripon!

Isulong ang Digmang Bayan na may sosyalistang perspektiba!

## **Lamat ng Uniteam, tuluyan nang sumambulat**

Pebrero 18, 2024

### **Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Southern Tagalog**

Ang ipinangalandakang 'UniTeam' sa pagitan ng mga reaksyunaryong partido, Hugpong ng Pagbabago, Lakas-CMD, Partido Federal ng Pilipinas at Nacionalista Party at iba pa ay di na napigilan ang sariling pagsambulat. Tulak ito ng makasariling interes at ambisyon ng mga paksyon sa loob ng dating UniTeam na parehas mga swapang, pasista at ilehitimo.

Ang pagbabangayan ng naghaharing paksyong Marcos-Duterte ay salaminan ng bulok at di maampat na krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Banggaan ito ng mga ganid sa yaman at ambisyong pulitikal para sa kanilang makitid at makauring interes, at ng sinusuportahan nilang mga among imperyalistang US at Tsina na nagtutunggali para pagharian ang Asya-Pasipiko.

Ang bangayan ng mga Marcos at Duterte kaugnay sa Chacha, pagbisita ng ICC para mag-imbistiga sa gera sa droga, atakeng personal at kulapulan ng baho sa isa't isa ay posible na humantong sa mas marahas na tungalian sa hinaharap. Ang nilulutong kudeta ng paksyong Arroyo-Duterte ay tinapatan naman ng pagmamadali sa pag-amyenda

ng burges at reaksyonaryong konstitusyon. Di na maitago ang garapalang maniobrahan para isulong ang interes sa politika, ekonomiya sa kabila ng paghihirap ng masang magsasaka at mamamayan.

Habang nagpapakitang tao, ipokrito sa isa't-isa, may 'tarakan ng punyal nang talikuran' ang tambalang Marcos-Duterte sa isa't isa, at palabas na 'di apektado at business as usual', ang magsasaka at mamamayan naman ang nagdurusa. Sa gitna ng ganitong kalagayan, dapat maghanda ang bayan sa higit pang pagsahol ng pasistang panunupil. Kaakibat nito, dapat kumilos at makibaka ang mamamayan para sa kanilang interes sa lupa, buhay at kabuhayan. Dapat nilang ipaglaban at ipatanggol ang kanilang mga karapatang tao sa harap ng paninibasib ng estado. Dapat ilantad at labanan ang patuloy at papaigting na panghihimasok ng imperyalismong US sa pulitika, ekonomya at militar ng bansa.

Dapat magkaisa ang masang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at labanan ang pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng lupa. Dapat ding manawagan ang mga magbubukid sa pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid, pagpawi sa usura at pagpapataas ng farmgate price ng kanilang mga produkto. Nanawagan din kami sa mga maliit na negosyante sa agrikultura na labis ng apektado ng pagbaha ng imported na bigas, asukal, sibuyas, karne ng manok, baboy at isda na makiisa sa mga panawagan para sa pambansang

industriyalisasyon, na nakabatay sa tunay na reporma sa lupa.

Manalig kayo, kapwa ko magsasaka na ang armadong pakikibaka ang tanging landas para sa pambansang paglaya sa kuko at pagkakadaklot ng imperyalismo, katutubong pyudalismo at burukrata kapitalismo. Ang inyong BHB ay hukbong magsasaka, kaya hinahamon ko ang kapwa ko magsasaka, tumangan na ng armas, sumapi sa BHB, isulong at akapin ang matagalang digmang bayan, at ihasik, payabungin at palawakin natin ang mga di magagaping pulang kapangyarihan sa kanayunan, hanggang sa ganap na makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya.###

## **Rice Liberalization Law o RLL Pamatay na Saksak sa Magsasaka at Mamamayan at Lokal na Produksyon ng Palay**

Pebrero 18, 2024

### **Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Southern Tagalog**

Ipinakita ng inutil at ilehitimong pangulo na si Marcos Jr. sa kanyang huling biyahe sa Vietnam na wala siyang ibang alam sa paglutas sa krisis sa bigas ng bansa kundi ang importasyon. Sinasangkalan din ni Marcos Jr. ang di maampat na pagtaas ng presyo ng bigas ng dahil sa El Niño. Walang maaasahan kay Marcos Jr na tagasunod at tagapamandila ng patakarang neoliberal. Dapat siyang singilin at papanagutin gayundin ang

kanyang mga sinundang rehimen sa pagpapakatuta sa imperyalismo.

Sa pakanang importasyon, kakapal lalo ang bulsa ng mga kababata at napapaborang negosyanteng importer at mga komersyante na malapit kay Marcos Jr at Kalihim ng DA sa importasyon ng milyong tonelada ng bigas. Ganoon din, ang dati nang barat na presyo ng palay sa farmgate ay tiyak na bababa dahil sa pagbaha ng imported na bigas sa bansa. Inabandona ng gobyerno ang tungkulin nitong bilhin ang palay ng magsasaka at ipinasa sa mga pribadong negosyante ang pamimili ng palay. Sinasalamangka naman ng mga komersyante ang presyo ng bigas at palay sa merkado. Sa Laguna, nasa ₱15-17 ang bili sa palay ng mga magsasaka habang ₱14-15 sa Mindoro. Sa sobrang pagkalugi sa bentahan, may mga kaso sa Mindoro kung saan umaabot lamang sa ₱968 ang netong kita ng magsasaka sa apat na buwan, katumbas ng ₱12 kada araw.

Kapos sa malayong tanaw ni Marcos Jr. sa pamamagitan ng pagpapahilab ng importasyon ng bigas, band aid na solusyon ito sa pamalagiang krisis ng bigas. Lagpas pa sa kamangmangan ang pagsalig sa importasyon para tugunan ang kagutuman at kakulangan ng bigas sa bansa. Dulot ng neoliberal na patakaran ng imperyalismo ang kawalang-kontrol na pag-iimport ng mga produktong agrikultural na nagpapabagsak nang labis na presyo ng lokal na produktong butil at bumabali sa gulugod ng lokal agrikultura. Tinatangalan nito ng sariling kakayahang

magpaunlad ng produksyon ng palay ang sariling bansa para buu-buong umasa sa imperyalismo.

Sa loob ng limang taon, ang RLL ay naging pasakit at pasang krus ng mamamayan sa pagsirit ng presyo ng bigas at nagpabagsak na kabuhayan ng mga magsasaka sa palayan at mga maliit na negosyante-magtitingé. Pakitang taong nilutas ng rehimen ni Marcos Jr sa pamamagitan ng pagtatakda ng price cap ngunit hindi ito naituluy-tuloy dahil kapos na kapos ang ayuda at umangal na ang maliliit na negosyanteng Pilipino kabilang ang mga magtitingé.

Aabot sa ₱92 bilyon ang nawala sa produksyon ng palay sa loob ng 3 taon sa bansa bunga ng napakataas na gugulin sa produksyon na ₱70,000-₱75,000 sa isang ektarya kada isang taniman.

Lahat ng ito ay nakapadron sa imperyalistang globalisasyon at lantarang pag-abandona sa pagpapaunlad ng lokal na produksyon. Ang RLL ay larawan ng napakalalim at di maampat na krisis nang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema. Ipinataw ang RLL bilang pagtalima ng reaksyonryong gobyerno sa GATT-WTO, kasabwat at sa maniobra ng mga naghaharing paksyon ng malalaking burges-kumprador, panginoong may lupa at burukrata kapitalista.

Superyor ang nais makamit ng armadong rebolusyon sa buong kapuluan. Ito ay upang isulong ang kampanyang anti-pyudal at komprehensibong pagpapabuti at pag-aangat ng kalagayan ng masang magsasaka at iba pang aping uri at sektor sa kanayunan at lungsod.

Kailangan ang paglahok sa pambansa demokratikong rebolusyon na sa kaibuturan ay digmang magsasaka para sa lupa at kalayaan. Kaya marapat na lumahok ang masang magsasaka bilang nagungunang pwersa at mayorya sa mamamayang Pilipino.

Hangad ng PKM-ST na mapabagsak ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Itatayo nito ang demokratikong gubyernong bayan na magpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Ititindig nito ang ekonomyang malaya at umaasa-sa-sarili. Ang mga sakuna katulad ng El Niño ay lalapatan ng kongkreto at siyentipikong mga hakbangin upang makaalpas sa krisis at kahirapan ang bayan.###

## **Militarisasyon sa Central Negros Labi nga Nagasingki sa likod sang Rekomendasyon sang 3rd ID sa pagpaidalom sa isla sa SIPS**

Pebrero 19, 2024

**JB Regalado, Spokesperson  
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan  
Command)**

Halin Pebrero 8 tubtob subong nga adlaw Pebrero 19, naglab-ot na sa 250 ka tropa sang berdugong 62nd IB ang nagalambiyong sa binukid sang Central Negros. Ginapangsaka-saka sa nasambit nga militar ang mga kabalayan, nagatiner sa mga buluthuan kag ginapahug ang mga mangunguma



nga kasohan kon indi manugid sa presenya sang NPA sa lugar.

Halos 12 na ka adlaw nga nagatiner ang pasistang 62nd IB sa mga sityo sang Batakon, Labinsawan kag Bais, sakop sang Barangay Yubo, La Carlota City, Negros Occidental. Halos lima ka adlaw na nga nagatiner sa Sityo Batakon Elementary School ang berdugong tropa nga nagtuga sang kahadlok sa mga bumulutho nga mga kabataan.

Kadungan man sini, may 90 ka tropa sang 62nd IB nga makit-an sa mga sityo sang Crossing Maya, Purok Kabukakan, Purok Tumpok kag sityo sang Labi-labi tanan sang Brgy Araal, La Carlota City. Pilit nga ginatineran ang puluy-an sang mga mangunguma. Pilit man nga gina-imbestigar ang mga residente paagi sa kuno pagpangsensus. Subong Pebrero 19, nagapabilin ang pasistang tropa sa lugar.

Samtang may halos 100 ka tropa sang berdugong 62nd IB ang makit-an sa Barangay Sag-ang proper kag Sityo Mercedes sa amo gihapon nga baryo sang La Castellana, Negros Occidental. Tubtob subong nga adlaw (Pebrero 19), nagapabilin gihapon ang militar sa lugar kag pilit nga gina-imbestigar ang mga pumuluyo.

Makit-an man sa barangay proper sang Barangay Kamandag, La Castellana ang 37 ka tropa sang berdugong 62nd IB halin pa sadtong Pebrero 8 tubtob subong nga adlaw.

Pebrero 18 sang gab-i tubtob subong nga adlaw Pebrero 19, may nag-abot nga dugang nga tropa

sang nasambit nga militar sa Sityo Cabadiangan, Barangay Kamandag, La Castellana. Nagapangsaka-saka sila sa mga kabalayan kag nagapangsensus man.

Subong nga adlaw Pebrero 19 may bag-o naman nga nag-abot nga tropa sang 62nd IB sa mga sityo sang Paluhan kag Kapudlusan tanan sang Barangay Sandayao, Guihulngan City, Negros Oriental.

## **Labanan ang pasistang pang-aatake sa mamamayan ng Rizal!**

Pebrero 20, 2024

### **Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog**

Nananawagan ang NDFP-ST sa mamamayang Rizaleño na patuloy na tumindig at makibaka sa gitna ng sunud-sunod na atake ng reaksyunaryong estado sa kanilang mga karapatang tao, kabuhayan at demokratikong karapatan sa bungad ng 2024. Walang puwang ang pananahimik at pagbabantulot na kumilos sa harap ng mapang-api, mabangis at mapanlinlang na kaaway. Ang ngipin-sa-ngipin na pakikihamok ang pinakamabisang paraan upang ilantad at biguin ang kontra-mamamayang pakana ng AFP-PNP, NTF-ELCAC at ang mga mapandambong na interes sa likod nito.

Matinding panliligalig at perwisyo ang dinanas ng mga Rizaleño at mga organisasyong nagtatanggol sa karapatan sa nakaraang dalawang buwan. Sa

tabing ng “pagwasak sa terorismo” na walang iba kundi ang pangarap na durugin ang CPP-NPA-NDFP, ipinatutupad ng AFP-PNP ang mga kontra-rebolusyonaryo at kontra-mamamayang kampanya ng panunupil na labag sa internasyunal na makataong batas at yumuyurak sa mga karapatang nakasaad kahit na sa mismong reaksyunaryong Konstitusyong 1987. Naging target ng paninirang-puri, pagmamanman, banta at red-tagging ng 80th IBPA ang mga grupo at indibidwal na tutol sa proyektong Wawa-Violago Dam at mga pamilyang malisyosong iniuugnay sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Sa mga bayan ng Rodriguez, Antipolo at Jala-jala, nananalasa ang kontra-rebolusyonaryong programang MALAYA KA sa komunidad ng mga magsasaka, maralitang lungsod at katutubo. Ito ang bagong pangalang ibinigay ng 80th IB at NTF-ELCAC sa gasgas at lantad nang kampanyang pekeng pagpapasuko. Sa esensya, pareho pa rin ang layunin at ang maruruming taktikang gamit ng mga militar upang paramihin ang bilang ng kanilang pekeng napapasuko at napapabalik-loob umano sa gubyrno. Ganito rin ang taktikang ginamit ng berdugo’t kriminal na si Palparan noong Oplan Bantay Laya 2 sa Aurora at niresiklo ng Oplan Bayanihan laban sa mga pinaghihinalaan nilang NPA sa hanay ng pambansang minoritya. Paulit-ulit ang iligal na imbestigasyon at pagpapatawag sa kampo kaya’t naaantala ang trabaho at pagsasaka ng mga biktima. Isinasailalim ng mga pulis at sundalo ang mamamayan sa paniniktik sa pamamagitan ng pagtugaygay sa kanila hanggang sa kaingin,

gulayan at pati sa bahay ng iba pang mga kamag-anak.

Kasuklam-suklam ang desperadong paggamit ng pera ng mga ahente ng estado sa mga maralitang pamilya upang akitin silang “isuko” ang diumano’y kamag-anak nilang NPA. Sa mga post sa Facebook, ipinagyayabang ng 80th IB na “marami na silang napalaya” sa pamamagitan ng programang pagpapasuko. Ang totoo, dumarami ang mga Rizaleño na nakararanas ng panggigipit, karahasan at saywar ng militar at nagngangalit sa tahasang paglapastangan ng mga pasista sa kanilang mga karapatang tao.

Nauna pa rito, isinailalim sa mga di-makatwirang restriksyon at pagbabantay ang mga komunidad na kalapit at mismong pinangyarihan ng engkwentro sa pagitan ng AFP at NPA-Rizal sa Rodriguez noong Enero 31. Naglagay ang 80th IB ng checkpoint at inobliga ang mga residenteng magpakita ng ID para lang makapasok sa kanilang baryo. Nananakot din ang mga pasista gamit ang “listahan” ng mga pangalan na ipinagtatanong-tanong sa mga bahay.

Bukod sa pisikal na panghahas, tuluy-tuloy rin ang pagpapakalat ng militar ng mga kasinungalingan at paratang hinggil sa kanilang mga biktima sa social media. Walang kapararakang nire-redtag ang mga makakalikasang grupong aktibong nangangampanya laban sa pagtatayo ng mapanirang dam. Kinasangkapan dito ang pabrika ng pekeng balita na Sonshine Media Network International kung saan nagpa-interbyu si 80th IB commander Lt.

Col. Mark Antony Ruby noong Pebrero 4.  
Ginagawa pa rin ng 80th IB ang mga kalokohang ito sa kabila ng rekomendasyon ng dalawang eksperto mula sa UN na dapat nang itigil ang red-tagging dahil inilalagay nito sa panganib ang buhay ng tao at nilalabag nito ang demokratikong karapatan sa malayang pagpapahayag.

Ang mga pasistang atakeng ito ang siyang patunay at dapat maglinaw sa mamamayang Rizaleño kung bakit kailangang makibaka para sa karapatan sa lupa, buhay, kabuhayan at pagtanggol sa kalikasan. Hayok na hayok ang mga gahamang naghaharing uring burgesya kumprador na Razon, Araneta, Robes, Villar, Lopez at Violago, at mga kasabwat nilang dayuhang kumpanya na kamkamin ang lupain ng Rizal, pasukin ang mayamang kabundukan ng Sierra Madre at dambungin ang mga likas yaman dito kahit na kapalit nito ang pagkawasak ng kabuhayan at tirahan ng mamamayan at pagkasira ng kalikasan. Ginagamit nilang “private army”, binubusog sa suhol at pabor ang armadong pwersa ng reaksyunaryong gubyerno upang proteksyunan ang kanilang interes sa pamamagitan ng karahasan at panunupil sa mga tutol sa kanilang proyekto. Sa pagkabulag sa pera at pagiging mersenaryo, inaapi at pinahihirapan ng AFP-PNP ang masang anakpawis.

Dapat tutulan at labanan ang pamamayagpag ng mga ganid at ang kanilang mga pasistang tuta. Kailangang magbangon at lumaban sa lahat ng posibleng anyo, paraan at daluyan, mula sa ligal, mala-ligal hanggang lihim at armado upang

salagin at labanan ang mga atake ng mapang-aping estado. Maipagtatanggol lamang ng mamamayan ang sarili, ang kanilang komunidad at ang kalikasan kung sama-sama at walang tan tagalgkot na makikibaka para sa kanilang interes at sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

## **Pulang saludo Ka Bru, 'di ka malilimot ng Masang CamNorteño**

Pebrero 21, 2024

### **Carlito Cada, Spokesperson NPA-Camarines Norte (Armando Catapia Command)**

Pinakamataas na parangal at pagpupugay ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas-Camarines Norte kay Ruben “Ka Rocky/Ka Bruno/Ka Bru” Abiso, na namartir sa isang dependensibang labanan sa Sitio Abuyog, Barangay Macugon Labo, Camarines Norte noong Noyembre 25, 2023.

Si Ka Ruben na mas kilala ng mga masa at kasama na Ka Bruno o Ka Bru ay ipinanganak noong Disyembre 6, 1970 sa Barangay Bayawas Dunsol, Sorsogon na mula sa maralitang magsasaka. Biktima ng kahirapan ang kanilang pamilya kaya mula sa Sorsogon ay lumipat sa Barangay Malaya, Labo, Camarines Norte dahil sa may kamag-anak sila doon at may mga lupa pang pwedeng mapoblar sa lugar.

Walo silang magkakapatid, 6 lalaki at 2 babae at siya ang panganay. Naulila niya ang kanyang asawa at limang anak. Kahit nakatapos lang siya ng grade 6 ay mahusay siyang magbasa, sumulat at magkwenta.

Sa edad na 16 ay madalas na basehan ng mga kasama ang kanilang bahay at madalas din na nakakatalakayan niya ang mga kasama. Ito na rin ang simula ng kanyang pagkamulat at sa murang edad ay napapakisuyuan siya ng mga kasama sa pagbili ng konsumo at naging kuryer hanggang sa karatig probinsya.

Taong 1988, Abril nang siya ay magpasyang magpultaym sa hukbo, sumanib sa YG (yunit gerilya). Dito ay naging masigasig siyang hukbo na kinakitaan ng tapang at mapangahas sa mga gawain. Kaya taong 1990 ay pinasumpa siya sa Partido bilang kandidatong kasapi (KK) at makalipas ang 6 na buwan naman ay pinasumpa siya bilang ganap na kasapi (GK).

Ilang mga naging tungkulin niya sa hukbo ay naging CO ng SDG (sentro de grabidad), lider ng SYP (Sandatahang Yunit Pampropaganda) at naging regular na kagawad ng komiteng larangan. Dahil sa nagkaroon ng problemang pampamilya ay nagpahinga muna siya sa pagkilos noong 2002 at dumayo ng trabaho sa ibang lugar.

Pagdating nang 2009, bumalik na sila ng kanyang pamilya at nanirahan sa sariling lupa. Pagpasok ng 2010 ay itinalaga siya bilang myembro ng milisyang bayan (MB) sa kanilang baryo. Minsan ay naging taguyod siya sa isang aktibidad ng mga

kasama, dumadalo sa mga pag-aaral na idinaraos at madalas na katalakayan ng mga kasama, kaya Hunyo 2011 nang magpasya siyang muling kumilos nang pultaym sa hukbo.

Masigasig siya sa pagharap sa mga rebolusyonaryong gawain at di umaayaw sa mga iniaatas na tungkulin. Sa kanyang pagbalik ay naging kagawad ng KT-SK, P4, IL hanggang sa naibalik bilang kagawad ng komiteng larangan. Naitalaga rin siyang kagawad ng komiteng probinsya at malaking bahagi ang ginampanan niya bilang lider sa gawaing pinansya ng probinsya bago siya namartir.

Mas kilala ng mga kasama si Ka Bru bilang masayahing kasama, mahilig magpatawa at malakas tumawa. Mahilig din siya sa larong chess at dama bilang palipasan ng oras. Mahusay din siyang mag-emcee sa inilulunsad na mga aktibidad gaya ng mga anibersaryo, kuha niya ang atensyon ng awdyens sa paraan niya ng pananalita na may kasabay na patawa. Kaya naman paboritong anchor din si Ka Bru sa binuong Radyo ACC (Sigaw ng Bayan) dahil sa kanyang katangian. Hindi rin niya matiis ang hindi tulungan ang kasamang nahihirapan sa mabibigat na dalahin, kapag nakikita niyang hirap sa dalahin ang sinumang kasama ay boluntaryong siya na ang magdadala.

Hindi kailanman malilimutan ng masa at mga kasama ang ipinakitang kagitingan ni Kasamang Bruno sa pagharap sa kaaway. Magiging inspirasyon ito para sa mga kasama at malawak na masa ng sambayanang Pilipino upang hawakan



ang nabitiwang armas ni Ka Bru at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Pulang Saludo sa iyo Kasamang Bruno.

## **AFP relentlessly bombs Trangkal Range**

Pebrero 22, 2024

### **Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle Command)**

In pursuit of “11 NPA remnants in Northern Negros,” AFP’s #DiMasaligan79IB drops over 10 bombs on a portion of Trangkal Range in Sitio Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City, Negros Occidental commencing at 6am until 9am today, February 22. This was reported today as a third encounter between Red fighters and #DiMasaligan79IB within the said perimeter.

The Roselyn Jean Pelle Command-Northern Negros Guerrilla Front of the New People’s Army (RJPC-NPA) condemns the grossly inhuman bombing and denounces the Philippine Army for using its fake encounter script to again whitewash its crimes. We reiterate: no firefight took place between the two armed groups this morning.

In their utter display of mercenary arrogance, #DiMasaligan79IB wantonly drops bombs without prejudice to civilians living within the vicinity, in which the explosion can be heard kilometers away from the site. This is utter violation of

international humanitarian law and human rights law.

We may recall that a similar bombing incident took place at Sitio Mansulao, Barangay San Isidro, Toboso, Negros Occidental, portion of the Trangkal Range, on March 20, 2022 where at least five bombs were dropped. Again, no unit of the NPA was within the area during the time.

The public can also recall the Himamaylan bombing last June 2021 and October 2022 guised as hot pursuit operations against Red fighters when the local NPA unit denied that it was a legitimate encounter, but merely a bombing frenzy of the military.

Bombings and other fascist measures by the AFP are typical of a reactionary state with Marcos Jr as commander-in-chief who displays utter negligence to his duty to protect the people against skyrocketing prices of commodities, 'libing' wages, among others.

So long as US imperialism, backed by big compradors and local landlords, as well as, bureaucrat capitalists, control the nation, fascist state instruments, such as the AFP/PNP, come handy to suppress all those who call for national liberation and genuine democracy.###

## **Militarisasyon sa Central Negros Nagapadayon**

Pebrero 22, 2024

**JB Regalado, Spokesperson  
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan  
Command)**

Kaangay sa mga idu-buang nga naglusob sa mga komunidad sang mangunguma sa Central Negros ang mga tropa sang 62nd IB sini nga adlaw, Pebrero 22.

Sini nga aga, apat ka reo truck nga puno kag kargado sang pasistang tropa sang 62nd IB ang ginbubo sa Crossing Bon-bon, Barangay Hinakpan, Guihulngan City, Negros Oriental.

May mga kolum man sang militar sa Barangay Plagatasanon proper, Sityo Bon-bon, Barangay Hinakpan kag Sityo Maluy-a sakop sang Barangay Sandayao, tanan sang Guihulngan City.

Karun nga adlaw, sa bahin sa Negros Occidental, makita ang duha ka mga kolum sang militar nga nagatiner sa mga kabalayan sa Sityo Binayaran, Quintin Remo, Moises Padilla. Samtang may kolum man nga makit-an sa Sityo Maka-angkaw, sakop sa Barangay Sikatuna, Isabela.

Sa La Castellana, mentinado ang presensya sang militar sa Barangay Kamandag proper, Sityo Mercedes kag barangay proper sang Barangay Sag-ang.

Sa Binalbagan, padayon nga nagalambiyong ang berdugong 62nd IB sa mga sityo sa Tambo, Nabilog sang Barangay Amuntay, sa mga sityo sang Inapugan kag Purok Greenan sang Barangay Santol.

Samtang sa La Carlota City, nagapadayon ang pasistang 62nd IB sa pag-interogar sa pumuluyo paagi sa kuno pagpangsensus ilabe na sa sityo sang Nailab, Barangay Araal.

Nagtuga ini sang kakugmat sa pumuluyo kag kabataan bangud lab-as pa sa ila huna-huna ang brutal nga pagpaniro-patay sang militar sa duha ka mga sibilyan nga sanday Dionesio “Boy” Baloy kag Bernard Torres sa Hacienda Gomez, Barangay Sag-ang, La Castellana sadtong Enero 17, 2024.

## **Planado at Sistematisado ang sunod-sunod na Sunog na Sumiklab sa Lalawigan ng Cavite**

Pebrero 22, 2024

### **Simeon Magdiwang, Spokesperson NDF-Cavite**

Mistula naging ‘fire capital’ ang lalawigan ng Cavite dahil sa dami ng naitatalang sunog nitong mga nakaraang linggo. Malaking bilang ng mga nasunugan ay matatagpuan sa syudad ng Bacoor na sinundan sa Imus at Kawit. Sa loob ng dalawang linggo, daan-daang pamilya at indibidwal na ang nawalan ng kanilang panirahan. Kasabay ng pagkawala ng kanilang tahanan, lubha rin na naperwisyo ang kanilang paghahanap-buhay ngayong dumaranas ng matinding krisis ang mamamayan.

Sa syudad ng Bacoor, nagsimula ang unang sunog noong Pebrero 7, 2024 sa baranggay Aniban 2, tabing-ilog. Naitalang 34 pamilya at 138

indibidwal ang nasalanta. Ang sumunod na sunog ay noong Pebrero 10, 2024 sa baranggay Niog, Purok 1, Manggahan St kung saan mahigit 25 kabahayan ang natupok at 91 pamilya ang naapektuhan. Sumunod rito ay ang sunog sa Barangay Niog, Purok 1, Sitio Silangan kung saan hindi bababa sa 50 kabahayan ang natupok ng sunog habang may 88 pamilya ang nasalanta at 1 kaswalti.

Bago pa ito, sumiklab rin ang sunog sa Baranggay Medicion 2-B, Tokwahan sa bayan ng Imus noong Enero 17, 2024 kung saan 11 pamilya ang naapektuhan. Sumunod rito ang sunog sa Baranggay Pulvorista sa Kawit kung saan naitalang 50 pamilya ang nasalanta. Sa mga nasabing baranggay, binubuo ang populasyon nito ng mga maralita. Nagkakataon na ang mga baranggay na ito ay may aktibong laban sa usapin ng kanilang panirikan.

Kaya, ang tumataas na trend ng sunog sa lalawigan ng Cavite, partikular sa syudad ng Bacoor ay bahagi ng dati-nang-galaw o taktikang “hot-demolition” ng nagsasabwatang mga Malalaking Burgesyia Kumprador at Local Government Units (LGU) upang pwersahang palayasin ang mga maralita sa kanilang mga komunidad sa layuning mabigyang daan ang mga proyektong pang-imprastruktura na kadalasang pinagmamay-arian ng mga dayuhang namumuhunan at lokal na naghaharing-uri sa lalawigan. Simula pa man noong taong 2016 ay kasangkot na ang pamilyang Revilla sa mararaming isyu ng hot-demolitions sa syudad ng

Bacoor. Sa partikular, kasangkot dito ang tinagurian ng mamamayang Kabitenyo na “reyna ng sunog” na si dating Mayora ng Bacoor City na si Lani Mercado-Revilla dahil hindi bababa sa 20 sunog ang naitala sa panahon ng kanyang panunungkulan.

Mula pa kay Lani Mercado hanggang sa muling makaupo si Strike Revilla, ipinagpapatuloy ang mga malalaking proyekto sa mga baybay-dagat at mga komunidad ng maralita sa tabi ng highway. Ito ang kanilang tinatawag na ‘coastal management area’, ‘urban redevelopment and heritage preservation area’, ‘urban expansion area’ upang itayo ang ‘new urban and commercial district’ na nakabalangkas sa ilalim ng 10-year Comprehensive Land Use Plan (CLUP), 6-year Comprehensive Development Plan ng Bacoor LGU at panibagong nilabas ng rehimeng US-Marcos na Regional Development Plan. Dito, ipinagpatuloy ang mga operasyon ng reklamasyon sa siyam (9) na munisipalidad ng Cavite, ang pagtatayo ng malalaking establisyemento ng Business Processing Outsourcing (BPO) companies at ang pagtatayo ng malalaking road networks at commercial districts. Ngayon, ang mga komunidad sa Niog Bacoor, Tirona Bacoor-Kawit, Imus, Daang Hari Imus-Bacoor, Salitran Dasmariñas at Governors Drive ay mahahagip ng tinatayong Light Rail Transit System (LRT) Line-1 Cavite Extension. Ito ang mga erya kung saan sumiklab ang mga naitalang apoy.

Kaugnay dito ang sunog na sumiklab noong Disyembre 2023 sa Barangay Talaba 2, Bacoor

Cavite kung saan apat (4) ang namatay. Kilala ito bilang isa sa mga baranggay na apektado ng Bacoor Diversion Road, Bacoor and Diamond Reclamation Project at maging ng LRT-1 Extension.

Nangangahulugang planado at sistematisado ang mga sunog. Taliwas ito sa ipinapalabas sa publiko na diumano'y isang 'aksidente' ang mga nangyayaring sunog. Sa pamamagitan ng pag-iimbestiga ng mga lokal na residente, nakakahanap ng mga galon ng gas at paminsa'y nahuhuli ng mga lokal ang mga may pakana ng pagsiklab ng sunog na gumagalaw sa lalim ng gabi, hapon o tanghaling tapat.

Bagamat nasunugan ng tirahan ang mamamayan, bumabalik ang mga maralita sa kanilang komunidad upang muling magtirik ng kanilang mga kabahayan. Kung kaya'y ginagamitan sila ng samu't saring taktika para mapalayas. Isa rito ang pagtitirik ng mga private security goons sa loob ng komunidad, panghihimasok ng mga kapulisan sa komunidad, pagbabakod, bayaran para sa pagself-demolish, pagsasara ng mga daanan, drug raid operations at iba pa. Nagdudulot ito ng takot at pangamba sa mga maralita at mga mangingisda.

Dagdag pa rito, ang mga apektadong maralita ay basta-basta itatapon sa malalayong relocation areas na malayo sa kabuhayan ng mamamayan at may mataas na amortisasyon na hindi nakakayanang mabayaran ng mga lumilipat. Tanging ang mga ganid na malalaking dayuhang negosyante at lokal na naghaharing-uri lamang

ang makikinabang sa mga proyektong ito. Nakakapagkamal at nakakapangurakot sila ng limpak-limpak na tubo kapalit ng kabuhayan at panirahan ng mamayan.

Ipinapanawagan ng National Democratic Front-Cavite (NDF-Cavite) sa lahat ng mamamayan na labanan at tutulan ang mga nakaambang proyektong sasagasa sa ating mga komunidad. Kasabay nito, dapat nating panagutin ang lahat ng kasangkot sa mga kaso ng hot-demolitions sa ating komunidad at higit sa lahat ay dapat panagutin ang rehimeng US-Marcos sa lahat ng krimen nito sa mamamayan ng Cavite. ###

## **Tunay na pagbabagong panlipunan, hindi charter change ang solusyon sa suliranin ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino**

Pebrero 22, 2024

### **Leona Paragua, Spokesperson NDF-Palawan**

Kaisa ng mamamayang Palaweño at sambayanang Pilipino, ginugunita ng NDFP-Palawan ang pag-aalsang EDSA ng 1986 na nagpatalsik sa pasistang diktador na ama ng kasalukuyang ilehitimo, korap, palpak, papet at pasistang presidenteng Ferdinand Marcos Jr. Napapanahon ngayong gunitain ang isang matagumpay na kolektibong pagkilos ng sambayanang Pilipino sa panahong tila inuulit ng batang Marcos at mistulang hinihigitan pa ang mga krimeng ginawa ng kanyang ama sa labis na pangangayupapa sa



imperyalismong US at ambisyong makapanatili sa poder.

Sa gitna ng bumubulusok na kabuhayan ng bansa, garapalan ang pagraratsada ng rehimen sa charter change (chacha) o panukalang pag-amyenda sa reaksyunaryong konstitusyon na buu-buong magbubuyangyang sa likas na yaman at lahat ng rekurso ng bansa sa dayuhang pandarambong. Gamit ang mga hungkag at gasgas na dahilang para ito sa “pagpapabuti ng ekonomya ng bansa at pagpapaunlad ng kabuhayan ng mamamayan,” pinakikilos ng estado ang lahat ng maka-US at mga lokal na tagapagtaguyod ng neoliberal na mga patakaran para impluwensyahan ang publiko at ipatanggap ang kanilang pakana. Mga taktika itong paulit-ulit na ginagamit ng ilang nagpalit-palitang rehimen para pagtakpan ang tunay nilang layunin sa likod ng chacha—ang palawigin ang sarili sa poder at ibayo pang isuko sa pananalasa ng neoliberalisasyon ang pambansang patrimonya at ekonomiya ng bansa.

Sinalubong ang chacha ng malawakang pagtutol, laluna ng mga pwersang makabayan at progresibo. Nagngingitngit sila sa rehimen, laluna ang masang anakpawis, na nagagawa itong atupagin at pagkaabalahan, lalupang laanan ng napakalaking rekurso at pondo ng bayan gayong lugmok sa pagdarahop ang masang Pilipino. Hati rin kahit ang reaksyunaryong mga pwersa at naghaharing-uri sa nais gawin ng rehimeng US-Marcos II. Kitang-kita ito sa lantad na bangayan sa pagitan ng kongreso at senado pero mas ang di

nila pagkakasundo’y mauugat pa sa kagustuhang manipulahin ng kongreso na rubberstamp ni Marcos Jr ang paraan ng pag-amyenda sa Konstitusyon. Matapos na lamang malantad at mag-ingay ang iba’t ibang sektor at grupo magbabago ng tindig ang ilang senador at may mga pumoposturang kahanay ng malawak na kilusan laban sa chacha. Pinaka-malisyoso sa lahat ang ginagawang pagsakay ni Rodrigo Duterte sa galit ng taumbayan para humanay sa malawak na kilusan laban sa chacha. Walang kredibidilidad at napakalaking ipokrito ni Duterte sa pagtutol sa chacha dahil pinakana niya rin ito sa kanyang termino para tumagal sa kapangyarihan. Ang totoo, ginagamit ni Duterte ang isyu ng chacha para sipain si Marcos Jr at mga alipures nito sa poder para ipalit ang sarili o ang kanyang anak na si Sara. Nagpapakana din si Duterte ng paghihiwalay ng Mindanao gamit ang mainit na usapin ng chacha.

Pilit pinagtatakpan ng rehimen ang katotohanan at tunay na dahilan ng daantaong pagkalugmok ng kabuhayan ng bansa—ang pagsandig sa at pagkubabaw ng imperyalismong US. Matagal nang nakabuyangyang ang ekonomya ng bansa sa dayuhang pandarambong. Katunaya’y ang Pilipinas ang isa sa mga bansang pinakabukas sa dayuhang pamumuhunan sa mga bansa sa Southeast Asia. Sa kabila ng mga restriksyon ng kasalukuyang reaksyunaryong konstitusyong 1987, nakapagmaniobra ang mga papet na rehimen para ilusot ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa mga ari-arian at negosyo sa Pilipinas. Kauna-unahan ang inilusot ng rehimeng

Ramos na Mining Act of 1995 na nagpahintulot sa 100% dayuhang pagmamay-ari ng mga operasyong mina sa bansa sa pamamagitan ng Financial or Technical Assistance Agreements. Pinakahuli ang ginawang pag-amyenda sa Public Services Act ng rehimeng US-Duterte nitong 2022 para pahintulutan ang 100% pagmamay-ari ng dayuhan sa mga paliparan, riles, expressway, pagbabarko at telekomunikasyon. Hindi pa kasama rito ang mga neoliberal na patakarang sinasagisag ng Herrera Law, Wage Rationalization Act, Oil Deregulation Law, Rice Liberalization Law (RLL) at marami pang iba.

Sa Palawan, kawalan ng kabuhayan, pag-agaw sa lupang ninuno at pagkalugmok sa kahirapan ang hatid ng mga batas na ito, kabilang ang RLL na unti-unti ngayong pumapatay sa kabuhayan ng mga magsasaka at pambansang minorya sa probinsya. Sa kabila ng mataas na rice self-sufficiency ng probinsya, bumubulusok ang kabuhayan ng mga magsasaka sa palayan na binabarat ng mga trader sa pagtambak ng mga imported na bigas na dulot ng salot na RLL at napakataas na gastos sa produksyon, huwag nang idagdag pa ang mga natural na kalamidad tulad ng El Niño at La Niña, mga bagyo, baha atbp. Bukod pa rito ang pinsalang hatid sa kapaligiran at kalikasan ng probinsya matapos iratsada ng Mining Act ang mga proyektong mina. Kabilang ito sa mga mayor na dahilan ng pagkakalbo ng mga kagubatan sa Palawan.

Kung ang batayan ng ipinamamarali ng rehimen at mga kakoro nito ay “itutulak ng mas malaking

dayuhang pamumuhunan ang ibayong kaunlaran ng bansa”, bakit hanggang ngayon ay mahirap pa rin at lalong lugmok ang ekonomya ng Pilipinas gayong matagal nang nakaasa sa dayuhang pamumuhunan sa bansa? Dahil ang ultimong interes ng imperyalismong US sa Pilipinas ay panatilihing atrasado ang lokal na ekonomya at pigilan ang pag-usbong ng sariling industriya ng Pilipinas para manatiling asa at nakasuso sa ekonomya ng US. Ang mga sektor ng manupaktura at industriya ang isa sa malaking pinaglalaanan ng dayuhang pamumuhunan sa bansa sa nakaraang ilang dekada laluna’t ang sektor ng manupaktura ay nakabukas sa 100% dayuhang pagmamay-ari. Ngunit sa pagbaybay ng Ibon Foundation sa karanasan ng ating bansa, nakita ang padron ng de-industriyalisasyon na lalong malinaw ngayong 2023 kung saan bumagsak ang sektor sa pinakamaliit na bahagi sa ekonomya na 17.9% sa 75 taon. Pinakamaliit din sa kasaysayan ng bansa ang naitala nitong bahagi sa empleyo na 7.3% lamang.

Tunay na ang pundamental na pagbabagong panlipunan at hindi chacha ang solusyon sa daantaong suliranin ng lipunang Pilipino. Ang kawalan ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon at pagpapanatili ng malakolonyal at malapyudal na sistema ang dahilan kung bakit agraryo, atrasado, pre-industriyal at malapyudal ang ekonomya ng Pilipinas at lugmok sa karalitaan ang pinakamalaking bilang ng mamamayang Pilipino. Tanging sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon

maitataguyod natin ang isang ekonomyang umaasa-sa-sarili at magsisilbi sa interes ng sambayanan. Titiyakin nitong ang sariling kayamanang likas ng bansa at lahat ng pambansang rekurso ay pinakikinabangan ng mamamayan at ipagtatanggol sa pandarambong ng mga dayuhan at mga kasabwat nilang lokal na naghaharing-uri tulad nina Marcos, Duterte, Alvarez at Socrates.

Matapos ang Pag-aalsang EDSA, dakilang aral sa sambayanang Pilipino na bagama't naibagsak ng sama-samang pagkilos ng sambayanan ang isang pasistang diktador, hindi pundamental na nalutas ang mga saligang suliranin ng lipunang malakolonyal at malapyudal. Sa halip, pinalitan lamang ito ng mukha at nagbabalatkayong demokratikong lider pero ipinagpatuloy rin lamang nito ang mga anti-mamamayan at maka-imperyalistang patakaran sa lahat ng larangan, laluna sa ekonomya. At dahil dito, sa kasalukuyan, 38 taon na ang nakalilipas ay lalong bumagsak ang ekonomya at higit na dumami ang naghihirap na mga Pilipino. Ang tunay na pagbabagong panlipunan ay magaganap lamang sa pamamagitan ng pambansa-demokratikong rebolusyon, sa pamamagitan ng digmang bayan para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Sa pagbagsak nito, itatayo ang demokratikong gubyernong bayan na magpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon bilang salalayan sa pagtatatag ng sosyalismo na siyang gagarantiya sa tunay na kaunlaran at kasaganaan ng bayang Pilipino.

Dapat pag-ibayuhin ng bayan ang paglaban sa chacha at lahat ng pakana ng rehimeng US-Marcos II, ng pangkating Duterte at kasabwat na mga lokal na naghahari sa Palawan na wasakin at isuko sa imperyalistang interes ang bansang Pilipinas at tuluyan nang pagkaitan ang mga Pilipino. Kailangang magkaisa ang mayorya ng sambayanang Pilipinong inaapi at pinagsasamantalahan upang makahulagpos sa gapos ng karalitaan.#

## **Condemn the AFP's fascist bombardment campaign in Escalante City**

Pebrero 23, 2024

### **Maoche Legislador, Spokesperson NPA Negros Island Regional Operational Command (Apolinario Gatmaitan Command)**

The Apolinario Gatmaitan Command-New People's Army Negros Island Regional Operations Command (AGC-NPA) condemns in the strongest terms the morning bombing and evening airstrike conducted by the 79th IB in Sitio Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City, Negros Occidental on February 22, against what they estimated as "more than five Red fighters."

According to initial reports from the Roselyn Jean Pelle Command-NPA's Northern Negros Guerrilla Front (RJPC-NPA), as of yesterday noon, the only legitimate encounter occurred on February 21, around 11:00 in the morning, along the border of Sitio Mansulao, Barangay San Isidro, Toboso,

Negros Occidental and Sitio Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City, both are part of the Trangkal Range.

As clarified by the RJPC-NPA, there was no firefight in the area yesterday morning. Instead, over 10 bombs were dropped on Sitio Mansulao, part of Escalante City, between 6:00 to 9:00 in the morning, damaging livelihoods and the environment.

The same perimeter was strafed using machine guns mounted on helicopters and was bombed at least five times, thereafter. Residents around the area observed that the explosion from the morning bombing was different compared to the evening airstrike.

The 79th IB and the Armed Forces of the Philippines (AFP) chain of command consciously violated the protocols of war by bombing the area. The use of bombs against guerrilla fighters armed only with rifles and less powerful weapons is a disproportionate and unnecessary use of force. Clearly, the AFP violated international humanitarian law.

The destruction and trauma the military bombing have caused on the community and the environment is also unforgivable. We do not discount, as well, the possibility of the military killing its own troops as a result of yesterday's bombings.

It is both heartless and shameful for the AFP to declare the Northern Negros Guerrilla Front

“dismantled” and yet it continues to employ tactics such as aerial bombings to “pursue rebel remnants.” In truth, they are desperate to maintain their false sense of security while adamantly harming the masses in the process.

The AFP chain of command, from 79th IB commander Lt. Col. Arnel Calaoagan, 303rd Brigade commander BGen. Orlando Edralin, 3rd Infantry Division commander MGen. Marion Sison, Visayas Command chief Lt. Gen. Benedict Arevalo, all the way up to AFP Chief of Staff Gen. Romeo Brawner Jr and their Commander in Chief Ferdinand Marcos Jr, must be made accountable for such bombardment campaign.

Like their imperialist US master, the AFP ignores the Geneva Conventions and international humanitarian law, as a whole. As these merciless attacks continue, it is only the AFP generals and commanders who are proving themselves unable to hold up to their ostentatious claims and further pushing the people to armed struggle.###

## **NPA lang gid bala ang target sang kalakasan sang AFP sa Escalante City?**

Pebrero 23, 2024

**Cecil Estrella, Spokesperson  
NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle  
Command)**

Tuman nga kabalaka ang nabatyagan sang bug-os nga pumuluyong Negrosanon sa ginpakita sang Armed of the Philippines (AFP) kag



#DiMasaligan79IB ang ila mapangwasak nga kalakasan sa Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan sa syudad sang Escalante, Negros Occidental sumugod Pebrero 21 tubtob kagab-i, Pebrero 22.

Matapos ang kompirmado nga engkwentro sa tunga sang #DiMasaligan79IB kag sa yunit sang Roselyn Jean Pelle Command-Northern Negros Guerilla Front (RJPC-NPA) sadtong pasado alas 11:00 sang aga sa Pebrero 21 sa nasambit nga lugar, diin gindeklarar sang mga tigpamaba sa nasambit nga militar nga ara lang sa walo ka Pulang hangaway, hingagaw nga ginpagwa sa mga Armed Fake news Peddlers (AFP, armado nga tigpalapnag sang mga kabutigan) nga may tatlo ka Pulang hangaway nga napatay. Dugang pa nila, ara na lang sa lima ang nabilin sa NPA kag nacordon/ na-ensirkulohan na nila sadtong Pebrero 22. May gin-ako man sila nga apat ka pasistang tropa ang napilasan.

Nagkalain-lain nga sahi sang kalakasan ang ginpakita sang AFP kag # DiMasaligan79IB sa paglagas sa ginsiling nila nga “lima ka mga Pulang hangaway nga nabilin.” Asud-asod nila nga ginpaarakan kag ginbombahan ang Trangkalan (Trangkal Range) gamit ang sobra kadaku nga pwera sang #DiMasaligan79IB kag abanse nga mga kagamitan pang gyera.

Kung patihan ang ila risk assessment (pagtasa sang posibleng risgo) antes patarasak nga nagpalupok gamit ang duha ka yunit sang Agusta 109 nga helikopter sa ila machine gun kag indi magnubo sa lima ka mga rocket sang pasado alas

7pm sa Pebrero 22, makasabat bala ini sa 'heavy resistance' ukon baskug nga pagbato sang lima ka Pulang hangaway, balansyado ba ini sa pwersa nga ginsiling nila nga pila na lang ka bilog nga NPA; kag sa kadaut nga natuga sa kinaiyahan, kasapatan kag palangabuhian sang pumuluyo?

Indi mapatihan sang bilog rebolusyonaryo nga pwersa kag mga kaalyado nga matapos ang naga-isahanon nga engkwentro sadtong Pebrero 21, magpabilin lang sa gihapon ang mga Pulang hangaway sa perimetro kag hatagan tsansa ang AFP nga mapalibutan sila. Daku nga kabutigan nga na kordon sang kaaway nga pwersa ang imbolbado nga yunit sang RJPC-NPA. Daku man nga kabutigan ang ginsiling nga serye sang panagsangka.

Puro kabutigan man kag paunod lang sa ila nauna nga mga kabutigan ang mga ginsiling sang mga tigpamaba sang AFP kaangay sang 'naga-meting kuno ang RJPC-NPA para planuhan ang pagbato sang deklarasyon sa Stable Internal Peace and Security (SIPS)' nga 'posibleng gintambungan sang matag-as nga opisyal' sang NPA kag 'nakita' man kuno ang presensya sang isa ka lider sang NPA nga may padya.

Kung patihan naton ang pasulit-sulit nga deklarasyon sang AFP kag # DiMasaligan79IB nga madugay na nga 'nadismantol,' 'naghuyang' kag 'ara na lang sa walo ka bilog' ang Pulang hangaway sang RJPC-NPA, paano mahatagan sang rason ang asud-asod, dalagku kag nakapokus nga operasyon sang AFP? Gindugangan pa sa ila deklarasyon nga 'epektibo ang NTF-Elcac kag ang

mga Barangay Development Program (BDP) kontra sa NPA,' apang kon matuod ini, paano pa nakaluntad, nakalawig kag nakarekober ang NPA?

Hungod nga ginpakita sang unipormadong pasistang tropa ang mga terrible nga kalakasan agud ipabatyag sa pumuluyo kag magtanom sang kakugmat. Indi mabaton sa pamensaron sang mga mersenaryong bayaran nga AFP ngaa wala untat ang pagsuporta sang pumuluyo sa NPA bisan pa sa ila pakitang-tawo nga mga proyekto. Indi mabaton sang mga berdugo sa ila kaugalingon nga ginkilala gihapon sang pumuluyo bilang matuod nga hangaway sang pumuluyo ang NPA, bisan pa sa ila peke nga mga deklarasyon.

Ang matuod nga rason sa indi magtabo nga mga pahayag sang mga tigpamaba sang militar amo nga para ini sa ila kaugalingon nga rason, pareho sang promosyon, personal nga pagkilala, pagkurakot kag iban pa. Dugang pa, gusto nila hinabunan ang ila mga kapyerdehan, kakulangan kag mga kalapasan batok sa pumuluyo. Indi man kita masorpresa nga wala sila sang angkunon nga mga nagkalamatay sa ila hanay bangud madugay na nila nga wala ginahatagan sang balor ang kabuhi sang ila tropa.###

## **Pinatinding gera kontra-magsasaka sa Masbate sa ilalim ng deklarasyon ni Marcos Jr na pagdurog sa NPA**

Pebrero 23, 2024

**Luz del Mar, Spokesperson  
NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Sunud-sunod na mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang naitala sa Masbate sa unang bahagi ng 2024 matapos ang panibagong deklarasyon ng rehimeng US-Marcos na durugin ang NPA bago matapos ang taon.

Karamihan sa mga biktima'y mga magsasaka sang-ayon sa nagpapatuloy na kampanya ni Marcos at lokal na tuta tulad ni Gov. Antonio T. Kho na kamkamin ang libu-libong ektarya ng lupa sa prubinsya. Tampok dito ang pagpatay ng mga elemento ng 2nd IBPA sa matandang mag-asawang sina Pedro (78 anyos) at Florencia (67 anyos) Regala sa Barangay Tuboran, bayan ng Cawayan noong Pebrero 5.

Ang mag-asawa ay mga magsasaka sa lupaing Triple A na matagal nang pakay ni Gov. Kho na makamkam para sa kanyang interes sa rantso.

Ilan pa sa mga naitalang kaso ng abusong militar mula Enero hanggang ikatlong linggo ng Pebrero

- Enero 6–iligal na inaresto ang limang (5) sibilyan na nakilalang sina Elorde Bravante, Gerry Lomontod, Ma. Veronica Bacunawa, Romeo Bauso at Julito Jara mula sa iba't ibang mga bayan sa prubinsya;
- Enero 29, 2024–naghasik ng terorismo ang mga elemento ng CAFGU sa pangunguna ng militar na si Sgt. Ramos sa mga komunidad na sumasaklaw sa Hacienda Mortuegue sa bayan ng Pio V. Corpuz at Esperanza. Sa bayan ng Pio V. Corpus, binugbog at ninakawan ng alagang manok si Johnny Compuesto sa Barangay Labigan habang

sinalakay ang tahanan ni Ruel Menchavez sa Barangay Tubog. Sa Barangay Tawad, bayan ng Esperanza, ninakawan sina Inday Canete at Ruben Menchavez habang nakaranas ng pananakit sina Cadong Mendoza at Wilyn Menchavez.

- Enero 29-30, 2024-Sa Sityo Malapinggan, Barangay Sawmill, bayan ng Mobo, pinaputukan ng ilang element ng 96th MICO ang mga residenteng nangahas magkopra sa niyugang inagaw ng militar sa Sityo Malapinggan, hangganan ng Barangay San Jose, Uson at Barangay Sawmill, bayan ng Mobo. Walang habas na nagpaputok ang militar sa kabila ng pagmamakaawa ng mga residente, laluna si Edna Lalaguna Masamoc na may anak na may sakit sa puso. Napilitang umalis ang pamilya ni Masamoc sa kanilang tahanan papunta sa sentrong baryo. Pagbalik ng pamilya kinabukasan ay nadatnan nila ang kanilang tahananang niransak at ninakawan ng naturang mga elemento ng militar na nakilalang sina Christian Adi, Joker Adi at Nonoy Halog.

- Pebrero 2024-binantaan ng militar ang aplikante sa pagkaguro na si Ganggang Rodina na pagkakaitan ng teaching items kung tatanggap maging asset ng kaaway. Si Rodina ay residente ng Barangay Liong, bayan ng Cataingan. s Ayon ky Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan Masbate, titiyakin ng NPA-Masbate na sasamahan ang mamamayang Masbatenyo sa pagkakamit ng hustisya laban sa walang awat na terorismo ng militar. Panata ng NPA-Masbate na paigtingin ang armadong paglaban upang panagutin ang AFP-

PNP-CAFGU at kanilang mga kumander tulad nina Gov. Kho at Marcos Jr. sa kanilang mga krimen sa mga Masbatenyo.

## **A Red Salute to Hannah Jay “Ka Maya” Cesista and All Revolutionary Martyrs in the Recent Bohol Encounter**

Pebrero 24, 2024

### **Kabataang Makabayan-Negros Island**

Kabataang Makabayan (KM)-Negros gives its firm red salute to Hannah Jay “Ka Maya” Cesista, along with Domingo “Ka Silong” Compoc, Parlito “Ka Aldrin” Segovia, Marlon “Ka Darwin” Omosura, and Ka Juaning, who were martyred after an encounter between Red fighters of the New People’s Army (NPA)-Bohol and combined fascist troops of the Bohol Police Provincial Office and 47th Infantry Battalion last February 23 in Barangay Campagao, Bilar, Bohol.

We extend, as well, our sympathies to their families and the broad masses of workers and peasants whom they chose to fight for to their last breath. We mourn the loss of such valiant comrades, but grief shall serve as fuel to the revolutionary flame in our hearts that can never be extinguished until the national democratic aspirations they offered their lives for are achieved.

We particularly raise our fists to our fellow youth, Hannah Jay “Ka Maya” Cesista, whose revolutionary martyrdom serves as inspiration in

expressing our militancy through joining the ranks of the NPA. Her pursuit of championing human rights took her to the difficult path of armed struggle after witnessing state fascism and terrorism and, by extension reactionary law, as but utilities of the ruling class to exploit and oppress the people.

Ka Maya offered her expertise and intellect to strengthen the revolutionary ranks of the NPA in Bohol, serving the people wholeheartedly. Despite the incessant smear campaign of the Armed Forces of the Philippines, Ka Maya's life was far from wasted. In fact, she has proven, along with the thousands of martyred Red fighters, that the revolution continues through the ceaseless flow of new blood from the youth who are radicalized in the cities and the countryside, eager for genuine national democracy and lasting peace.

In this semi-colonial and semi-feudal society, it is both just and necessary to revolt against imperialism, feudalism, and bureaucrat capitalism. Fellow youth, let us succeed Ka Maya's revolutionary aspirations that can only be realized through a people's democratic revolution.

Long live all revolutionary martyrs and heroes!  
Advance the people's war! Join the NPA!

**Pulang saludo kang Ka Jandy ug Ka Jorge, mga martir sa rebolusyon ug maayong anak sa katawhan!**

Pebrero 24, 2024

## **Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle Command)**

Samtang nakaisa ang nakakumkum nga kamot, gipasidunggan sa mga Pulang kumander ug manggugubat sa Roselyn Jean Pelle Command-Northern Negros Guerilla Front sa New People's Army (RJPC-NPA) ug sa tibuok rebolusyonaryong pwersa ug kaalyado sa Northern Negros ang paghalad sa kinabuhi nila ni Ka Jandy ug Ka Jorge sa altar sa rebolusyon. Gihatag nato kanila ang pinakataas nga pag-ila isip mga maisugon nga mga batan-on nga hukbo nga nakig-atubang sa sobra kadaku nga tropa sa #DiMasaligan79IB kaniadtong Pebrero 21, 2024, alas 11:00 sa buntag, sa Sitio Mansulao, Barangay Pinapugasan sa syudad sa Escalante, Negros Occidental. Gipasadunggan man nato si Tatay Jose nga biktima sa brutalidad sa berdugong militar sa maong insidente.

Si Ka Jandy ug Ka Jorge ang dagway sa batan-ong dugo sa mga rebolusyonaryo sa Northern Negros. Si Ka Jandy ang ehemplo sa mga biktima sa kabangis sa estado nga maisugong nisukol isip inahan, asawa ug igsuong babaye. Si Ka Jorge, sa pikas bahin, ang ehemplo sa mga batan-ong biktima sa dunot nga kultura nga gustong baguhon ang sistema nga nanukad sa pagbag-o sa kaugalingon diha sa pag-alagad sa katawhan.

Kinsa si Ka Jandy?

Si Emarie 'Ka Jandy' Pastidio, 27 anyos, nga nailhan usab sa iyang mga kauban ug mga masa



isip Ka Janine ug Ka Venus, ang naggikan sa Barangay Jonob-jonob sa syudad sang Escalante. Naggikan siya sa hut-ong tunga-tungang mag-uuma diin ang panginabuhian sa ilang pamilya produkto sa pakigbisog. Ang ilang pamilya ang aktibo kaniadto sa rebolusyonaryong kalihukan ug pinaagi diri nakaila man siya sa rebolusyon.

Sa iyang mas sayong edad, aktibo si Ka Jandy sa pag-organisa sa pareho niyang batan-on pinaagi sa kultural nga grupo nga Teatro Obrero. Diri niya napalawman ang kadunot sa sistema. Kaniadtong 2018, gidakop siya sa mga pwera sa estado sa usa ka reyd, kuyog ang usa pa ka batan-ong organisador sa Teatro Obrero, sa syudad sa San Carlos, Negros Occidental. Diri niya unang nasinati ang kapintas sa estado. Sa dakung gabie, gipahapa sila sa gipuy-an sa hulmigas, ayha gidala sa Battalion HQ sa Sagay City, Negros Occidental ug gi-psywar ug gi-torture. Tungod sa pagpangusog sa pamilya ug kalihukang masa, napagawas ang 22-anyos nga si Ka Jandy ug ang iyang kauban.

Tungod sa nasinati sa kamot sa kaaway, nagpasakop si Ka Jandy sa NPA human makagawas. Dakung tampo ang nahimo ni Ka Jandy sa pagbuslot kaniadto sa bukirang bahin sa Don Salvador Benedicto, Negros Occidental ug sa San Carlos City.

Sa dugang hagit sa panahon, kaniadtong Enero 13, 2021, naningkamot si Ka Jandy nga dili madakpan sa pasistang kamot sa #DiMasaligan79IB ug sakit-sa-buot nga gibilin ang duha ka bulan nga si Baby Marx Cairo sa usa

ka pamilya sa Barangay San Fernando, Talisay City, Negros Occidental. Apan, human sa pila ka adlaw nga pagtago, naabtan siya ug nalibutan sa pasistang kaaway og nahitabo ang iyang gikahadlokan nga masinati—gidagit, gi-tortyur ug gi-rape si Ka Jandy sa mga berdugong militar. Nilanat pa og 10 ka adlaw bag-o siya nakakita og higayon nga muikyas ug hinanali nga na-reskyu sa mga kaubanang NPA.

Hangtud sa katapusang higayon sa ginhawa ni Ka Jandy, dala-dala niya ang troma sa lain-laing klaseng abuso gikan sa #DiMasaligan79IB, hilabi na ang wala pagkakita sa iyang bata nga si Baby Marx nga hangtud karon nagpabiling hostage ug anaa sa kontrol sa NTF-Elcac. Apan, sa iyang paningkamot ug tabang gikan sa mga kauban ug masa, napatigbabawan niya ang iyang mga makalilisang nga kasinatian ug mas nihugot pa ang iyang panindugan nga alagaran kanunay ang katawhan, para wala nay laing mahimong biktima sa kamot sa pasistang estado.

Kinsa si Ka Jorge?

Si Joshua ‘Ka Jorge’ Sultan, 19 anyos, taga-Barangay Winaswasan, Calatrava, Negros Occidental. Naggikan sa pamilyang tunga-tungang mangunguma nga nag-atiman sa ilang gamay’ng katubhan ug halos nagsalig sa inadlaw nga obra sa katubhan o sa pagtapas-karga. Nakasinati sab si Ka Jorge nga mulangyaw sa laing dapit para motrabaho sa konstruksyon. Diri niya nasinati ang pagsulod sa lain-laing bisyo. Sa iyang mga nakuyog sa tapas-karga, nailhan siya sa iyang pagkasiaw.

Sa dihang naglihok ang mga kaubang Hukbo sa ilang dapit, hinay-hinay niyang nailhan ang rebolusyonaryong kalihukan ug ang Hukbo isip tigpanalipud sa mga kabos. Diri niya naresolba ang kaugalingon ug nagdesisyon nga mukuyog sa mga kauban.

Nisulod si Ka Jorge sa NPA kaniadtong Mayo 2023. Sa iyang pagsugod sa serbisyo, makita sa iyaha ang pagkadesididong mokat-on. Palangisi siya ug dili maulawon sa pakiglambigit sa masa. Aktibo man siya sa mga pagtuon ug pagbansay. Masaligan sa mga kaubang manggugubat si Ka Jorge sa paghimo og ruta ug isip instruktur sa literasiya ug numerasiya (LitNum). Daku siya'g natampo sa mga aksyong militar nga nalunsad.

Gikaguol sa tibuok rebolusyonaryong pwersa ug kaalyado ang kamatayon sa duha ka batan-ong rebolusyonaryo. Ang ilang sakripisyo, mga tampo ug hilabi na ang ilang kinabuhi dili mausik ug gani ipasiguro sa mga kaubanan nga mapadayon kini hangtud nga ang atong damgo nga tinuod nga kalinaw, hustisya, demokrasya ug kagawasan makab-ot sa tibuok katawhan ug dili na mahimong biktima susama nilang Ka Jandy ug Ka Jorge.

Unsa ang mga bakak nga gipakuyanap sa #DiMasaligan79IB?

Gikalagutan sa rebolusyonaryong pwersa sa Northern Negros ang walay batasan ug malisyoso nga pagsabwag og mga bakak sa mga Armed Fake news Peddlers (AFP o armadong tigpakuyanap og peke nga balita) ug sa #DiMasaligan79IB sa tumong nga makapahumot sa publiko.

Dakung bakak nga si Ka Jandy usa ka “child warrior” o batang manggugubat. Si Ka Jandy 22 anyos sa panahon nga nadakpan niadtong 2018 sa wala pa siya nisulod sa NPA. Walay nahitabong engkwentro didtong dapita aning panahona. Ang kamatuoran nga dili malipod, biktima si Ka Jandy sa pasismo ug brutalidad sa militar.

Dakung bakak nga si Ka Jorge anak sa usa ka NPA. Ang ilang gipasangil nga bata sa NPA, wala sab gi-reskyu sa #DiMasaligan79IB, gani, sukwahi pa sa gisapubliko. Ang giingong si Michael ug ang iyang mga igsuon gi-hostage sa #DiMasaligan79IB para mapasurender ang mga ginikanan. Gi-videohan sa militar ang mga bata ug pugos nga gipasulti sa gi-andam nga script ayha gibuhian sa mga pasistang sundalo.

Dakung bakak nga adunay ikatulo nga kaswalidad ang NPA. Nakadawat ang RJPC-NPA og taho nga gipangita sa pamilya si Tatay Jose Caramihan nga nagtanum og humay sa Sityo Mansulao panahon ang linukpanay. Gituohan nga gipatay ug deklara sa bakakon nga tigpamaba sa AFP nga napatay sa engkwentro.

Nasayop ang AFP ug #DiMasaligan79IB sa ilang pagtuo nga mapugngan nila ang pagrekober ug pag-abante sa rebolusyonaryong kalihukan pinaagi sa mga pagpangilad ug pasistang pamaagi. Wala nawagtang, ug gani nadugangan pa, ang basehan sa pagtunhay sa armadong pakigbisog ug mas gipalig-on pa sa kaaway ang kagustohan sa katawhan nga mosukol. Sa inspirasyon sa kalihukang pagtul-id nga gipangunahan sa Partido Komunista sa Pilipinas

(PKP), magpadayon ang mga Pulang kumander ug manggugubat sa pagkuha og mga leksyon para mutampo sa pag-asdang sa gubat sa katawhan hangtud makab-ot ang hingpit nga kadaugan.###

## **Gunitain ang araw ng Pag-aalsang EDSA sa diwa ng militanteng pakikibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at pangmatagalang kapayapaan**

Pebrero 25, 2024

### **Public Information Office CPP Southern Tagalog Regional Committee**

Ngayong Pebrero 25, makalipas ang 38 taon, ginugunita natin ang Pag-aalsang EDSA sa gitna ng imbing pakana ng rehimeng US-Marcos II na ibaon at labusawin ang diwa ng anti-diktadura at demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino na nagpatalsik sa diktador na si Ferdinand Marcos Sr. sa Malacañang noong 1986. Sa harap nito, lumalakas naman ang militanteng pakikibakang bayan para singilin ang papet, pasista at pahirap na rehimeng US-Marcos II sa lansakang pagyurak sa pambansang kalayaan at demokratikong interes ng bayan sa gitna ng papalubhang krisis ng naghaharing sistemang makolonyal at malapyudal.

Noong Oktubre 2023, tusong inianunsyo ni Marcos Jr. ang pag-alis sa paggunita ng Pag-aalsang EDSA sa listahan ng “National holidays” sa 2024. Bahagi ito ng matagal nang maniobra ng

pamilya Marcos na rebisahin ang kasaysayan para burahin sa kolektibong gunita ng sambayanang Pilipino ang makasaysayang pagpapatalsik sa diktador. Inalmahan ito ng iba't ibang grupo at sektor na naging bahagi ng daluyong ng pakikibakang demokratiko at anti-diktadura.

Higit kailanman nararapat na alalahanin ang Pebrero 25 bilang kulminasyon ng kumulatibong militanteng pakikibaka ng sambayanan laban sa diktadurang Marcos I at sa nagpapatuloy na pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya sa ilalim ng isa na namang Marcos na sumusunod sa yapak sa kanyang amang lubos na kinamuhian ng bayan.

Nahaharap ngayon ang bansa sa ibayong krisis sa pulitika at ekonomya bunsod ng walang patid na pagpapakatuta ng rehimeng Marcos II at pagsunod nito sa imposisyong neoliberal ng imperyalistang globalisasyon. Lubusang naagnas ang lipunang malakolonyal at malapyudal sa harap ng pandaigdigang krisis ng sistemang kapitalista at tumatagal na mga gerang proxy sa udyok ng imperyalismong US.

Tahasan ang pagiging papet ng ilehitimong pangulong si Marcos Jr. Pangita ang lubos na pag-akomoda ng kasalukuyang rehimen at pagpapailalim sa geopolitikal na interes ng US para ibalandra ang kapangyarihan militar nito sa Asia-Pasipiko at salikupin ang katunggaling kapwa imperyalistang China. Liban sa pagpapahintulot ng rehimen sa mga karagdagang base militar ng US sa bansa sa ilalim ng EDCA, may panibangong planong magtayo ng pasilidad militar sa hilagang

bahagi ng teritoryo ng bansa na nakaharap sa Taiwan, partikular sa isla ng Mavulis, Batanes at pag-engganyo sa mga mamamayan ng Batanes na maging reservist ng AFP sa udyok US na lalong ikinagagalit ng China. Wala ring tigil ang mga ehersisyong militar na inilulunsad ng magkasanib na mga tropang Amerikano at AFP pati ang iba pang alyado ng US tulad ng Japan, Australia at Canada sa mga kalupaan at karagatan ng bansa. Nito lamang Pebrero 9, isigawa ang 3rd Maritime Cooperative Activity ng AFP at US Indo-Pacific Command (USINDOPACOM) sa West Philippine Sea.

Bunga ng mga pang-uupat ng US, mas nagiging agresibo ang China na i-militarisa ang West Phillipine Sea at paramihin pa ang pasilidad militar nito sa mga bahurang sakop ng exclusive economic zone ng Pilipinas. Lahat ng ito ay kumakaladkad sa bansa sa arena ng napipintong gera sa pagitan ng imperyalistang kapangyarihang US at China at tiyak na magdudulot ng panganib sa buhay at kalayaan ng bansa.

Ang kaguluhan sa pulitika kaugnay sa pakanang pag-amyenda ng Saligang Batas ng 1987 ay tulak ng neoliberal na maniobrang baklasin ang probisyong pang-ekonomya nito na nangangalaga sa pambansang patrimonya at ekonomya ng bansa para sa interes ng dayuhang namumuhunan na mag-ari ng lupa, dambungin ang likas na yaman ng bansa, kontrolin ang serbisyo at utilidad pampubliko sa bansa at tuluyang gawing piyon sa nilulutong gera sa Asia Pacific. Hindi rin maikakaila ang imbing tangkang pagpapalawig sa

termino ng mga sugapa sa kapangyarihan ng naghaharing paksyon sa pulitika sa bansa.

Likas sa patakarang pang-ekonomya ng rehimeng US-Marcos II ang pikit-matang pagsunod at pagpapailalim sa dikta at interes ng globalisasyong neoliberal ng imperyalismong US. Sa pamamagitan ng mga ahensya at bangkong kontrolado nito, inirereseta ang mga patakarang ekonomya na lalong naglulugmok sa dati nang mabuway na pundasyon pang-ekonomya ng bansa. Ang mantra ng pagsalig sa dayuhang pamumuhunan at pang-eengganyo rito ang kinahumalingan ni Marcos Jr. Ito ang nasa likod ng magastos na mga pagbyahe niya sa labas bansa, sa halip na patatagin ang lokal na produksyon sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Higit pang bumulusok ang kabuhayan na nagdulot ng grabeng pagdurusa sa malawak na mamamayan. Inutil ang rehimen na lutasin ang patuloy na pagtaas ng presyo ng pagkain, laluna na ang bigas at iba pang pangunahing bilihan at serbisyo. Lubos na nakasalig ito sa importasyon na lalong ikinalugmok ng lokal na produksyong agrikultura, kawalan ng hanapbuhay at mataas na implasyon na pilit na pinagtatakpan ng mga bayarang sarbey at basurang estadistika. Subalit nagdudumilat ang katotohanang may malawak na kagutuman at kahirapan sa buong bayan.

Mas papatindi ang pasismo at terorismo ng estado. Sa kabila ng ipinapangalandakan ng AFP-PNP at NTF-Elcac na nakamit na umano nito ang “strategic victory” laban sa rebolusyonaryong



kilusan at pagpihit na nito sa pagpapatatag ng external defense, patuloy namang dinudumog ng operasyong militar ang mga kanayunan at lugar kung saan may malakas na paglaban ang mamamayan. Patuloy na pinalalaki ang pondo ng AFP-PNP para sa kontra-rebolusyonyong digma at modernisasyon ng AFP na nakaangkla sa interes ng imperyalismong US. Sa kabila ito ng pagkasaid ng pondo ng bayan para sa makabuluhang serbisyong panlipunan.

Patuloy na humahaba ang listahan ng paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan tulad ng mga pagpatay; pagdamay sa mga inosenteng sibilyan sa mga labanan tulad ng nangyari kina Pretty Sheine Anacta at Rose Jane Agda sa Balayan, Batangas ; panggigipit sa mga pamilya ng pinagsususpetsahang NPA at pilit na paggamit sa kanila para pasukuin ang kamag-anak umano na NPA; pagkontrol sa mga barangay na pinangyarihan ng labanan kagaya ng ginawa sa Rodriguez, Rizal nitong Enero kung saan naglatag ng checkpoint ang AFP; maramihan at paulit-ulit na pekeng pagpapasuko; sapilitang pagwala, pagsampa ng gawa-gawang kaso, red-tagging/terrorist-tagging sa mga lider, aktibista at mga pwersang progresibo at demokratiko. Higit na nakababahala ang walang patumanggang pambobomba sa mga komunidad at kabundukan na ikinapapahamak ng sibilyang populasyon.

Mahigpit na tinututulan at binabalahura ng mga militarista at utak-pulburang opisyal ng militar at gubyrno ang Oslo Joint Statement na nagbukas ng posibilidad para sa usapang pangkapayapaan

sa pagitan ng NDFP at GRP. Ang usapang pangkapayapaan para sa NDFP ay nakatudla sa paglutas sa ugat ng armadong tunggalian na nangangahulugan ng pagtugon sa mga batayang sosyal at pang-ekonomikong interes ng malawak na mamamayan upang makamit ang pangmatagalan at makatarungang kapayapaan. Nasa ubod nito ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon na siyang tanging landas para sa kaunlaran ng bansa. Taliwas dito ang hangarin ng GRP na kapitulasyon ng rebolusyonaryong kilusan na kasingkahulugan ng pagkakamit ng kapayapaan ng libingan.

Sa harap ng lahat ng ito, bumabangon, nagpapalawak at nagpapalakas ang kilusan ng iba't ibang uri at sektor para kamtin ang lehitimong interes, kahilingan at mga karapatan ng mamamayan. Nakikibaka ang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa, pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa at pagtaas sa farmgate ng mga produktong bukid. Nananawagan ang mga manggagawang bukid at manggagawa sa industriya para sa nakabubuhay na sahod, benepisyong karapatan. Nanawagan ang mga guro, manggagawang pangkalusugan at iba pang empleyado ng pampublikong sektor para sa taas-sahod at benepisyong matagal nang ipinagkakait sa kanila. Lumalaban ang sektor ng transportasyon sa pagmasaker ng estado sa kanilang kabuhayan sa ngalan ng PUV modernization. Muling pumapagitna ang militanteng kilusang kabataan sa pakikibaka para sa karapatan sa edukasyong libre, syentipiko,

makamasa't makabayan kasabay ng pakikipagkaisa sa laban ng mga batayang sektor.

Patuloy na lumalakas ang paglaban ng mamamayan para panagutin ang ilehitimong si Marcos Jr. sa pagnanakaw sa mandato ng bayan matapos sunod-sunod na mabunyag ang mga ebidensya sa talamak na dayaan sa elektronikong eleksiyong 2022. Lumalawak ang pagtutol sa pakanang pag-amyenda ng Saligang Batas at sa maanomalyang pagsusulong ng People's Initiative, inaalmahan ito ng mga nasa batayang sektor, mga taong-simbahan, mga abogado, grupo at institusyon akademiko, progresibo at higit sa lahat ng mga pambansa-demokratikong pwersa. Tuloy-tuloy na nagpoprotesta ang mga makabayan at patriyotikong pwersa sa tahasang panghihimasok ng US sa teritoryo, usaping pambansa at militar ng Pilipinas. Malakas ang panawagan para sa pagbubukas ng usapang pangkapayaan para tugunan ang ugat ng armadong tunggalian.

Dapat higit pang pag-ibayuhin ang mga militanteng pakikibakang bayan para singilin ang labis na pagpapakatuta ng rehimen Marcos-II sa imperyalismong US. Dapat tuloy-tuloy na ilantad at labanan ang pasista at pahirap na rehimen. Dapat pabulwakin ang daluyong ng pag-aalsang bayan kagaya ng EDSA kasabay ng pagpapaigting ng digmang bayan sa balangkas ng pambansa-demokratikong rebolusyon upang lutasin ang mga pundamental na suliranin ng lipunang malakolonyal at malapyudal at kamtin ang tunay na pambansang paglaya, demokrasya at pangmatagalang kapayapaan.###

## Justice for the Bilar 5!

Pebrero 25, 2024

### **Kabataang Makabayan-Negros Island**

Kabataang Makabayan (KM)-Negros expresses its utmost rage and vehemently condemns the 47th Infantry Battalion and Bohol Provincial Police Office upon confirmation that there was no encounter last February 24 in Bilar, Bohol, but another cold-blooded massacre of captured revolutionaries. We demand justice for victims Domingo Compoc, Hannah Cesista, Parlito Historia, Marlon Omosura and Alberto Sancho.

According to recent information, the five Red fighters were captured by the AFP's 47th IB and PNP Bohol in Sitio Matin-ao 2, Barangay Campagao, Bilar, Bohol. Thus, they should have been afforded their rights as prisoners of war as stated in the third 1949 Geneva Convention, in Additional Protocol 1 of 1977 and under the GRP-NDFP Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). As neanderthal goons of the elite however, the AFP and PNP tussled over the reward money of Domingo Compoc and committed their business-as-usual scheme of torturing and eventually brutally killing hors de combat.

Compoc was suffering from arthritis and old age, and was stabbed to death in front of villagers. Cesista, along with Compoc and the other victims, was made to crawl in the mud until the fascists decided to kill her as well. There was no

encounter to begin with, only a showcase of the wanton violent nature of the AFP and PNP against the defenseless.

The reactionary state continues their brutal streak of massacres of hors de combat and civilians in the hope to threaten the masses. We also condemn the killing of farmer Jose Caramihan in Sitio Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City last February 21. He was murdered by the 79th IB and paraded as a NPA casualty after an encounter with Red fighters. These kinds of mercenary gestures only show the people that the illusion of peace propagated by the AFP, PNP, and NTF-Elcac is ridden with blood.

Thus, like Cesista, more youth are enticed to join the NPA after being disillusioned of the pseudo-democracy indoctrinated by the ruling class in our educational system. It is not a waste for a lawyer to go to the countryside and defend the oppressed and exploited. Utter waste and garbage should be used to describe the 47th IB and the reactionary state as a whole, who are in truth the ones capitalizing upon their murders to keep up with their twisted sense of besmirching the revolution that they cannot defeat and instead always end up expanding.

The revolutionary youth of Negros have not forgotten the brutal murder of National Democratic Front consultant Ericson Acosta and peasant organizer Joseph Jimenez at the hands of the 47th IB in Barangay Camansi, Kabankalan City on November 2022. The 47th IB is also accountable for separate incidents of extrajudicial

killing of farmers Jonel Bayno and Rogelio Lacton who were taken by the 47th IB from their homes and were only seen by their families as cadavers left along the road in the hinterland of Sipalay City on May 2023. This same butcher battalion massacred five hors de combat, including a pregnant woman, and a tricycle driver on September 21, 2023 at Barangay Tabugon, Kabankalan City.

As we pay our highest tributes to the Bilar 5, KM-Negros also vows to continue expanding and consolidating its ranks to strengthen the revolutionary movement. We take inspiration from the likes of Rachele Mae Palang, Nikka dela Cruz, Cheene Dacalos and Hannah Cesista, and the rest of the radical and progressive youth who chose to join the armed struggle and offer the highest form of sacrifice for the interests and welfare of the exploited masses.###

## **Patibkeren ti kolektibo a pigsa ti masa! Gubat ti umili, saan a chacha!**

Pebrero 25, 2024

### **Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Cagayan Valley**

Makaapleng ti tagari ken rinnikar iti agturturay a dasig kanaig iti panaginnagaw iti bileg ken poder, kasta met ti panangbaliw iti reaksyonaryo a konstitusyon (charter change wenno chacha) iti linged ti ubbaw a People's Initiative tapno ikkan ti dakdakkal a wayawayaya dagiti ganggannaet a negosyante a naan-anay a maakses ken matagikua

dagiti nainsigudan a kinabakang, serbisyo ken utilidad iti pagilian.

Ngem nu kasano da kaariwawa, kasta met ti kaulimek da kanaig iti sasaaden dagiti umili, nangruna dagiti mannalon nga agsagsagrap iti awan kapada na a panagrigrigat. Isu a rumbeng laeng a lagipen ti maika-38 anibersaryo iti Panagrukkuas nga EDSA nga addaan sibubukel a militansya tapno ipaganetget ti bileg ti kolektibo a pigsa ti umili ken ipalagip nga aginggana ita, agtultuloy latta iti pannakilaban para iti nailian a wayawaya ken demokrasya.

Apagserrek ti 2024, sinaplitan dagiti konsyumer ti nagsasaruno a panagnгато iti presyo ti langis. Dakkel met ti epekto na daytoy kadagiti mannalon nga agar-aramat iti makinarya ken kadagiti produkto a petrolyo. Nangruna ita a marikna la unay ti epekto ti tikag. Gapu iti nakirang a serbisyo ti irigasyon ket agus-usar latta dagiti mannalon ti water pump tapno mapasayakan ti taltalon, nga itatta ket narikrikut ken ad-adayon ti panagalaan ti danum gapu ta maab-abbatanen dagiti waig.

Ti Cagayan Valley ti maysa kadagiti 41 probinsya iti intero a pagilian nga apektado ti El Niño. Awan dadanagan dagiti lokal nga ahensya ti gobyerno iti agbalin tu nga epekto na, saan laeng kadagiti mannalon nu di ketdi iti sibubukel nga ekonomya. Sa dan tu lang manen agkuti ken agkakarai buso nu kapatur tun ti tikag nga uray tattao ket masdo payen!

Iti intero a pagilian, ti rehiyon ti maikadua a mangibingbingay iti kabuklan a produksyon ti irik (3.03 milyon MT) ken umuna iti produksyon iti mais iti tawen 2023, segun iti Philippine Statistics Authority. Matmatayen dagiti dinguen gapu iti bayrus ken nakaro a bara na, kasta met a makmaksiten dagiti mula ngem nagpatingga laeng iti information dissemination ti National Irrigation Administration (NIA) nu kasano kano nga aginut ti danum. Ania pay ti inuten nu awan la ngaruden?

Iti nabiiit a pablaak a mangaramid ti small-water impounding kadagiti dadduma nga ili ti Cagayan ket pakakitaan a tatta laeng nakalagip dagiti ahensya ken pangilasinan nga awan ti naan-anay ken nasayaat a serbisyo iti irigasyon nga accessible kadagiti mannalon. Imbes a komprehensibo ken estratehiko a pagpanunotan ken addangan ti epekto ti dandani tinawen a tikag, cash-for-work met ti awis ti DSWD kadagiti mannalon a maksitan wenno matayan ti mula.

Kas gagangay, importasyon manen ti pagsanggiran ti gobyerno imbes koma a papigsaen ken suportaran ti lokal a produksyon. Ita a kapigsa pay laeng agdawa ti pagay, balitok ti presyo ti irik. Ngem sierto nga intunu kapigsa apit ket dawaten dan tu laeng ti produkto.

Pambar ti gobyerno, isu kano a nangina ti bagas ta nangina ti irik. Ngem awan pay napuotan dagiti mannalon a limmaka ti bagas. Ti nailansa a kari ni Marcos Jr a ₱20 kada kilo ket nagbalin a ₱20 iti tersia! Iti tawen 2023, bagas ti kadakkelan ti tantos iti implasyon a 19.6%, kadakkelan manipud 2009 bayat a ti presyo ti irik ket nailansa iti ₱17-



₱22 laeng iti kapada a tawen, kalpasan magagara ti nagsasaruno a bagyo. Adayo a nababbaba latta daytoy ngem iti presyo sakbay ti Rice Liberalization Law.

Iti kasinumbangir na daytoy a panagsagaba, kumakarkaro met ti militarisasyon iti kaawayan ken pananglipit kadagiti lider-mannalon. Kasla agballa nga aso ni Marcos Jr ken ti 5th ID nga mangiwarwaragawag nga “awanen ti NPA,” “naparmeken ti NPA,” “awanen ti kabaelan a lumaban ti NPA” ngem nu apay agtultuloy latta ti panagindeg da kadagiti barbaryo ken masansan latta ti saywar tapno “gibusan ti insurhensiya?” Laksid iti maibulsa a pondo ken kikbak manipud kadagiti proyekto ti SBDP-Elcac, aggagatel ti militar ken dagiti lokal a burukrata nga ideklara nga “insurgency-free” dagiti probinsya ken ili tapno awisen dagiti ganggannaet a kompanya ti minas a sumrek ken karasan dagiti mabatbati a kinabaknang iti rehiyon.

Kadaytoy laeng Enero ket tallo a mangmanged iti kaunasan ken kameng ti unyon ti pinaruar a surenderi ken supporter kano ti CPP-NPA tapno ikalintegangan ti panangparmek iti unyon da a mangiruprupir a maingato ti sueldo da ken paababaen ti oras ti panagubra. Maguyguyod met dagiti Pilipino, nangruna dagiti umili iti Cagayan Valley iti umadani a gerra iti nagbaetan ti US ken China nangruna ta ti Cagayan ti naitangkaran iti Taiwan. Karkaro manen ta umirteng ti presensya militar idiyay Mavulis Island, Batanaes, tallo ti EDCA site iti rehiyon ken tinawen a pangirusrusuatan ti Balikatan war games. Ita pay

laeng ket nagagara iti aerial bombing iti kaawayan, dagiti bangkag ken kabambantayan, nakarkaro manen nu pagbalinen a launching pad dagiti tropa ken ramit-militar ti US.

Nasken nga ipalagip a sibibiag latta ti pakinakem nga inpatawid ti Panagrukkuas nga EDSA. Gapu iti sangsangkamaysa a pigsa ti umili, naiduron ti pannakabukel ken naaddaan ti nailian ken demokratiko nga arkus na ti Konstitusyon 1987. Ngem gapu iti naindasigan a kagagalad ti estado, naaramat, narikusan latta ken agdadata a lablabsingen daytoy ti agturturay a dasig tapno naan-anay a tenglen ti pang-ekonomya ken pampulitika a bileg, agturay ti pulitikal a dinastiya, palubusan ti kontrol ken dominasyon ti ganggannaet a kapitalista ken ikkan ti ekstra-teritoryal a karbengan dagiti Amerikano bayat nga ad-adda a parigaten ti umili a Pilipino ken lipiten dagiti demokratiko a karbengan da.

Maysa laeng ti nalawag iti sango na amin dagitoy — inggana agtaltalinaed ti malakolonyal ken malapyudal a sistema, awan ti manamna ti umili a Pilipino a panagrang-ay iti panagbiag ken panagdur-as iti kabiagan. Ti ipampambar ti chacha a “panagdur-as” ket panagdur-as laeng dagiti ganggannaet, dadakkel a burgesya komprador ken apo’t daga bayat nga aglaylayon met a panagmiraut dagiti mangmanged, mannalon ken dadduma pay a demokratiko a sektor.

Magun-oden laeng ti pudno a hustisya, demokrasya ken nailian a wayawaya babaen iti panagiggem iti armas ken panagiwayat ti

demokratiko a rebolusyon ti umili, a kangrunaan na ket gubat ti mannalon. Daytoy ti pudno nga inisyatiba ti umili tapno mangisayangkat ti agraryo a rebolusyon — panagkumpiskar kadagiti dagdaga dagiti despotiko nga apo't daga ken libre nga iwaras dagitoy kadagiti awanan wenno kurang ti daga a suksukayen, panangipababa inggana mapunas ti abang ti daga, panangipababa ti interes iti pautang, maipangato ti tangdan, ken maingato ti produksyon.

Iti unos ti nasurok lima dekada, napaneknekan ti pakasaritaan a ti New People's Army ti pudno a hukbo ti umili. Isuda ti kangrunaan a mangitantandudo ti kalikagum ken pagimbagan ti marigrigat, kasta met ti mangisalsalagnib kadagiti biag ken pagbiagan ti umili. Rumbeng laeng a paaduen ken papigsaen ti NPA, kasta met ti nairut a suporta ken panagkaykaysa ti hukbo ken ti umili. Ta nu awan ti NPA, awan aniaman na ti masa.

Mannalon, lumaok iti gubat ti umili! Sumampa iti NPA!

## **59th IB PA, AFP at Marcos II: Basurero, Latak ng Kasaysayan**

Pebrero 27, 2024

**Gregorio Caraig, Spokesperson  
NPA-Batangas (Eduardo Dagli Command)**

Walang tigil ang kakapalabas ng 59th IB PA at ng 201st ID PA-AFP ng mga post at pahayag sa midya hinggil sa diumano ay panibagong mga sumukong NPA.

Lagi't laging ginagawang katawa-tawa ng mga berdegong ito ang kanilang sarili sa kasasabing iilan na lang ang natitirang NPA sa Batangas pero maya't maya naman nilang sinasabi na may sumuko na namang NPA. Aba, ay wala talagang kaubos-ubos ang NPA sa Batangas!

Walang ipinag-iba sa basurero ang desperasyon ng 59th IBPA at ng AFP na i-recycle ultimo mga taong pinapalabas nilang sumuko. Bukod sa pananakot at panggigipit nila sa karaniwang sibilyan at mga dating NPA o minsang sumampa sa NPA na matagal na panahon nang namumuhay bilang sibilyan, napapagmukhang marami ng desperadong 59th IB PA at AFP ang mga diumano'y napapasuko nito sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagpapatawag at pag-litrato sa mga dati na rin namang indibidwal na kada palit nalang yata ng presidente ay pinapalabas na sumukong NPA! Nagiging palasak na tuloy na biruan ng mga karaniwang masa sa mga komunidad ang kunwari ay magpanggap din na NPA na susuko kapag namumroblema na sila sa pambili ng bigas.

Dagdag pa, bukod sa nire-resiklong NPA surrenderees, pati mga ipinapalabas na gamit militar na nahukay ay nire-recycle din ng 59th IB PA. Kung makakapagsalita lang siguro ang mga bomba, granada, baril at bala, siguradong hihingi na sila ng mas mataas na talent fee sa kaiilang ulit nang exposure nila sa media.

Ginawa nang raket ng 59th IB PA, ni Teneza at ng AFP ang mga kunwaring suko at mga sibilyan na sapilitang pinasuko gayundin ang mga diumano'y

gamit militar na paulit-ulit na lang ding hinuhukay para makubra nila ang bilyun-bilyong pisong maanumalyang pondo na inilalaan ng guberno para sa NTF-ELCAC at sa walang katuturang programa nitong E-CLIP. Dagdag pa sa kanilang palabas ang pag-iipon nila ng mga ex-NPA na naging mga kontra-rebolusyonaryong taksil sa kabiguang makapagpanibagong hubog at bunsod ng labis na pagkapit sa pansariling interes. Sa huli, wala nang ipinag-iba sa laos na sitcom ang mga pakulong ito ng 59th IB PA at ng AFP.

Tuwang-tuwa rin ang 59th IBPA at ang AFP sa animo'y koleksyon nila ng mga kontra-rebolusyonaryong taksil sa loob ng kanilang mga kampo pero ang totoo'y kapwa lang nila niloloko ang isa't isa—ang mga ex-NPA na kapag di na pakikinabangan ng AFP ay kaagad din nilang ididispatsa at ang AFP na siya pa kaya ang tapat na pagsilbihan ng mga kontra-rebolusyonaryong taksil na ito kung nagawa nga nilang talikuran at ipagkanulo ang sariling uring pinagmulan at ang masang labis na nagmahal at nagtiwala sa kanila ng walang pasubali? Kung mayroon mang pagkakapareho ang AFP at ang mga kontra-rebolusyonaryong taksil na ito, kapwa sila sagad sa kaibuturan ang itim ng budhi at kawalang pakialam sa hinagpis at rebolusyonaryong adhikain ng masang anakpawis.

Pero ang totoo, nakakahiya ikumpara maski sa basurero ang 59th IB PA at ang AFP. Dahil ang basurero, matiyagang nagbabatak ng buto para kahit paano ay kumita sa gitna ng kapit sa patalim na kondisyon ng pamumuhay. Hindi katulad ng

59th IBPA at ng AFP na namumulot at nagre-resiklo ng mga basurang kasinungalingan para lamang maging gatasan ng kanilang pansariling interes.

Sa muling paggunita ng buong sambayanang Pilipino sa maniningning na kasaysayan ng EDSA People Power, kung saan ang nagkakaisang mamamayan ay tumindig at sama-samang nag-alsa laban sa pasismo at diktadura, lalong tumitingkad ang puwestuhan ng mga berdugong instrumento ng estado tulad ng AFP-PNP at ng reaksyunaryong estado bilang mga latak ng kasaysayan. Ang walang kaparis na pagpapahirap at karahasang inihasik ng diktadurang Marcos mula 1972 hanggang 1986 ang kumalos sa huling hibla ng pagtitiis ng sambayanang Pilipino na bumulwak sa pag-aalsang EDSA at nagpahinog sa ibayong pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang panig ng bansa.

Sa muling pagkaluklok ng isa na namang Marcos—animo'y nag-rewind lamang ang kasaysayan at muling nanumbalik sa mata ng sambayanang Pilipino ang lagim at bangungot ng diktadura at maka-dayuhang patakaran ng naunang Marcos sa Malakanyang—ang nepotismo o pamamayagpag ng mga kamag-anak at personal na kaibigan ng mga Marcos sa iba't ibang posisyon sa guberno, ang garapalang kurapsyon at maluluhong byahe at pamumuhay ng first family, ang panikluhod sa imperyalistang US bilang masugid na tuta nito, at ang walang kaparis na pampulitikang panunupil at paglabag sa karapatang tao sa pamamagitan ngayon ng pagwasiwas sa Anti-Terror Law at

paggamit sa mga bang-aw na aso ng NTF-ELCAC na sumasalasa sa buhay at karapatang sibil ng mamamayan.

Pero habang masugid na tinatahak ng ilehitimong rehimeng Marcos II at ng kanyang mga aso sa AFP-PNP ang kaparehong pagkakamali na ginawa ng naunang Marcos sa kasaysayan, lalo lamang nilang pinapabilis ang kanilang paghukay sa sariling libingan at pinahihinog ang galit at alimpuyo ng binubusabos at sinusupil na mamamayan na siyang ganap na maglulugmok sa kanila sa basurahan ng kasaysayan. Sa EDSA man o hindi sa EDSA, sa lahat ng larangan ng paglaban, mula kanayunan hanggang kalunsuran, ang kapangyarihan ng sambayanang lumalaban at naghihimagsik ang mapagpasya!###

## **62nd IB Nagpakuno-kuno nga mga NPA sa Central Negros**

Pebrero 27, 2024

**JB Regalado, Spokesperson  
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan  
Command)**

Mabaskog nga ginakondenar sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang pakana sang 16 ka tropa sang berdugong 62nd IB nga nagpakuno-kuno nga mga katapo sang NPA agud mangilkil kag mangayo sang pagkaon sa mga pobre nga mangunguma sa mga sityo sang Amumuyong, Kambairan kag Banderahan tanan sang Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental sadtong Pebrero

26-27. Pilit nga ginpangsaka-saka ang mga kabalayan sa tion sang kagab-ihon tubtob kaagahon kadungan sa pag-imbestigar sa mga kababainhan kon diin na ang ila mga bana kag kabataan nga lalaki. Nagtuga ini sang kahadlok sa mga magagmay nga kabataan upod sa ila mga iloy sang puluy-an sa nasambit nga lugar.

Suno pa sa panayasad sang LPC-NPA, sa Sityo Mang-angkaw, Barangay Sikatuna, Isabela, Negros Occidental halos duha man ka adlaw nga ginapangsaka-saka ang mga kabalayan sang mga inosenteng mangunguma kag pilit nga ginateniran sang pasistang 62nd IB ang ila mga panimalay sadtong Pebrero 24-25, sa pihak sang ila pagpamalabag.

Samtang sa mga barangay sang Yubo kag Araal, La Carlota City, Negros Occidental, pilit nga ginapatawag ang mga pumuluyo nga magtambong sa mga pulong-pulong nga ginalunsar sang manugpatalang nga mga katapo sang 62nd IB. Ini ang nagaperwisyo sa mga mangunguma sa pagpangita sang ila palangabuhian kag pagpanguma.

Subong man sa La Castellana, Negros Occidental, masobra na sa duha ka semana nga ginatublag sang berdugong 62nd IB ang kalinong nga katulugon sang mga mangunguma sa mga sityo sang Mercedes, Tres Elis, Gomez, barangay proper tanan sang Barangay Sag-ang; mga sityo sang Kandalaba kag Taytay-bato sakop sang Barangay Cabacungan; mga sityo sang Mandayao Dos, Mandayao Tres, kag Montinola sang Barangay Mansalanao, kag mga sityo sang



Mandayao Kwatro, Ilongga kag barangay proper sang Barangay Kamandag kag Sityo Polonia sang Barangay Manghanoy.

Sa pihak nga bahin, may mga check-point nga ginmuntar ang pasistang militar sa Crossing Cambagting, Crossing Asay kag Sityo Paktay sakop tanan sang Brgy Cabacungan, La Castellana, Negros Occidental gikan pa sadtong Pebrero 23, 2024. Tubtob karun padayon pa ang nasambit nga check-point nga nagadisturbo sa normal nga paghulag sang mga pumuluyo sang La Castellana kag kasikbit nga mga banwa kag syudad kaangay sang Canlaon sa Negros Oriental kag mga sakop sang Negros Occidental pareho sang Magallon, Isabela, Pontevedra, La Carlota kag iban pa.

Makahuluya nga pasulit-sulit ang deklarasyon sang Armed Forces of the Philippines (AFP) sa isla nga “dismantol” na ang lima ka mga larangan gerilya apang wala-untat ang pagdeploy sang binatasyon nga pwera militar sa mga kaumhan sang Negros diin padayon sila nga nagabayolar sang tawhanon nga kinamatarung batok sa pumuluyo bunga sang masingki nga militarisasyon.

Nagakahulugan nga paslaw kag desperado ang AFP, PNP kag NTF-Elcac sa ginalunsar sini nga kontra-insurhensiya sa isla idalum sa US-Marcos Jr kasugpon sadto sa kampanya militar sang US-Duterte nga rehimen. Maathag nga wala sang basehan ang pagpaidalom sa Negros sa SIPS (Stable Internal Peace and Security) nga

ginarekomendar sang 3ID-Philippine Army paagi kay M/Gen. Marion Sison.

## **Pinakamataas na pagpupugay at Pulang saludo kay Kadua Daloy, martir ng rebolusyong Pilipino!**

Pebrero 27, 2024

### **CPP Cagayan Provincial Committee**

“Ang katapangan hanggang sa huling hininga ang bumubuhay sa isang martir, higit pa sa kanyang kamatayan.”

Naghihinagpis ang buong rebolusyonaryong pwersa, mga kasama, mga kaibigan, mga magsasaka at pambansang minorya sa pagpanaw ng isang tapat at tunay na komunista. Malaking kawalan sa buong rebolusyonaryong lakas ang pagkawala ni Kasamang Gerald Lerio Paredog o mas kilala ng masa bilang Ka Andres o Ka Daloy. Iginagawad ng Komiteng Probinsya ng Cagayan ang pinakamataas na pagpupugay at pinakamatikas na Pulang saludo sa kanyang naging dakilang buhay at kabayanihan at sa kanyang mga di-matatawarang ambag sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan sa Cagayan, lalo na sa pinakakrusyal na mga panahon.

Nasawi si Ka Daloy sa isang labanan sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan at mga tropa ng 502nd IBde noong tanghali ng Pebrero 23, 2024 sa Sityo Laoc, Barangay Pateng, Gonzaga, Cagayan.

Mula sa kaibuturan ng aming puso, lubos kaming nakikiramay sa kanyang naiwang pamilya, anak, mga kaibigan at kamag-anak.

Mukha ng kasigasigan ng kabataan

Nagmula sa uring malaproletaryado si Ka Daloy. Tubong Samar ang kanilang pamilya bago namalagi sa NCR. Aktibista ang kanyang mga magulang at mga kapatid. Sa pamumuhay sa lungsod, maaga siyang namulat sa kahirapan at pagsasamantala. Kaya nang mamulat, ipinaglalaban at isinusulong ng mga tulad niya ang pambansang industriyalisasyon na magbibigay ng disenteng trabaho para sa lahat, magwawakas sa kontraktwalisasyon at pagkakaroon ng nakabubuhay na sahod. Sa loob ng organisasyon, aktibo at masigasig siya sa pagpapatupad ng mga gawain. Disyembre 2016 nang dumalo sa anibersaryo ng BHB ang kanilang grupo. Sa pagkakatong ito, nagpasya siyang makipamuhay sa hukbo at kalaunan nga'y nagpahayag na magpultaym.

Dahil may mga pulitiko-militar na mga pag-aaral at pagsasanay, agad na naarmasan ng kaalaman at kasanayan si Ka Daloy sa mga unang taon niya pa lang sa hukbo. Nahasa siya bilang kombant medik at palaging nasasama sa mga aksyong militar. Kasama siya ng hukbo at Partido sa pagwawasto ng konserbatismong militar noong 2017 at isa sa mga aktwal na naglunsad ng serye ng mga taktikal na opensiba. Kabilang dito ang pagpaparusa sa despotikong panginoong maylupa at mga proyektong mapandambong na sumisira sa

kalikasan at pumapatay sa kabuhayan ng mamamayan.

Isa sa mga unang pangyayari ang pagkarelis ng kanilang tim para sa isang atritibong aksyon kung saan natamaan ang kanilang gayd. Kalmado niyang nilapatan ng paunang-lunas ang kasama at ligtas na nai-atras. Mataas ang kumpyansa ng mga kasama sa kanya kahit sa mga dependensibang labanan. Hindi lang iisang kasama ang kanyang ginamot at matiyagang binuhat, pasan sa kanyang balik at o sa likod, sa mahabang lakaran at maniobra upang makaiwas sa kubkob ng kaaway. Maging siya man mismo ay natamaan sa paa noong nakaraang taon, hindi ito naging hadlang sa kanya upang magpatuloy.

Huwarang kabataang kadre

Hindi lang sa mga labanan mahusay si Ka Daloy. Malaki ang kanyang naging papel sa pagbrektru at pagsasanay sa mga lokal na pwera noong lumarga ang mga lokal na yunit gerilya ng mga lokal na komiteng seksyon. Sa mga panahong ito na may relatibong tagal ng panahon silang nakadetats sa main body, komprehensibo silang nagkasa ng mga gawaing pang-ideolohiya, pampulitika, pang-organisasyon at pangmilitar. Binalikan nila ang mga naiwang erya, nakapagpalawak, nakapaglunsad ng aksyong militar, nagbigay ng BKP at nakapagpalawak ng kasapian at nagkapaglunsad ng kilusang anti-pyudal.

Tumagos ang pagmumulat at gawaing masa ni Ka Daloy sa kanyang pamilya. Sa kagustuhang higit

pang palalimin ang paggagap nila sa paglulunsad ng digmang bayan, mapangahas niyang pinag-integrate sa hukbo at sa gawaing pulitiko-militar ang ilan sa kanyang pamilya. Walang pag-aalinlangan, sa pakat man ng ambus o maniobra sa pag-iwas sa kaaway, kasama niya sila sa mga pagkakataong ito. Parehong sigla at optimismo rin ang makikita sa kanya sa paghikayat niya sa kanyang dating mga kakolektibo na makipamuhay sa hukbo.

Bilang kabataang kadre na puno ng mga bagong ideya, bukas na nagbabahagi at nakikipagtalastasan sa mga pagpupulong si Ka Daloy. Marami siyang mauunlad na ideya sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga plano. Sa mga pagpupulong din na ito naipupunto at naiwawasto ang kanyang mga kalakasan, kahinaan at mga maling pananaw at mga katangian at pag-iisip na bahid ng kanyang uring pinagmulan. Ito ang nagpapanday sa kanya bilang proletaryado. Isa rin siya sa mga pinakahuling nakapagtapos ng Abanteng Kurso ng Partido (AKP) gayundin ng Batayang Kurso Pulitiko-Militar (BKPM) at Basic Medical Training (BMTr).

Kahanga-hanga rin ang angking sipag ni Ka Daloy. Sa kanyang tungkulin man bilang medik o iskwad lider, maging sa mga gawaing manwal a teknikal. 'Mapangnamnamaan' ika nga sa Ilokano. Sa ilang panahong kinaharap ng yunit ang matinding blokeyo sa pagkain, siya ang isa sa mga laging maaasahan para sa pagkomando at paghakot ng suplay. Mulat din siya sa gawaing produksyon, nakahimpil man o nasa masa, lagi siyang may

tanim na ipinupunla para sa mga susunod na pangangailangan.

### Hukbong pampropaganda at pangkultura

Maraming baong kwento at palabiro din si Ka Daloy. Hindi mauubusan ng topiko sa mga kumpulan, sa hukbo man o sa hanay ng masa, bagay na nagpalapit sa kanya sa kanila. Maliban sa mapagkasama, madaling matandaan ng masa si Ka Daloy dahil sa sigla niya sa gawaing propaganda at kultural. Bagamat may limitasyon sa lenggwahe, matiyaga at masipag siyang nagpopropaganda sa masa at nagbibigay ng mga oryentasyon at pag-aaral sa kanila. Dahil sa katangiang ito, hindi lamang mga suliraning pulitikal ng masa ang nasusolusyonan o naihapag, maging ang mga personal na problema o di kaya'y hidwaan sa pagitan ng mga mamamayan.

Ang ganitong talas sa mga dinaramdam at saloobin ay naging malaking tulong din sa pagpapanatili ng malusog na pagkakaisa at demokrasya sa loob ng hukbo. Kadalasan, mga bagong pultaym ang naitatalagang kabadi niya. Matiyaga niya itong pinapaliwanagan, pinapalalim ang kamulatan, ginagabayan sa buhay sa hukbo at nag-oobjectify sa kanilang mga iniisip.

Kinagigiliwan din siya ng mga masa sa kanyang kasigasigan sa gawaing kultural. Ipinapasulat niya ang mga kantang gusto niyang ikabisa o matutunan. Mahilig siyang kumanta ng kantang Iloko. At sa panahon ng mga kahirapan, ang pag-awit ng mga rebolusyonaryong kanta ang isa sa

mga nagpapalakas sa kanya. Maging sa pag-arte ay wala siyang inuurungan, basta't para sa masa.

Napanday sa pakikibaka

Maraming pagsubok ang hinarap at napangibabawan ni Ka Daloy sa loob ng pitong taon niyang pagkilos sa kanayunan. Marami rin siyang mga kontradiksyon sa sarili na nilutas at sa proseso ay nagpanday sa kanya bilang isang matatag at huwarang kabataan na kadre ng Partido at Pulang mandirigma. Sa mga panahon din ng kanyang pagkilos ay kinaharap at naranasan niya ang matitinding sakripisyo at kahirapan. Sa panahon ng mga panlulumo, lagi't lagi niyang binabalikan ang diwa ng buong pusong paglilingkod sa sambayanan. Hindi naapula ang apoy sa kanyang damdamin sa tuwing binabalikan niya ang kalagayan ng mga mamamayan, kabilang ang kanyang pamilya, sa kalunsuran man o sa kanayunan, na patuloy na nakararanas ng inhustiya at pang-aapi.

Kayat ganoon na lamang ang galit sa kanya ng kaaway dahil sa kabila ng mabangis na teroristang paninibasib sa ilalim ng dating rehimeng US-Duterte, hanggang sa pagpapatuloy at pagsahol ng kalagayan sa ilalim ng rehimeng US-Marcos Jr ay hindi siya sumuko. Bagkus, mas humigpit ang pagtangan niya sa kanyang armas, hanggang sa huli niyang hininga. Kaya anu't ano pa man ang pagtatangka ng kaaway na dungisan ang kanyang pangalan at naging buhay, bigo pa rin sila. Takot sila sa mga katulad ni Ka Daloy na pinanday ng tibay at bakal na kapasyahan.

Kulang ang mga salitang maglalarawan sa kung papaanong sa kabila ng matinding gutom, hirap at pagpapakasakit, hanggang sa dulo ay hindi bumitaw si Ka Daloy. Kulang sapagkat higit pa sa mga salita at letra ang buhay at kamatayang pakikibaka upang isulong at itayo ang lipunang tunay na may hustisya, kalayaan at demokrasya. At tulad ng kanyang paboritong kanta, pamalagiang paalala na “sa bawat pagwasak may kaayusan tayong lilikhain, buhay mong alay sa masa sa akin alay mo na rin, bukas ay paparating ilang tulog na lang bayan ay gising na, bilangin ang pagpanaw na magsisilang ng pag-asa.”

Kailanman ay hindi malilimutan ng sambayanang Pilipino, lalo na ng mga magsasaka at pambansang minoritya ng Cagayan at masang anakpawis, si Kadua Daloy, komunista at Pulang mandirigma, at ang kanyang mga naging ambag sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan sa Pilipinas.

Mabuhay ang buhay at pakikibaka ni Ka Daloy!  
Mabuhay ang kanyang mga alaala! Mabuhay ang pambansa-demokratikong rebolusyon!

## **Ka Jandy, an epitome of a woman revolutionary fighting for justice and social liberation**

Pebrero 28, 2024

**Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan-Negros Island**



The Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA)-Negros pays tribute to Emarie “Ka Jandy” Pastidio who gave her life for the struggle for justice and social liberation. Her life as a woman revolutionary gives inspiration to us all and nurtures our determination to carry forward the people’s democratic revolution. Ka Jandy was martyred, together with Joshua ‘Ka Jorge’ Sultan, while facing enemy troops in Sitio Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City, Negros Occidental on February 21, 2024.

MAKIBAKA-Negros grieves with the families and friends of Ka Jandy and Ka Jorge, most of all, Ka Peeta, Ka Jandy’s husband and comrade-in-arms, and Baby Marx Cairo, her son, and the revolutionary forces and masses of Northern Negros.

We demand justice, as well, for Tatay Jose Caramihan, an ordinary farmer who was planting rice during the armed encounter. He suffered the brutality of the 79th Infantry Battalion of the Philippine Army (79IBPA) when he was butchered and presented afterwards by the military as a casualty of the New People’s Army (NPA), along with Ka Jandy and Ka Jorge.

Revolutionary women in Negros would like to highlight Ka Jandy’s life that was full of struggles for a young woman. She did not just suffer under a fascist patriarchal system, but up to her death, she is being exploited by the Philippine Army for monetary rewards, promotion and empty accolades.

Ka Jandy was captured twice and experienced all sorts of torture at the hands of the fascist military.

In 2018, Ka Jandy was organizing a cultural group in the hinterlands of San Carlos City, Negros Occidental when 79th IB soldiers raided the house where she was resting in with her fellow organizer. Both of them were dragged out and made to drop face down on an anthill before bringing them to the 79th IBPA Headquarters, where they experienced more mental torture during interrogation. Both Ka Jandy and her companion were eventually freed after public pressure.

Her experience under illegal detention and torture by the reactionary state was the turning point for Ka Jandy. From a cultural youth group organizer, she became a young woman fighter of the NPA. As a Red fighter, she contributed much and more to the armed struggle to the best of her abilities. Her comrades in the NPA unit she belonged to acknowledged her great contribution in guerrilla zone expansion work.

On January 13, 2021, in Talisay City, Negros Occidental, while Ka Jandy was on maternity leave, she again suffered at the hands of the 79th IB for a second time. She evaded a raid by armed soldiers of the 79th IB on the house where she was recovering and taking care of 2-month old Baby Marx Cairo Salino, but she was eventually captured. She experienced torture, specifically cigarette burns all over her body, and was repeatedly raped by 79th IB soldiers. For days,

she was fighting for her life, determined to see her baby again.

On the 10th day of her incarceration, Ka Jandy was able to escape the enemy camp and was rescued by her comrades. However, Baby Marx, whom she left with a family for his welfare, was reported as a 'recovery' by the raiding enemy troops and remains a hostage of the Philippine government to lure his parents into capitulation.

Until now, after three years, despite numerous efforts, Baby Marx' grandparents strive to bring him home but they are facing bureaucratic hindrances put in place by the reactionary government's NTF-Elcac. They are also being targeted by fascist reactionary state forces to pressure their son, Baby Marx's father, to surrender. Ultimately, Ka Jandy died without seeing her baby boy again.

Even after her death, the fascist Philippine Army is maligning Ka Jandy's life and legacy in their black propaganda. They spread lies and intrigues to tarnish the memory of Ka Jandy and the revolution she stood for. Yet, they will of course fail.

On International Women's Day this March 8, let Ka Jandy's story of a revolutionary woman and mother advancing the liberation of women in this macho society and struggling to end of all forms of abuse generated by the ruling system, spur a new wave of women to participate in the revolutionary armed movement. The MAKIBAKA-Negros also continues to demand the immediate and safe

return of Baby Marx to his family. We vehemently condemn the reactionary state for violating international humanitarian law, specifically the special protection for infants, children, and pregnant women.

We call on peace and human rights advocates all over the world, as well as women's organizations, to support the campaign for Baby Marx Cairo Salino's release to his family. The Marcos Jr regime must be made accountable for the war crime of keeping Baby Marx and, other infants and children in similar circumstances, hostage.

Long live Ka Jandy! Long live women Red fighters!  
Long live the people's democratic revolution!

## **Problema sa lupa ng magsasaka sa Hacienda Roxas, hindi kailanman nilutas ng reaksyunaryong estado**

Pebrero 28, 2024

**Gliceria Marella Rosal, Spokesperson  
NDF-Batangas**

Taliwas sa pahayag ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa lumabas na artikulong 'Batangas Farmers Land Dispute Resolved' sa pahayagang The Manila Times noong ika-19 ng Pebrero, walang kalutasan at sa halip ay lalo pang pinasahol ang pangangamkam ng lupa sa bayan ng Nasugbu, partikular sa mga magsasaka ng Hacienda Roxas ng ganid na sabwatang Roxas-DAR at reaksyunaryong korte.

Labis-labis nang pagkabusabos ang dinaranas ng masang magsasaka sa kamay ng isa sa pinakamalaking panginoong maylupa at burgesya kumprador sa bansa, ang pamilya at angkan ni Don Pedro Roxas. Sa kasaysayan ng Kanlurang Batangas, ang halos kabuuan ng mga lupain mula Nasugbu, Calatagan, Balayan at Lian ay nakopo ng pamilya Roxas mula sa panahon ng kolonyalismong Espanyol at paghaharing Amerikano na nagpatupad ng matinding pangangamkam ng lupa at pambubusabos sa hanay ng masang magsasaka at manggagawang bukid. Sa loob ng daan-daang taon, ang monopolyo sa lupa at industriya ng asukal sa lalawigan ang higit na nagpayaman at nagpalakas ng kapangyarihan ng pamilyang Roxas habang isinadlak sa walang kaparis na kahirapan at pagkabusabos ang masang magsasaka at manggagawang bukid sa lalawigan.

Sa nakaraang tatlong dekada, pinaasa, nilinlang at ginisa sa sariling mantika ng sabwatang Roxas at reaksyunaryong guberno ang masang magsasaka sa humigit kumulang 7,000 ektaryang saklaw ng Hacienda Roxas sa Nasugbu.

Bilang pagtatangkang apulain ang apoy ng digmang magsasakang inilulunsad sa kanayunan, ipinatupad ng reaksyunaryong rehimeng Cory Aquino noong 1987 ang huwad na repormang agraryo, ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa halip na libreng pamamahagi ng lupa na siyang tunay na kahilingan ng masang magsasaka. Sa ilalim ng CARP, pinaasa ang mga magsasaka ng Hacienda Roxas na ganap nang

mapapasakanila ang lupa sa pamamagitan ng CLOA (Certificate of Land Ownership Award). Pero hindi pa halos nananamnam ng magsasaka ang ilusyong ito, walang pag-aaksaya ng panahong kaagad na gumawa ng samu't saring maniobra ang pamilya Roxas upang muling mabawi sa magsasaka ang lupa.

Taong 1993, kaparehong taon na nai-isyu ang CLOA sa mga magsasaka, kaagad na nag-apela ang Roxas Company Incorporated (RCI) ng exemption sa pagsaklaw ng CARP sa kanyang kinamkam na mga lupain, at hiningi sa reaksyunaryong gubyrerno na kanselahin ang mga CLOA na ipinamahagi nito sa mga magsasaka. Ginamit ng RCI ang lahat ng butas sa mga probisyon mismo ng bogus na CARP ng gubyrerno upang mapagsilbi sa kanyang ganid na interes na muling marekonsentra sa kanya ang lupa.

Sa 3 asyendang bumubuo ng Hacienda Roxas— ang Hacienda Carmen, Hacienda Banilad at Hacienda Palico, humigit kumulang 3000 ektarya ang sinaklaw ng CARP at ipinangako ng gubyrerno na mapapasakamay ng masang magsasaka.

Mula 1993 hanggang 2022, nahulog ang magsasaka sa bitag ng pakikibakang ligal sa reaksyunaryong korte na pinasahol pa ng mga dilawang lider magsasaka sa pangunguna ng mag-asawang Roy at Nitz Mahinay. Bilang dilawang lider magsasaka, inilulong ni Roy Mahinay sa ekonomismo at repormismo ang pakikibaka ng magsasaka ng Hacienda Roxas habang si Atty. Nitz Mahinay naman ang pumosturang kinatawan ng pakikibaka sa korte ng mga magsasaka ngunit

kalaunan ay naglantad din ng sarili bilang instrumento ng reaksyunaryong estado at panginoong maylupa sa sabwatang DAR-Roxas.

Lingid sa kaalaman ng masang magsasaka, habang pinapaasa sila ng mag-asawang Mahinay na nagtatagumpay sila sa labanang ligal, tuluyan na pala nitong ibinenta at isinuko ang laban nang pumasok ito sa compromise agreement sa DAR at Roxas noong 2023 na ganap na nagbalewala sa mga naunang itinakbo ng laban sa korte at nagbigay kapangyarihan sa DAR upang diumano ay ganap na tuldukan ang tunggalian sa lupa sa pagitan ng Roxas at mga magsasaka.

Sa pinal na kautusang inilabas ng DAR noong Enero 27, 2024, isinasaad nito ang diumano'y pantay o 50-50 na hatian sa 2,941 ektaryang lupa sa pagitan ng Roxas at mga magsasaka, pero bago hatiin ay aalisin muna ang 297 ektaryang nauna nang pinagpasyahan ng Korte Suprema pabor sa Roxas, kung kaya't 1322 ektarya na lamang ang matitira para sa humigit kumulang 30,000 magsasaka ng Hacienda Roxas.

Ang problema, ang buong 2,941 ektarya na dinesisyunan ng Korte Suprema at DAR ay kasalukuyan nang pinupusisyunan at binubungkal ng libu-libong magsasaka ng Hacienda Roxas sa bisa ng kanilang pinanghahawakang mga CLOA. Iubunsod ng ganitong kautusan ng DAR ang pagpapalayas sa mga magsasaka mula sa kanilang lupang sakahan at panirahan habang halos katiting na parsela na lamang ang matitira sa kanila na sa mas masahol pa ay nasa pabundok at hindi produktibong bahagi ng lupain. Iluluwal nito

ang pagkawala ng pangunahing kabuhayang inaasahan ng masang magsasaka sa Hacienda Roxas. Sa tusong hakbangin na ito ng DAR, matapos nitong kanselahin ang mga umiiral pang CLOA ng mga magsasaka, lilikhain nito ang pagkahahati-hati sa hanay ng mga magsasaka mismo sa kanyang pakana na muling pagre-reisyu ng mga bagong CLOA sa matutukoy na benepisyaryo kung saan tiyak na mas marami ang mawawala sa listahan at mapapalayas sa kasalukuyan nilang pinupusisyanan.

Ang kasalukuyang sitwasyon na kinakaharap ng mga magsasaka ng Hacienda Roxas ang ganap na kabalintunaan sa ipinamamaraling mga programa ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II kaugnay sa reporma sa lupa. Kamakailan lang, ipinagmamalaki ni Marcos ang kanyang ipinasang batas na diumano ay magbubura sa utang ng mga magsasaka sa kanilang amortisasyon sa CLOA, iyon pala naman ay sadyang wala nang babayaranang utang sa CLOA ang mga magsasaka dahil binabawi na ng gubyerno ang kanilang mga CLOA upang muling irekonsentra ang lupa sa mga naghaharing uri! Sadyang kahabag-habag na kalagayan ang dinadanas ng masang magsasaka sa ilalim ng patuloy na nabubulok na sistemang mala-kolonyal at mala-pyudal ng lipunang Pilipino.

Ang pakikibaka at kalagayan ng magsasaka at mamamayan ng Hacienda Roxas ang ganap na larawan ng pagpapahirap ng tatlong salot ng lipunan—ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, malawakang inagaw



ang lupang binubungkal ng masang magsasaka sa Kanlurang Batangas hanggang sa mapasakamay ito ng mga Roxas na isa sa pinakamatapat na enkargado ng gubyernong Espanyol nang panahong iyon. Matapos mapalayas ang mga Espanyol, pinanatili ng imperyalistang Amerikano ang monopolyo sa lupa ng mga Roxas upang malawakan nitong matustusan ang pangangailangan ng Amerika at pandaigdigang merkado sa suplay ng asukal na nililikha ng Central Azucarera de Don Pedro, Inc. (CADPI) mula sa malalawak na tubuhan na binungkal at ipinatrabaho sa masang anakpawis. Kasabwat ang mga nakaluklok sa estado poder, napanatili ng mga Roxas ang kanilang monopolyo sa lupa at ibayong napalago ang kanilang kayamanan mula sa todong pagpiga sa lakas-paggawa ng masang magsasaka, manggagawang bukid sa tubuhan at ng mga manggagawa sa loob mismo ng asukarera. Ang daantaong kahirapang dinaranas ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa Nasugbu ang nagbunsod sa maraming anak ng mga bayang ito na tumahak sa landas ng armadong rebolusyon bilang tanging solusyon sa monopolyo ng mga panginoong maylupa tulad ng mga Roxas sa malalawak na lupain sa lalawigan.

Sa gitna ng ganitong kalagayan, hindi dapat magpakasapat ang masang magsasaka ng Hacienda Roxas sa panibago na namang sirkus ng labanan sa reaksyunaryong korte at mga ahensya ng estado upang igiit at ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa. Panahon nang matuto ang masang magsasaka ng Hacienda Roxas mula sa kanilang mapait na karanasan kung paano sila

pinaikot-ikot at pinaglaruan lamang ng sabwatang estado at Roxas at ng mga dilawang lider at abugadong pinagkatiwalaan at tinangkilik nila. Panahon na upang buong-buong tahakin ng masang magsasaka ng Hacienda Roxas ang landas ng demokratikong rebolusyong bayan bilang tanging solusyon sa daan-taong kaapihan at kawalan ng lupa sa kamay ng ganid at mapagsamantalang reaksyunaryong estado at iilang naghaharing uri sa lipunan. Ngayon higit kailanman ang tamang panahon upang isanib ng libu-libong magsasaka ng Hacienda Roxas ang kanilang lakas sa pagkamit sa rebolusyonaryong adhikain ng rebolusyonaryong mamamayan ng Batangas, itaguyod at isulong ang matagalang digmang bayan hanggang tagumpay. Sa ganito lamang ganap na makakamit ng masang magsasaka ang katuparan ng pinakaaasam na tunay at ganap na reporma sa lupa, kaalinsabay ng pambansang industriyalisasyon sa ilalim ng sosyalistang lipunan na ating itatayo sa pagtatagumpay ng digmang bayan.

Magsasaka ng Hacienda Roxas, isulong ang demokratikong rebolusyong bayan, kamtin ang tunay na reporma sa lupa!

Singilin at pagbayarin ang inutil, anti-magsasaka at ilehitimong rehimeng US-Marcos II!

Lumahok sa digmang bayan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!###

## **Follow Hannah Cesista's revolutionary spirit!**

Pebrero 29, 2024

### **Kabataang Makabayan-South Central Negros**

Kabataang Makabayan-South Central Negros vehemently condemns the merciless killing of Domingo Compoc, Hannah Jay Cesista, Parlito Historia, Marlon Omosura, and Alberto Sancho or collectively known as Bilar 5. Contrary to the narrative fabricated by the 47th IB and PNP Bohol, the Bilar 5 was not killed in an encounter between the New People's Army (NPA) and AFP and PNP forces in Sitio Matin-ao 2, Barangay Campagao, Bilar, Bohol last February 23, 2024.

The repressive state machinery was sunk in humiliation by repeatedly exposing itself as "fake news peddler." With clear evidence, it was revealed that the Bilar 5 was captured by the 47th IB and its accomplice, PNP Bohol. Accordingly, the Bilar 5 should have been considered as prisoners of war (POW). To make things worse, instead of granting them the rights accorded in the Geneva Convention, they had experienced physical and psychological torture at the hands of the merciless enemy.

Tracing the history of the AFP's deeds, this is not the first time that the institution resorted to massacre and other brutal forms of attempting to cripple the revolutionary movement and silencing the masses who speak and stand for the truth. This has been their modus operandi since time

immemorial. In South Central Negros, similar bloody incidents have occurred such as killing of the Quillano couple, the Binalbagan 4 massacre, the salvaging of farmer Jose Gonzalez, the torture and murder of AGC-NPA spokesperson Ka Juanito Magbanua (Romeo Nanta), and the massacre of the Fausto family (including two minors).

In their desperation, the AFP as an institution has worsened its tainted integrity and maintained its reputation as “protector” and “lapdog” of the ruling class of big landlords, big comprador bourgeoisie, and their imperialist master.

More so, the KM - South Central Negros raises its fist to pay the highest tribute to the Bilar 5. Among the martyrs is Hannah Jay “Ka Maya” Cesista, a lawyer who eventually embraced armed struggle as a means of forwarding the national democratic revolution with a socialist perspective. Due to her comprehensive grasp of the objective conditions of the country and empathy toward the exploited masses, Ka Maya, as a revolutionary youth, took a resolute step of leaving her comfortable life to fully immerse with the masses.

Hannah Cesista left a fiery path full of revolutionary spirit for the next generation of youth to follow. With this, we highly urge the Filipino youth to study the social ills of the country, take a critical stand on it, be organized, and eventually join the highest form of struggle. Join the NPA!

# **Napapanahon upang muling ipamalas ng masang Pilipino ang paglaban at pagpapabagsak sa papet, diktador at korap na rehimeng US-Marcos Jr**

Pebrero 29, 2024

## **Carlito Cada, Spokesperson NPA-Camarines Norte (Armando Catapia Command)**

Ang pagdiriwang sa pag-aalsang EDSA noong Pebrero 25, 1986 ay pag-papaalala sa kasalukuyang henerasyon sa ipinamalas na kapangyarihan ng milyun-milyong masang Pilipino sa pagpapabagsak sa bulok at papet na estado. Ito rin ay ipinagdiriwang ng lahat ng Pilipino na nagmamahal sa kalayaan at tunay na demokrasya bilang araw ng paglaban at pagpapatalsik sa diktadurang Marcos Sr. Gayunman, dapat maging hamon ito sa mamamayang Pilipino na muling buhayin ang lakas at kapangyarihan ng lahat ng inaapi at pinagsasamantalang uri sa bansa upang ibagsak ang kasalukuyang ilehitimo, papet, korap at pahirap na rehimeng US-Marcos Jr.

Iniluwal ng pag-aalsang EDSA ang mga kondisyon ng labis-labis na sosyo-ekonomikong krisis ng bansa at ang malaganap na pasismo ng diktadura sa hanay ng mamamayan.

Patunay nito sa prubinsya ang libu-libong biktima na tinortyur, hinuli, dinukot at sapilitang winala. Pinakamatingkad dito ang Daet Massacre noong 1981 at Magtibay Massacre noong 1983. Kasabay ng hayup na pagturing noon ng diktadurang

Marcos Sr sa mga taga-CamNorte ay ang pag-gapos sa kabuhayan ng mamamayan. Ang mga magsasaka ay iginapos sa nakamamatay at mala-alipin na sahod, habang walang halaga ang mga nalilikha nitong produkto. Marami rin noon ang napilitang umalis na magsasaka sa bundok at napabayaang ang kanilang kabuhayan dahil sa tindi ng pasismong iwinawasiwas ng diktadura. Kaya hindi matatanggap ng pobrang Pilipino lalung-lalo na ng masang CamNortehño na tawaging “Golden Era o Ginintuang Panahon” ang panahon ng Marcos.

Para sa mga taga-Camarines Norte, mas eksaktong isalarawan ang panahon ng pamilyang Marcos bilang “Madugong Panahon”.

Walang pinagkaiba ang kalagayan ng lipunang Pilipino ngayon sa panahon ng diktadurang Marcos Sr. Kopyang-kopya ni Marcos Jr ang anti-mahihirap na pamamalakad ng kanyang ama. Pinipilit ni BBM na isulong ang Cha-Cha upang tuwirang ibalik ang sistema sa panahon ni Marcos Sr. Gawing sementado ang “malayang kalakalan” sa pagitan ng mga dayuhan at ang pagpapalawig sa termino ng pangulo upang katulad ng kanyang ama ay magpakasasa sa paghakot ng limpak-limpak na pera sa pamamagitan ng “kick back” at sosyo sa mga dayuhang kapitalista na hayuk sa salapi.

Napapanahon upang muling ipamalas ng milyun-milyong mamamayan ang labis na pagkadisgusto nito sa rehimeng US-Marcos Jr. Dapat ubos-kayang kumilos at ihayag ng bawat Pilipino ang kanilang abang kalagayan sa pamamagitan ng

pagkakaisa at sama-samang pagmartsa sa mga sentrong lansangan.

Kasabay nito, ipinaaabot ng Armando Catapia Command-BHB Camarines Norte na laging bukas ang malawak na kabundukan ng prubinsya para sa mga mabubuting anak ng bayan na naghahangad ng tunay na kalayaan at demokrasya.

Isulong ang Digmang Bayan! Lumahok sa Armadong Pakikibaka!